
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • ABRIL 2016

# Liahona



## Paano Isinalin ang mga Banal na Kasulatan? p. 20

**Pagkilala sa Ating Bagong Apostol, Elder Ronald A. Rasband, p. 12**

**Mga senior Couple: Tinawag na Maglingkod, p. 26**

**Kapag Nahirapan ang mga Lalaki sa Pornograpiya, Kailangan Ding Mapagaling ang Kanilang Asawa, p. 34**

**Matutong Tumugtog ng Isang Himno sa Loob ng 10 Minuto, p. 54**



*"Ganito ang wika ng Panginoon, ihahambing kita, O sambahayan ni Israel, tulad sa isang likas na punong olibo, na itinanim at inalagaan ng isang lalaki sa kanyang olibohan; . . .*

*". . . At pinagpala kayo; sapagkat naging masigasig kayo sa paggawa na kasama ko sa aking olibohan, at sinunod ang aking mga kautusan, at naibalik muli sa akin ang likas na bunga, na hindi na nangabubulok ang aking olibohan, at itinapon ang masasama, masdan, magkakaroon kayo ng kagalakan kasama ko dahil sa bunga ng aking olibohan."*

**Jacob 5:3, 75**

Ang mga olibo, na nilinang nang husto sa lahat ng bansa ng Mediterranea, ay may mahabang kasaysayan sa banal na kasulatan, mula sa kalapating nagdala ng dahon ng olibo kay Noe, hanggang sa pagtuturo ng Tagapagligtas sa Bundok ng mga Olibo, hanggang sa alegorya ni Jacob tungkol sa mga puno ng olibo.

# Liahona, Abril 2016



4

## MGA MENSAHE


**4** **Mensahe ng Unang Panguluhan: Propesiya at Personal na Paghahayag**
Ni Pangulong Henry B. Eyring

**7** **Mensahe sa Visiting Teaching: Mga Anak na Babae ng Ating Amang Walang Hanggan**


## TAMPOK NA MGA ARTIKULO


**12** **Elder Ronald A. Rasband: Matalinong Pinuno, Debotong Ama**
Ni Elder M. Russell Ballard
*Isang mapagmahal na asawa at ama, lumago ang mga kasanayan ni Elder Rasband sa pamumuno sa pagdaan ng mga taon ng pagtuturo mula sa magagaling na negosyante at lider ng priesthood.*

**18** ***Siya* ang Bishop?**
Ni Patrick J. Cronin III
*Naunawaan ko kung bakit hindi siya makapaniwala na bishop na ako ngayon. Tatlumpung taon na ang nakararaan at ibang-iba ang pagkatao ko.*

**20** **Pagsasalin ng Banal na Kasulatan: Sa Wika ng Ating Puso**
Ni R. Val Johnson
*Ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan sa sarili nating wika ay parang espirituwal na pag-uwi.*

**26** **Mga Senior Moment ng mga Senior Missionary**
Ni Pangulong Russell M. Nelson
*Ipagdasal sana ninyo ang oportunidad na ito na magkasamang lumikha ng magagandang senior missionary moment.*

**28** **Mga Senior Missionary: Kailangan, Pinagpala, at Minamahal**
Ni Richard M. Romney
*Nalaman ng mga mag-asawa na mas madaling umakma, hindi magastos, at mas masaya ang pagmimisyon kaysa iniisip nila.*

**34** **Kapag Pumasok ang Pornograpiya sa Tahanan—Kailangang Kapwa Mapagaling ang Mag-asawa**
Hindi ibinigay ang pangalan
*Ibinahagi ng isang bishop kung paano niya tinutulungan hindi lamang ang mga lalaking nahihirapan sa pornograpiya kundi maging ang kanilang asawa, na kailangan ding mapagaling ng Tagapagligtas.*

**38** **Mga Bantay sa Tore**
*Pagyamanin ang iyong pag-unawa tungkol sa mga propeta sa pamamagitan ng pag-alam kung paano sila katulad ng mga bantay sa tore.*


## MGA BAHAGI


**8** **Mga Pagninilay: May Katuturan Ba ang mga Tagubilin?**
Ni Ruth Silver

**9** **Paglilingkod sa Simbahan: Salamat sa Paglilingkod Mo**
Hindi ibinigay ang pangalan

**10** **Mga Klasikong Ebanghelyo: Ang Priesthood: Isang Matibay na Angkla**
Ni Elder L. Tom Perry


**40** **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

**80** **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Paghahangad ng mga Espirituwal na Kaloob**
Ni Pangulong George Q. Cannon



**SA PABALAT**
Pabalat sa harapan at panloob na pabalat sa likod: Mga larawang kuha ni Les Nilsson. Panloob na pabalat sa harap: Larawang kuha © RayTango/Thinkstock.

## MGA YOUNG ADULT



48


44 **Pagkilala sa mga Panghuhuwad ni Satanas**
Ni Dennis C. Gaunt
*Sa paghahanap ng mga pagkakaiba ng mga kasinungalingan ni Satanas sa mga turo ni Cristo sa halip na mga pagkakatulad, makikilala natin ang mga panghuhuwad ni Satanas.*

48 **Mga Young Adult Profile: Pagpapahalaga sa mga Pagpapala sa Madagascar**
Ni Mindy Anne Selu
*Sa kabila ng pagtira sa isang bansang maraming paghihirap, nadarama ni Solofo Ravelojaona na puno ng mga pagpapala ang kanyang buhay.*




***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Para masunod ang clue na ito, sundin ang propeta.***

## MGA KABATAAN


50 **Espirituwal na Katatagan: Paggawa ng Isang Barkong Hindi Kayang Palubugin**
Ni Elder Dale G. Renlund
*Tulad ng isang barko na kailangang buuin nang buong ingat para maging matatag, magiging matatag ang ating buhay sa apat na alituntuning ito.*

54 **Matutong Tumugtog ng Isang Himno sa Loob ng 10 Minuto!**
Ni Daniel Carter

57 **Nangako Akong Tumigil**
Ni Gretchen Blackburn
*Gagawin ko ang lahat para makatigil sa pagtugtog ng piyano, kaya nang sabihin ng mga magulang ko na maaari akong tumigil kung matuto ako ng 50 himno, nagsimula ako.*

58 **Pagkabigla, Kalungkutan, at Plano ng Diyos**
Ni Paola Çajupi
*Sa pag-alaala tungkol sa pinakamalungkot na karanasan sa buhay ko, alam ko na ngayon na buong oras kong kasama ang Ama sa Langit.*

60 **Kahit Mahiyain Ka**
Ni Elder José A. Teixeira
*Magtiwala sa Panginoon, at pagpapalain Niya ang mga pagsisikap mong ibahagi ang ebanghelyo.*

62 **Ang Bahaging para sa Atin**

63 **Poster: Maganda Ba?**

64 **Mga Tanong at mga Sagot**
*Pinagtatawanan ako sa paaralan dahil LDS ako. Alam kong kailangan kong manindigan sa paniniwala ko, pero napakahirap! Paano ako magkakaroon ng sapat na tapang?*




57

## MGA BATA



76


66 **Mga Sagot mula sa Isang Apostol: Ano ang ginagawa ng mga Apostol?**
Ni Elder David A. Bednar

67 **Kapayapaan sa Puso Ko**
Ni Carol F. McConkie
*Nang makita ko ang propeta at marinig siyang magsalita, nakadama ako ng kapayapaan.*

68 **Patotoo ni Ethan**
Ni Larry Hiller
*Tila lahat ay may patotoo maliban kay Ethan.*

70 **Piso para sa Ama sa Langit**
Ni Angela Peña Dahle
*Wala na kaming pera, naisip ni Ana, "Ano ang kakainin namin bukas?"*

72 **Pagsunod sa mga Propeta at Apostol**
Ni Jenna Koford
*Paano mo masusunod ang propeta sa buwang ito?*

74 **Mga Bayani sa Aklat ni Mormon: Nagsisi si Alma**

75 **Kaya Kong Basahin ang Aklat ni Mormon**

76 **Mga Kuwento sa Aklat ni Mormon: Bininyagan ni Alma ang Maraming Tao**

79 **Pahinang Kukulayan: Ang Sabbath ay Isang Espesyal na Araw**

**ABRIL 2016 TOMO 19 BLG. 4**
**LIAHONA 13284 893**

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund

**Patnugot:** Joseph W. Sitati
**Assistant Editors:** James B. Martino, Carol F. McConkie
**Mga Tagapayo:** Brian K. Ashton, Randall K. Bennett, Craig A. Cardon, Cheryl A. Esplin, Christoffel Golden, Douglas D. Holmes, Larry R. Lawrence, Carole M. Stephens

**Namamahalang Direktor:** David T. Warner
**Direktor ng Operations:** Vincent A. Vaughn
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr
**Publications Assistant:** Megan VerHoef
**Writing at Editing Team:** Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jill Hacking, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Anne Selu, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie M. Bentley, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Katie Duncan, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Stephen R. Christiansen

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2016 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:** April 2016 Vol. 19 No. 4. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

# Mga Ideya para sa Family Home Evening

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang isang halimbawa.*



**"Kahit Mahiyain Ka,"** pahina 60: Magagamit ninyo ang inyong family home evening para ibahagi ang ebanghelyo! Talakayin sa pamilya ang mga takot na nagpapahirap sa inyo na ibahagi ang ebanghelyo. Maaari kayong manalangin bilang pamilya na tulungan kayo ng Panginoon na maging tiwala sa pagbabahagi ng ebanghelyo at saka ninyo ipagdasal kung sino ang maaanyayahan ninyo sa family home evening. Isiping anyayahan ang bawat miyembro ng pamilya na magpatotoo sa oras sa lesson. Maaari ninyong piliing magturo ng isang lesson tungkol sa Panunumbalik o plano ng kaligtasan. Isiping itala ang inyong karanasan at damdamin sa inyong journal.


## MARAMI PANG IBA ONLINE

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa *languages.lds.org*. Bisitahin ang **facebook.com/liahona.magazine** (makukuha sa Ingles, Portuges, at Espanyol) para makahanap ng mga mensaheng nagbibigay-inspirasyon, mga ideya sa family home evening, at materyal na maibabahagi mo sa iyong mga kaibigan at pamilya.

### MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Aklat ni Mormon,*** *43, 44*
***Araw ng Sabbath,*** *79*
***Banal na kasulatan, mga,*** *20*
***Binyag,*** *75, 76*
***Calling, Tungkulin, mga,*** *18*
***Dalamhati,*** *58*
***Espiritu Santo,*** *44, 50*
***Espirituwal na kaloob, mga,*** *80*
***Gawaing misyonero,*** *26, 28, 60*
***Ikapu,*** *62, 70*
***Jesucristo,*** *20, 34, 43, 58*
***Kapatawaran, Pagpapatawad,*** *34*
***Kapayapaan,*** *50, 67*
***Katapatan,*** *62*
***Kautusan, mga,*** *8, 72*
***Likas na kabanalan,*** *7*
***Musika,*** *54, 57*
***Pagbabalik-loob,*** *43, 58, 75, 76*
***Pagbabayad-sala,*** *34*
***Paghahayag,*** *4, 10, 20, 41, 42, 50, 70, 72*
***Pagkadisipulo,*** *12, 26*
***Paglilingkod,*** *9, 26, 28, 41*
***Pagmamahal, Pag-ibig,*** *40*
***Pagpapaaktibo,*** *18*
***Pagsisisi,*** *18, 74*
***Pagsunod,*** *8, 34, 62, 72*
***Pagtuturo,*** *75*
***Panalangin,*** *41, 64*
***Pananampalataya,*** *34, 48, 58, 60*
***Panghuhuwad, mga,*** *44, 63*
***Patotoo,*** *64, 68*
***Pornograpiya,*** *34*
***Propeta at Apostol, mga,*** *10, 12, 66, 67, 72*
***Talento, mga,*** *40, 54*
***Tapang, Lakas-ng-loob,*** *48, 64*
***Visiting teaching,*** *9*



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Propesiya at Personal na Paghahayag

Ang tunay na Simbahan ni Jesucristo ay naipanumbalik at nasa lupa ngayon. Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw noon pa man ay pinamumunuan na ng mga buhay na propeta at apostol, na tumatanggap ng palagiang patnubay ng langit.

Ang banal na huwarang ito ay totoo rin noong unang panahon. Nalaman natin sa Biblia: "Tunay na ang Panginoong Dios ay walang gagawin, kundi kaniyang ihahayag ang kaniyang lihim sa kaniyang mga lingkod na mga propeta" (Amos 3:7).

Muling nangusap ang Diyos sa ating panahon, sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Inihayag niya sa pamamagitan ni Propetang Joseph ang ebanghelyo ni Jesucristo sa kabuuan nito. Ipinanumbalik Niya ang Kanyang banal na priesthood kasama ang mga susi nito at lahat ng karapatan, kapangyarihan, at gawain ng sagradong kapangyarihan ng priesthood.

Sa ating panahon, ang mga buhay na propeta at apostol ay may karapatang magsalita, magturo, at mamahala nang may awtoridad mula sa Diyos Ama at sa Panginoong Jesucristo. Sinabi ng Panginoon sa Propeta: "Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko, at hindi ko binibigyang-katwiran ang aking sarili; at bagaman ang kalangitan at ang lupa ay lilipas, ang aking salita ay hindi lilipas, kundi matutupad na lahat, maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).

Sa pangkalahatang kumperensya, na dalawang beses sa isang taon, mapalad tayong magkaroon ng pagkakataong marinig ang salita ng Panginoon para sa atin mula sa Kanyang mga lingkod. Isang pribilehiyo ito na walang kapantay ang halaga. Ngunit ang kahalagahan ng gayong pagkakataon ay depende sa pagtanggap natin sa mga salita sa ilalim ng impluwensya ng Espiritu ring iyon na naging daan para maibigay ito sa mga lingkod na iyon (tingnan sa D at T 50:19–22). Tulad ng pagtanggap nila ng patnubay mula sa langit, gayon din natin kailangang tanggapin ito. At kailangang magkaroon din tayo ng espirituwal na pagsisikap.

### "Gawin Mo ang Homework Mo"

Maraming taon na ang nakalipas hiniling ng isa sa mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol na basahin ko ang isang mensaheng inihahanda niya para sa pangkalahatang kumperensya. Bagong miyembro lang ako noon ng korum. Karangalan ko na nagtiwala siyang makakatulong ako sa paghahanap ng mga salitang nais ng Panginoon na sabihin niya. Sabi niya sa akin na nakangiti, "Ah, ika-22 draft na ito ng mensahe."

Naalala ko ang payong ibinigay sa akin ng mapagmahal at mabait na si Pangulong Harold B. Lee (1899–1973) bago iyon na may pagbibigay-diin: "Hal, kung gusto mong makatanggap ng paghahayag, gawin mo ang homework mo."

Binasa, pinag-isipan, at ipinagdasal ko ang ika-22 draft na iyon. Pinag-aralan ko iyong mabuti sa ilalim ng impluwensya ng Espiritu Santo. Nang ibigay na ng miyembrong iyon ng korum ang kanyang mensahe, nagawa ko na ang homework ko. Hindi ko tiyak kung nakatulong nga ako, pero alam ko na nagbago ako nang marinig ko ang mensahe. Ang mga mensaheng narinig ko ay higit pa sa mga salitang nabasa ko at binigkas niya. Mas nagkaroon ng



kahulugan ang mga salita kaysa sa mga nabasa ko sa draft. At para sa akin yata ang mensahe, parang akma ito sa pangangailangan ko.

Ang mga lingkod ng Diyos ay nag-aayuno at nagdarasal para matanggap ang mensaheng laan Niya para ibigay nila sa mga taong nangangailangan ng paghahayag at inspirasyon. Ang natutuhan ko mula sa karanasang iyon, at sa marami pang katulad nito, ay na para makinabang nang husto mula sa pakikinig sa mga buhay na propeta at apostol, kailangan nating pagsumikapan mismong tumanggap ng paghahayag.

Mahal ng Panginoon ang lahat ng tao na maaaring makinig sa Kanyang mensahe, at alam Niya ang nilalaman ng puso at stiwasyon ng bawat isa. Alam niya kung anong pagtutuwid, panghihikayat, at katotohanan ng ebanghelyo ang pinakamainam na makatutulong sa bawat tao para piliin ang kanyang landas tungo sa buhay na walang hanggan.

Kung minsan iniisip nating mga nakikinig at nanonood sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya pagkatapos nito, "Ano ang pinaka-naaalala ko?" Inaasam ng Panginoon na ang isasagot ng bawat isa sa atin ay: "Hinding-hindi ko malilimutan ang sandali na nadama ko ang tinig ng Espiritu sa aking puso't isipan na nagsasabi sa akin kung ano ang magagawa ko para masiyahan ang aking Ama sa Langit at ang Tagapagligtas."

Maaari nating matanggap ang personal na paghahayag na iyon kapag nakinig tayo sa mga propeta at apostol at nagsikap tayo nang may pananampalataya na matanggap ito, tulad ng sabi ni Pangulong Lee na kaya natin. Alam kong totoo ito dahil naranasan ko na ito at pinatotohanan ito ng Espiritu. ■

LARAWANG KUHA SA HELSINKI, FINLAND, NI KUKKA FRISTROM

## PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Isiping basahin nang malakas ang kuwento ni Pangulong Eyring tungkol sa pag-aaral sa draft ng mensahe sa kumperensya ng miyembro ng kanyang korum. Maitatanong ninyo, "Ano ang kailangang gawin para makatanggap ng paghahayag?" Matapos kayong magtalakayan, maaari ninyong anyayahan ang mga binibisita ninyo na pagbulayan at ipatupad ang isang plano upang matanggap ang mga mensahe ng darating na pangkalahatang kumperensya "sa ilalim ng impluwensya ng Espiritu ring iyon na naging daan para maibigay ito sa mga lingkod [ng Diyos]."

## MGA KABATAAN



PAGLALARAWANG GINAMITAN NG MODELO

### Nangusap sa Akin ang Ama sa Langit sa pamamagitan ng Isang Mensahe sa Kumperensya

Ni Anne Laleska Alves de Souza

Nag-aalinlangan ako noon kung ano ang dapat kong pag-aralan sa unibersidad. Hindi maganda ang sinasabi ng marami tungkol sa kursong gustong kong kunin, kaya nanalangin ako sa Panginoon para malaman kung sang-ayon Siya sa desisyon ko.

Dumating ang sagot kinabukasan habang binabasa ko ang isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya sa *Liahona*. Pakiramdam ko'y sinasabi noon sa akin ng Ama sa Langit na hindi Siya maaaring magpasiya para sa akin—ito ay isang desisyon na kailangan kong gawing mag-isa. Alam ko na anuman ang ipasiya ko, kailangan kong magsikap nang husto para magtagumpay.


Alam ko na sinagot ang aking dalangin. Ang pagpapatibay ng Espiritu Santo ay nakatulong sa akin na gumawa ng desisyon. Natutuhan kong ibigay ang lahat ng kaya ko at nalaman ko na tutulungan ako ng Ama sa Langit.

*Ang awtor ay naninirahan sa Sergipe, Brazil.*

## MGA BATA

### Sundin ang Propeta

Ang mga propeta at apostol ay nagsasalita para sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Tinuturuan nila tayo kung paano sundin si Jesus. Sundin ang mga landas para makarating sa ilan sa mga bagay na ipinagagawa sa atin ng mga propeta at apostol.



PAGLALARAWAN NI VAL CHADWICK BAGLEY

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi. Paano mapag-iibayo ng pag-unawa sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" ang inyong pananampalataya sa Diyos at pagpapalain ang mga pinangangalagaan ninyo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa iba pang impormasyon, magpunta sa reliefsociety.lds.org.*

# Mga Anak na Babae ng Ating Amang Walang Hanggan



Itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan na "tayo ay lahi ng Dios" (Ang Mga Gawa 17:29). Tinukoy ng Diyos si Emma Smith, asawa ni Propetang Joseph Smith, na "aking anak" (D at T 25:1). Itinuturo sa atin ng pagpapahayag tungkol sa pamilya na bawat isa sa atin ay "minamahal na espiritung . . . anak na babae ng mga magulang sa langit."[1]

"Sa buhay [bago pa ang buhay sa mundo], nalaman natin ang tungkol sa ating walang-hanggang pagkakakilanlan bilang babae," sabi ni Carole M. Stephens, unang tagapayo sa Relief Society general presidency.

"Hindi binago ng ating paglalakbay sa buhay sa lupa ang mga katotohanang iyon."[2]

"Alam ng inyong Ama sa Langit ang inyong pangalan at batid ang inyong kalagayan," sabi ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol. "Naririnig Niya ang inyong mga panalangin. Nalalaman Niya ang inyong mga inaasam at pangarap, pati na ang inyong mga kinatatakutan at kabiguan."[3]

"Kabilang at kailangan tayo sa pamilya ng Diyos," sabi ni Sister Stephens. "Magkakaiba ang mga pamilya sa lupa. At bagama't ginagawa natin ang lahat para bumuo ng matatag na tradisyonal na pamilya, ang pagiging miyembro ng pamilya ng Diyos ay hindi batay sa anumang uri ng status o kalagayan sa buhay—may asawa man o wala, may anak o wala, mayaman o mahirap, kilala man o hindi sa lipunan, o kahit na ang status na ipino-post natin sa social media."[4]

### *Karagdagang mga Banal na Kasulatan*

Jeremias 1:5; Mga Taga Roma 8:16; Doktrina at mga Tipan 76:23–24

### *Isipin Ito*

Paano nakakaapekto sa mga desisyon ninyo ang kaalaman na kayo ay anak ng Diyos?

**MGA TALA**

1. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
2. Carole M. Stephens, "Ang Pamilya ay sa Diyos," *Liahona,* Mayo 2015, 11.
3. Jeffrey R. Holland, "Sa mga Kabataang Babae," *Liahona,* Nob. 2005, 28.
4. Carole M. Stephens, "Ang Pamilya ay sa Diyos," 11.
5. Tingnan sa Gospel Topics, "First Vision Accounts," topics.lds.org.

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

### *Mula sa Ating Kasaysayan*

Sa kanyang salaysay tungkol sa Unang Pangitain,[5] pinatotohanan ni Propetang Joseph Smith ang maraming katotohanan—kabilang na ang katotohanan na alam ng ating Ama sa Langit ang ating pangalan.

Nahirapang malaman ng batang si Joseph kung aling simbahan ang sasapian at natagpuan niya ang patnubay sa Santiago 1:5. Ipinasiya ni Joseph na magtanong sa Diyos.

Isang umaga ng tagsibol noong 1820, nagtungo siya sa kakahuyan para magdasal ngunit agad siyang sinunggaban ng isang madilim na kapangyarihan. Ganito ang isinulat niya:

"Sa sandaling ito ng labis na pangamba, ako ay nakakita ng isang haligi ng liwanag na tamang-tama sa tapat ng aking ulo, higit pa sa liwanag ng araw, na dahan-dahang bumaba hanggang sa ito ay pumalibot sa akin.

"Hindi pa natatagalan nang ito'y lumitaw na natuklasan kong naligtas na ang aking sarili mula sa kaaway na gumapos sa akin. Nang tumuon sa akin ang liwanag, nakakita ako ng dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, nakatayo sa hangin sa itaas ko. Ang isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan, at nagsabi, itinuturo ang isa—*Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!*" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:16–17).

# MAY KATUTURAN BA ANG MGA TAGUBILIN?

**Ni Ruth Silver**

*Isang biyahe sakay ng bisikleta ang nakakumbinsi sa akin na palaging tingnan ang mapa ng buhay na bigay ng Panginoon.*

Ilang taon na ang nakararaan naglibot ako sa France sakay ng bisikleta kasama ang kapatid kong babae, ang hipag ko, at ang kanyang anak na babae. Tuwing umaga binibigyan kami ng tatlong pahina ng detalyadong mga tagubilin na gagabay sa amin, kung talagang susundin namin ito, papunta sa aming destinasyon sa araw na iyon. Habang dumaraan kami sa mga ubasan, maaari kaming matagubilinan na "maglakbay nang 165 talampakan (50 m) pahilaga, at saka kumaliwa at maglakbay nang 330 talampakan (100 m)." Mas madalas, ang mga tagubilin ay nagbibigay ng mga palatandaan at pangalan ng kalye.

Isang umaga nagbisikleta kami sa isang kaakit-akit na daan pero di-nagtagal ay natanto namin na hindi na akma ang mga tagubilin sa teritoryong iyon. Mabilis kaming naligaw, kaya nagpasiya kaming bumalik sa huling lugar na alam naming nasa tamang landas kami para tingnan kung saan kami dapat pumunta.

Tama nga, pagdating namin doon, nakita namin ang isang maliit na karatula, na binanggit sa mga tagubilin, na hindi namin nakita. Di-nagtagal nakabalik din kami sa tamang landas, na sumusulong sa pagsunod sa mga tagubilin, na muling nagkakaroon ng katuturan.

Ang karanasan ay nagsilbing isang metaporang sumagot sa mahirap kong tanong: Bakit pa mawawalan ng pananampalataya ang isang tao, samantalang may patotoo naman siya tungkol sa ebanghelyo? Naging malinaw sa akin na kapag nagkamali tayo ng liko (nagkasala) o hindi natin sinunod ang mga utos ng Diyos, nawawalan ng katuturan ang mga tagubilin (ang salita ng Diyos). Ang mapa, wika nga, ay hindi na akma sa teritoryong kinaroroonan natin. Kung hindi tayo gaanong napalayo ng lihis, maaari nating matanto na tayo ang nagkamali at kailangan tayong bumalik (magsisi) o muling mangakong mamuhay ayon sa utos ng Diyos kung saan alam natin na tama ang sinusundan nating landas.

Kadalasan kapag hindi na akma ang mga tagubilin sa ating kinaroroonan, pinagdududahan natin ang mga tagubilin. Sa halip na bumalik, sinisisi natin ang mga tagubilin at lubusan na natin itong tinatalikuran. Sa huli, kapag suko na tayo sa pagsisikap na marating ang ating destinasyon, naliligaw tayo, nagpapagala-gala sa mga landas na tila lubhang kaakit-akit, pansamantala, ngunit hindi tayo ihahantong sa dapat nating patunguhan.

Araw-araw may pagkakataon tayong mag-aral ng mga banal na kasulatan. At tuwing ikaanim na buwan, may pagkakataon tayong manood o makinig sa pangkalahatang kumperensya ng Simbahan. Hindi ba't ito ang mga panahon na masusuri natin ang ating mga mapa at matitiyak na naroon tayo sa dapat nating kalagyan? Minsan, habang nakikinig ako sa kumperensya, nadama ko na, bagaman hindi tayo perpekto, malalaman natin na nasa tamang landas tayo kung may katuturan ang mga tagubiling ito sa atin.

Tulad ng paghantong natin sa ating destinasyon sa buhay na ito kapag sumunod tayo sa tamang direksyon, masusuri natin ang landas na ating tinatahak sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan at pagsunod sa payo ng mga buhay na propeta at maiaakma natin ito kung kailangan upang makarating tayo, sa bandang huli, sa ating selestiyal na tahanan. ■

*Ang awtor, na nanirahan sa Colorado, USA, ay pumanaw noong nakaraang taon.*

PAGLALARAWAN NI TAIA MORLEY



# SALAMAT SA PAGLILINGKOD MO

**Hindi ibinigay ang pangalan**

*Halimbawa ka ng kababaihan, noon pa mang panahon ng Nauvoo, na naglingkod sa isa't isa sa pamamagitan ng mapagmahal at inspiradong visiting teaching.*




Hindi ko alam ang pangalan mo, edad mo, o anupamang tungkol sa iyo. Ang alam ko lang ay ikaw ang visiting teacher ni Joann, at buong puso kong pinasasalamatan ang iyong tapat na paglilingkod.

Alam ko na ang pagbisita sa isang di-gaanong aktibong babaeng kagaya ni Joann (binago ang pangalan), na manugang ko, ay hindi madali, lalo na't malamang na hindi niya kayo papasukin. Palagay ko ni ayaw niyang bumisita kayo sa umpisa. Pero sinabi sa akin ni Joann na naging tunay na kaibigan kayo sa kanya, na bumibisita sandali para kumustahin siya at tanggapin siya bilang siya.

Sa loob ng 19 na taon mula nang magpakasal si Joann sa anak ko, ito ang unang pagkakataon na nabanggit niyang may visiting teacher siya. Kamakailan lang ay sinabi niya sa akin kung gaano ka karegular bumisita at na napakamaalalahanin at napakabait mo. Sabi niya ilang beses mo raw siya natulungan noong maysakit siya at nag-alok ka pa nga raw na dalhin ang apo ko sa Young Women.

Sa nakaraang 10 taon, daang milya ang layo ng tirahan niya, ng anak ko, at ng pamilya nila mula sa amin. Ipinagdasal ko na mahalin at pagmalasakitan sila ng iba tulad ng ginagawa ko, at luhaan kong isinamo sa Ama sa Langit na tulungan sila ng iba tulad ng gagawin ko kung malapit lang ang tirahan nila. Sa ikinuwento ni Joann, ikaw ang sagot sa mga dalangin ko.

Kahit hindi sinusunod ni Joann at ng anak ko ang Word of Wisdom at hindi sila nagsisimba, mabubuting tao sila at mahal nila ang kanilang mga anak. Kahit paano'y hindi naimpluwensyahan ng paninigarilyo ni Joann ang pagtingin mo sa kanya. Hindi mo siya hinusgahan nang dahil sa hindi siya nagsisimba. Nakilala mo siya at nalaman mo na isa siyang mapagmahal na ina na gustong pagsimbahin at magtamo ng patotoo ang kanyang anak. At nang operahan si Joann, dinalhan mo siya ng hapunan sa halip na isipin kung siya ang may kasalanan kaya siya nagkasakit.


Nagpapasalamat ako na isa kang halimbawa sa apo ko. Mahahangaan ka niya bilang isang taong nagmamalasakit sa lahat at ginagawa ang lahat para magpakita ng mapagmahal na pag-aalala. Sinabi niya sa akin na isang araw na wala kang kotse, naglakad ka nang mahigit isang milya papunta sa bahay niya kasama ang maliliit mong anak para magdala ng cookies.

Sabi mo raw, "Naalala kita at ang nanay mo at gusto kong makagawa ng isang bagay na magpapasaya sa inyo—dahil lang doon."

Sana masabi ko sa iyo kung gaano ko pinasasalamatan ang katapatan mo sa iyong tungkulin bilang visiting teacher. Halimbawa ka ng kababaihan, noon pa mang panahon ng Nauvoo, na naglingkod sa isa't isa sa pamamagitan ng mapagmahal at inspiradong visiting teaching. Naipamalas mo ang paglilingkod at pagmamahal na iyan sa magiliw mong pagbisita sa di-gaanong aktibo kong manugang.

Salamat. ■

LARAWAN NG CARD NA MAY SOBRE © ISTOCK/THINKSTOCK



**Ni Elder L. Tom Perry (1922–2015)**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# ANG PRIESTHOOD: ISANG MATIBAY NA ANGKLA

*Ang artikulong ito ay inihanda ni Elder L. Tom Perry noong Mayo 28, 2015, dalawang araw bago siya pumanaw, upang ibahagi sa mga kabataang maytaglay ng priesthood.*

Ang pinakamatinding lakas ko sa buhay ay ang priesthood ng Diyos. Naniniwala ako na magiging matibay na angkla rin ito para sa inyo na mga kabataang lalaki. Ngunit para magkaroon ito ng bisa sa inyong buhay, kailangan ninyo itong maunawaan at gamitin.

## Maagang mga Karanasan sa Priesthood

Lumaki ako sa isang komportableng kapaligiran sa Logan, Utah. Wala akong problema sa pagkain o tirahan o pag-aaral noong bata pa ako. Ngunit marahil dahil madali ang buhay, kinailangan ko ng isang bagay na mapanghahawakan na magpapatatag sa akin.

Para sa akin ang angklang iyon ay ang priesthood ng Diyos. Kakaiba ang sitwasyon ko noong lumalaki ako. Ang tatay ko ay tinawag na maging bishop noong isang taong gulang ako, at siya ang bishop ko sa loob ng 19 na taon. Ang espirituwal na patnubay niya bilang ama ay napakalaking tulong sa akin.

Palagay ko iyan ang dahilan kaya ko inasam na matanggap ang Aaronic Priesthood noong ika-12 kaarawan ko. Naaalala ko ang espesyal na araw na nadama ko ang mga kamay ng aking ama sa aking ulunan habang inoorden niya ako. Pagkatapos niyon, sumulong ako sa mga katungkulan ng Aaronic Priesthood at tumanggap ng mga calling na lubos kong ikinagalak.

Ang pagpapasa ng sakramento ay napaka-espesyal sa akin. Nakikita ninyo ang mga tao na nangangakong sundin ang Panginoon at ang Kanyang mga utos nang makibahagi sila sa mga sagisag ng Kanyang katawan at dugo.

## Lumalawak sa Pag-unawa sa Priesthood

Nang lumaon, nagtapos ako ng high school, at pagkaraan ng isang taon sa kolehiyo, natawag akong magmisyon. Ikinagalak ko ang bawat minuto niyon at minahal ko ang mga kompanyon ko. May isa akong kompanyon na nagpalakas sa akin. Marami akong natutuhan sa kanya habang ginagampanan namin ang aming mga responsibilidad.

Dahil may digmaan sa bansa, pagbalik ko mula sa aking misyon ay sumapi ako sa United States Marine Corps. Makalipas ang digmaan, bumalik ako sa kolehiyo, nag-asawa, at nagsimula ng isang pamilya. Dahil sa iba't ibang trabahong pinasukan ko marami akong napuntahang lugar sa Estados unidos, kung saan marami akong natutuhan habang naglilingkod ako sa maraming calling sa priesthood. Sa huli ay napadpad ako sa Boston, Massachusetts, kung saan ako naglingkod bilang stake president. Doon ako tinawag na maging assistant sa Labindalawa at, pagkaraan ng 17 buwan, sa Korum ng Labindalawang Apostol naman.

## Mga Aral na Natutuhan Ko Bilang Apostol

Ano ang natutuhan ko bilang miyembro ng Korum ng Labindalawa?

Natutuhan ko na may isang gabay, isang angkla, at isang proteksyon sa priesthood.

Noon pa man ay may priesthood na. Bago pumarito si Adan sa lupa, may priesthood na siya. Nang kumalat ang mga inapo ni Adan na may priesthood, kinailangang iorganisa ang pangangasiwa sa priesthood. Ginawa iyon ng Panginoon nang pamunuin Niya si Abraham sa kanyang pamilya ng mga maytaglay ng





priesthood. Nagpatuloy ang organisasyong ito sa ilalim nina Isaac at Jacob, na ang pangalan kalaunan ay ginawang Israel.

Pagkaraan ng daan-daang taon, nabihag ang mga anak ni Israel. Isinugo ng Panginoon si Moises para palayain sila, ngunit nang gawin niya ito, napatunayang hindi sila handa bilang isang lahi para sa Melchizedek Priesthood. Kaya naiwan silang taglay ang Aaronic Priesthood hanggang sa dumating ang Tagapagligtas.

Nakakatuwang malaman ang unang ginawa ng Tagapagligtas nang simulan Niya ang Kanyang ministeryo. Inorganisa niya ang Melchizedek Priesthood. Tumawag Siya ng labindalawang Apostol at itinuro Niya sa kanila ang mga batas at kaayusan ng priesthood. Ginawa Niyang punong Apostol si Pedro, kaya nagkaroon ng linya ng awtoridad sa Kanyang Simbahan. Sa araw na iyon at ngayon, si Jesucristo ang pumipili ng Kanyang punong Apostol na mamumuno sa Simbahan, at ang Tagapagligtas ang pumapatnubay sa kanya sa mga tungkulin niya sa priesthood.

Kaya ang priesthood ay direkta ang linya mula sa ating Panginoon at Tagapagligtas sa pamamagitan ng punong Apostol papunta sa iba pang mga Apostol hanggang sa iba pang mga maytaglay ng priesthood sa Simbahan. Ang mga susi ng awtoridad ay ibinibigay sa mga Apostol, at hangga't nasa lupa ang mga susing iyon, gagabayan tayo ng Panginoon mismo. Ang banal na patnubay na ito ay pinoprotektahan tayo at tinitiyak sa atin na ang Simbahan ay hindi lilihis sa katotohanan. Hindi ito magbabago dahil hindi ito pinamamahalaan ng sinumang nilalang sa lupa. Ito ay pinamamahalaan ng Panginoon.

## Alamin ang mga Doktrina ng Priesthood

Ang pinakamagandang maipapayo ko sa inyong mga kabataang lalaki ay alamin ang mga doktrina ng priesthood, unawain ang kapangyarihang sumasainyo sa paggamit ng inyong priesthood, at alamin kung paano nito mapagpapala ang buhay ninyo at ng iba.

Ipinapangako ko na kung aalamin ninyo ang mga doktrina ng priesthood at gagampanan ninyo ang inyong mga tungkulin sa priesthood, ang priesthood ay magiging isang matibay na angkla na pananatilihin kayong ligtas sa espirituwal at maghahatid sa inyo ng labis na kagalakan. Maging isang tunay na priesthood quorum. Tulungan ang inyong mga kaibigan at isama sila sa inyong korum. Lumikha ng isang kapatiran sa inyong korum na magiging permanenteng pundasyon sa buhay ninyo. ■

# Elder Ronald A. Rasband

## MAHUSAY NA LIDER, DEBOTONG AMA

**Ni Elder M. Russell Ballard**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol



Si Ron Rasband ay hindi kailanman nag-alinlangan na maglilingkod siya sa isang full-time mission. Ang tanging tanong ng 19-anyos habang binubuksan ang kanyang tawag sa misyon ay *saan* siya maglilingkod.

"Ang tatay ko ay nagmisyon sa Germany. Ang kuya ko ay nagmisyon sa Germany. Ang magiging bayaw ko ay nagmisyon sa Germany," paggunita niya. "Akala ko sa Germany ako mapupunta."

Ngunit may ibang plano ang Panginoon. Sa halip, tinawag si Ron sa Eastern States Mission, na nakahimpil sa New York City, USA. Medyo nakadama ng pagkabigo, dinala niya ang kanyang mission call sa kanyang silid, lumuhod sa tabi ng kanyang kama, nagdasal, binuklat ang kanyang banal na kasulatan, at nagsimulang magbasa:

"Masdan, at narito, ako ay maraming tao sa lugar na ito, sa mga pook sa paligid; at isang pintuan ang bubuksan sa mga lugar sa paligid dito *sa silangang lupain*.


"Samakatwid, ako, ang Panginoon, ay pinayagan kayong magtungo sa lugar na ito; sapagkat sa gayon ito kapaki-pakinabang sa akin para sa kaligtasan ng mga kaluluwa" (D at T 100:3–4; idinagdag ang diin).

Kaagad, pinagtibay ng Espiritu Santo kay Ron na ang pagtawag sa kanya sa Eastern States Mission ay hindi isang pagkakamali.

"Mula sa pagkasiphayo ay nagkaroon ako ng una sa marami kong impresyon sa banal na kasulatan na dito ako nais mapunta ng Panginoon," paggunita niya. "Iyan ay mahalagang espirituwal na karanasan para sa akin."

Ang kanyang misyon sa Eastern States ang una sa ilang tungkulin sa Simbahan na magdadala sa kanya sa maraming lugar na hindi niya inakalang mapupuntahan niya. At sa bawat tungkulin—bilang guro, bishop, high councilor, mission president, miyembro ng Pitumpu, Senior President ng Pitumpu, at Apostol ng Panginoong Jesucristo—tinanggap ni Elder Ronald A. Rasband ang kalooban ng Panginoon at patuloy na umasa sa Kanyang Espiritu habang naglilingkod siya sa mga anak ng Diyos.

Kanang itaas: Elder Ronald A. Rasband bilang mission president sa New York City noong 1998. Dulong kanan: Si Elder Rasband kasama ang kanyang ate na si Nancy Schindler; ina; at mga kuya na sina Russell at Neil. Kanan: Kasama ng kanyang mga magulang noong pitong-taong-gulang siya.







"Hindi lang minsan lumapit kay Inay, na stake Primary president noon, ang mga guro ko sa [Primary], at sinabing, 'Makulit ang Ronnie Rasband na iyan,' " sabi niya. "Ngunit hindi sila kailanman sumuko sa pag-aalaga sa akin. Mahal na mahal nila ako at lagi akong iniimbitang bumalik sa klase."[2]

Ang kabataan ni Ron ay nakasentro sa Simbahan—mga pulong ng ward, party sa ward, hapunan ng ward, at ward sports team. Kapag hindi siya abala sa Cottonwood First Ward meetinghouse, may iba't iba pa siyang trabaho, gumagawa ng aktibidad sa Scouting, at kasama ang mga kaibigan. Sa tahanan, ang oras ng pamilya ay nakasentro sa banal na kasulatan, mga laro, at gawaing-bahay.

## Isinilang sa Butihing mga Magulang

Sa kanyang unang mensahe bilang Apostol ni Jesucristo, ipinahayag ni Elder Rasband ang taos-pusong pasasalamat sa kanyang mga ninuno. "Isinilang ako sa butihing mga magulang at pinalaki sa ebanghelyo," sabi niya, "at sila rin anim na henerasyon na ang nakararaan."[1]

Ang kanyang inang si Verda Anderson Rasband, ay mapagmahal na pinuno na nagturo sa batang si Ron na mahalin ang banal na kasulatan. Ang kanyang ama, si Rulon Hawkins Rasband, ay matapat na priesthood holder na huwaran ng kasipagan.

Isinilang sa Salt Lake City, Utah, USA, noong Pebrero 6, 1951, si Ronald A. (Anderson) Rasband ang tanging anak sa pagsasama ng kanyang mga magulang. Kapwa sila may unang asawa at nagdiborsyo, at si Ron ay lumaki sa ilalim ng karagdagang pangangalaga ng dalawang kuya at ate.

"Siya ay kumbinasyon ng aming mga magulang, kaya mahal na mahal namin siya," sabi ng ate niyang si Nancy Schindler. "Hindi kailanman pumayag si Ron na magkatabi sina Inay at Itay kung wala siya sa gitna nila."

Si Ron ay mabuting bata, pero inaamin niya na may kapilyuhan siya.



"Itinuro sa akin ni Itay kung ano ang pagtatrabaho sa pamamagitan ng kanyang halimbawa," sabi niya. "Tinuruan akong magtrabaho ni Inay sa pag-uutos sa akin na gawin ito."

Ang tatay ni Ron ay nagmamaneho ng delivery truck ng tinapay, gumigising nang alas-4:00 n.u. at gabing-gabi nang umuuwi. Ang kanyang ina ay lumagi sa tahanan para alagaan ang mga bata, nag-aambag sa kita ng pamilya sa pamamagitan ng paggawa at pagtitinda ng mga porcelane lace doll.

Ang angking kakayahan ni Ron na mamuno, magbigay ng gawain sa iba, at tapusin ang mga gawain—na nakatulong nang malaki sa kanyang propesyon at mga responsibilidad sa Simbahan—ay talagang kapaki-pakinabang na noon pa man.

"Si Ron ang tagatabas ng damo sa bakuran," paggunita ng kanyang ate.

MGA LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG PAMILYA RASBAND, MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD





Ngunit si Ron, tulad ni Mark Twain sa Tom Sawyer, ay may paraan para mahikayat ang kanyang mga kaibigan na tumulong.

"Pagtanaw ko sa labas, nakikita ko ang kanyang matalik na kaibigan na nagtatabas ng damo para sa kanya," sabi ni Nancy. "Sa susunod na linggo isa pang kaibigan niya ang nagtatabas ng damo. Nakaupo lang siya sa balkon sa harapan at tumatawa at binibiro sila habang ginagawa nila ang kanyang gawain."

Kinakapos noon sa pera ang mga magulang ni Ron, pero nasa kanila ang ebanghelyo. "Hindi kami nagkaroon ng maraming pera," paggunita ni Ron, "pero hindi nito naapektuhan ang kaligayahan ko."

### Pinagkakatiwalaang mga Kaibigan at Lider

Habang lumalaki, si Ron ay nabiyayaan ng mabubuting kaibigan at mapagkakatiwalaang mga lider ng priesthood, kabilang na ang kanyang kinagisnang stake president sa loob ng 14 na taon—James E. Faust (1920–2007), na kalaunan ay naglingkod sa Korum ng Labindalawang Apostol at sa Unang Panguluhan. Ang pamilya ni Ron ay naging malapit kay Pangulong Faust at sa kanyang pamilya. "Lagi niyang sinasabing isa ako sa kanyang mga bata sa Cottonwood dahil tumulong siya sa pagpapalaki sa akin," sabi niya.

Hindi nagkaroon si Ron ng pagkakataon na sumali sa mga isports sa paaralan dahil lagi siyang may trabaho, pero naglalaan siya ng panahon para sa habambuhay na matatapat na kaibigan.

"Noon pa man hanga na ako kay Ron sa kung sino siya, pero hindi siya perpekto," sabi ng kababata niyang si Kraig McCleary. Nakangiting sinabi pa niya, "Sabi ko sa kanya na kung mapupunta siya sa langit, makakapunta rin ako dahil pareho lang kami ng ginawa noon."

Si Ron ay umalis papuntang misyon noong unang bahagi ng 1970, pero iniisip noon ni Kraig na ipagpaliban ang pagmimisyon hanggang sa matapos ang panahon ng pangangaso sa taglagas. Noon siya tinawagan ni Ron mula sa kanyang misyon.

"Hindi ko alam kung paano siya napayagang tumawag, pero pinagsabihan niya ako dahil hindi ako sabik sa pagmimisyon," sabi ni Brother McCleary. "Siyempre, hindi ko na ipinagpaliban ito."

Ang tawag ni Ron sa kanyang misyon ay "napakagandang" karanasan. "Biniyayaan ako ng Panginoon ng maraming himala, ng mga karanasan na nagpapalakas ng pananampalataya," sabi niya. "Ang misyon ko ay malaking tulong sa espirituwal na buhay ko."

Ginugol ni Ron ang bahagi ng kanyang misyon sa Bermuda Islands. Ang kanyang mission president, si Harold Nephi Wilkinson, ay mga "tuwid na missionary" lamang ang ipinadadala doon dahil paminsanminsan lang siyang makabisita roon.

"Kami lang talaga ang bahala, pero walang problema si president sa



Mula sa simula ng kanilang pagsasama bilang mag-asawa, inuuna nina Elder at Sister Rasband ang Panginoon. Ikinasal noong Setyembre 4, 1973 (ibaba), kalaunan ay biniyayaan sila ng apat na anak na babae at isang anak na lalaki (itaas). Kabilang pahina: Si Jon Huntsman Sr., na dating kasosyo ni Elder Rasband sa negosyo at guro, ay tinatawag si Elder Rasband na "mahusay na lider na ubod nang tapat."

amin," paggunita ni Ron. "Ginagawa namin ang trabaho namin."

### Ang "Pangarap na Babae" ng Delta Phi

Nang makatapos sa kanyang misyon noong 1972, nakapagtrabaho si Ron, nag-enrol sa University of Utah sa taglagas na iyon, at sumali sa Delta Phi Kappa, isang fraternity para sa mga returned missionary. Sa mga aktibidad ng fraternity, hindi niya maiwasang hindi mapansin ang kaakit-akit na dalagang si Melanie Twitchell. Si Melanie ay isa sa mga nahalal na miyembro ng Delta Phi na "mga pangarap na babae," na tumulong sa mga aktibidad ng paglilingkod ng fraternity.

Tulad ni Ron, si Melanie ay mula sa aktibong pamilyang Banal sa mga Huling Araw. Ang kanyang ama, na opisyal sa militar, at ang kanyang ina ay hindi kailanman hinayaang maging dahilan para hindi makapagsimba ang madalas na paglipat ng pamilya.

Humanga si Melanie sa kabaitan, kagandahang-loob, at kaalaman sa ebanghelyo ni Ron. "Sinabi ko sa sarili ko, 'Kahanga-hanga talaga siya kaya ayos lang kahit hindi ko siya makadeyt. Gusto ko lang na maging matalik niyang kaibigan.' "

Habang tumitibay ang kanilang relasyon, pinagtibay ng Espiritu ang kanyang mga impresiyon kay Ron at ang katapatan nito sa Panginoon. Hindi nagtagal ang kanilang pagkakaibigan ay nauwi sa tinatawag ni Melanie na "storybook, fairytale romance."

Sinasabi ni Elder Rasband na si Melanie ay talagang para sa kanya. "Si Melanie ay kapantay ko sa katapatan at pamana sa ebanghelyo. Naging matalik kaming magkaibigan, at noon ko siya tinanong kung magpapakasal siya sa akin."

Sila ay ikinasal noong Setyembre 4, 1973, sa Salt Lake Temple. Mula noon, sabi niya, ang kanyang "di-makasariling kabiyak hanggang kawalang-hanggan . . . [ay natulungan akong] mahubog na parang luad ng magpapalayok para maging mas mahusay na disipulo ni Jesucristo. Ang pagmamahal at suporta niya, at ng aming 5 anak, ng mga asawa nila, at ng aming 24 na apo, ay nagpapalakas sa akin."[3]

### "Tayo Na"

Habang naglilingkod bilang elders quorum president ng kanyang married student ward, nakilala ni Ron si Jon Huntsman Sr., ang high council adviser ng ward. Kaagad humanga si Jon sa paraan ng pamamalakad ni Ron sa korum.

"Kahanga-hanga ang kanyang husay sa pamumuno at organisasyon," paggunita ni Elder Huntsman, na naglingkod bilang Area Seventy mula 1996 hanggang 2011. "Naisip ko na hindi pangkaraniwan sa isang binata na nasa kolehiyo pa ang magpatakbo ng isang korum sa gayong paraan."

Sa loob ng ilang buwan, nakita ni Jon kung paano isinagawa ni Ron ang mga ideya sa pagkumpleto niya ng mga tungkulin sa priesthood. Nang buksan ang senior marketing position sa kumpanya ni Jon—na magiging Huntsman Chemical Corporation—napag-isip niya na taglay ni Ron ang mga kasanayang gusto niya at inalok sa kanya ang trabaho. Nagsimula ang posisyon nang sumunod na linggo sa Ohio, USA.

"Sinabi ko kay Melanie, 'Hindi ako titigil sa pag-aaral at lilipat,' " paggunita ni Ron. "Buong buhay akong nagtrabaho para magtapos sa kolehiyo, at malapit ko nang makamit ang aking mithiin."

Ipinaalala ni Melanie kay Ron na ang pagkakaroon ng magandang trabaho ang dahilan kaya siya nag-aaral.



"Ano ang ipinag-aalala mo?" tanong niya. "Alam ko kung paano mag-impake at maglipat. Noon ko pa ito ginagawa. Patatawagin kita sa nanay mo gabi-gabi. Tayo na."

Hindi nagkamali si Jon sa pagtitiwala kay Ron. Sa ilalim ng pagtuturo ni Jon, mabilis na umangat si Ron sa lumalaking kumpanya, at naging pangulo at chief operating officer nito noong 1986. Palagi siyang naglalakbay para sa kumpanya—kapwa sa lokal at internasyonal. Sa kabila ng kanyang abalang iskedyul, sinikap ni Ron na umuwi kapag Sabado't-Linggo. At kapag nagbibiyahe siya, paminsanminsan ay may kasama siyang miyembro ng pamilya.

"Kapag nasa bahay siya, talagang ipinadarama niya sa mga bata na sila ay espesyal at minamahal," sabi ni Melanie. Dumalo siya sa kanilang mga aktibidad at isports na sinalihan nila hangga't maaari. Sinabi ni Jenessa MacPherson, isa sa apat na anak na babae ng mag-asawa, na dahil sa mga tungkulin sa Simbahan ng kanyang ama ay hindi nila makatabi ito sa mga miting sa Simbahan.

"Nagtatalo kami kung sino ang makakatabi niya sa simbahan dahil bibihira siyang naroon," sabi niya. "Naaalala ko





nang hawakan ko ang kanyang mga kamay at iniisip na, 'Kung matutularan ko lamang siya, matatahak ko ang tamang landas at magiging higit na katulad ng Tagapagligtas.' Siya ang idolo ko noon pa man."

Ginugunita ng anak nilang si Christian ang masasayang alaala ng "oras na magkasama silang mag-ama." Marami silang naging mga kaibigan dahil sa madalas na paglilipat ng pamilya, sabi niya, "pero ang tatay ko ang pinakamatalik kong kaibigan"—isang mahilig na manalong kaibigan.

Kung siya man ay naglalaro ng basketball kasama ni Christian, naglalaro ng board game kasama ng kanyang mga anak na babae, o nangingisdang kasama ng pamilya at mga kaibigan, gustung-gusto ni Ron ang manalo.

"Sa aming paglaki, hindi niya *hahayaang* manalo ang kahit sino," sabi ni Christian. "Kailangan naming paghirapan ito, pero mas nakabuti ito sa amin. At ganito rin ang ginagawa niya sa kanyang mapagmahal na mga apo."

Sa paglipas ng mga taon, napuna ng pamilya ni Ron kung paanong sa paglilingkod niya sa Simbahan ay lalong nadagdagan ang kanyang kakayahang magpakita ng pagmamahal at pagkahabag, magpahayag ng nadarama ng Espiritu, at bigyang-inspirasyon ang iba na gawin ang lahat ng kanilang makakaya. Matapos isilang ang apo nina Ron at Melanie na si Paxton, ang pamilya ay lalong umasa sa espirituwal na lakas at suporta ni Ron.

Si Paxton, na isinilang na may kakaibang genetic disorder, ay puno ng problema sa kalusugan na sumubok sa pamilya sa pisikal, emosyonal, at espirituwal. Tinawag ni Elder Rasband ang karanasan kasunod ng pagsilang ni Paxton na "napakahirap [na] pagsubok para matuto ng mahahalagang aral na may kaugnayan sa mga kawalang-hanggan."[4]



Sa loob ng tatlong taon ng buhay ni Paxton sa lupa—kung kailan maraming tanong at kakaunti ang sagot—si Elder Rasband ay nagsilbing espirituwal na haligi, na umakay sa kanyang pamilya sa paghugot ng lakas mula sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Nang ibalita ang kanyang bagong tungkulin, ang ilang miyembro ng pamilya at mga kaibigan ay hindi na nagulat. "Kami na lubos na nakakikilala sa kanya," sabi ni Christian, "ay nagtaas ng aming mga kamay nang sang-ayunan siya bilang Apostol."

### "Hahayo Ako at Maglilingkod"

Noong 1996, sa edad na 45, kasalukuyang matagumpay si Ron sa trabaho nang dumating ang tawag na maglingkod bilang mission president ng New York New York North Mission. Tulad ng mga Apostol noon, "pagdaka'y iniwan [niya] ang [kanyang] mga lambat" (Mateo 4:20).

"Wala pang isang saglit ang pagtanggap sa tawag," sabi ni Elder Rasband. Sinabi niya sa Panginoon, "Gusto po Ninyo akong maglingkod, hahayo ako at maglilingkod."

Taglay ni Ron ang malaking aral na natutuhan niya sa kanyang propesyonal na




Itaas kaliwa: Sina Elder at Sister Rasband kasama ang mga miyembro ng Simbahan sa New Delhi, India, noong Nobyembre 2015. Itaas: Sina Elder at Sister Rasband noong siya pa ang mission president sa New York City, 1996–99; kasama ang kanilang apong si Paxton, na tumulong na matutuhan ng pamilya ang "mahahalagang aral na may kaugnayan sa mga kawalang-hanggan"; at sa seremonya ng paglalagay ng cornerstone sa Sacramento California Temple.





karanasan: “Ang mga tao ay mas mahalaga kaysa anupaman.”[5] Taglay ang kaalamang iyan at ang kanyang hinasang mga kasanayan sa pamumuno, handa na siyang magsimula sa full-time na paglilingkod sa kaharian ng Panginoon.

Para kina Ron at Melanie ang gawaing misyonero sa New York City ay kapwa puno ng hamon at nagpapasigla. Mabilis si Ron sa pagbibigay ng responsibilidad sa mga missionary—nabibigyang-inspirasyon ang kanilang katapatan, at pagtuturo, tinutulungan, at pinasisigla sila habang ginagawa ito.

Noong 2000, sa loob lamang ng walong buwan matapos makumpleto nina Ron at Melanie ang kanilang misyon, si Ron ay tinawag sa Pitumpu, kung saan ang kanyang paghahanda, karanasan, at maraming talento ay nagpala sa Simbahan. Bilang miyembro ng Pitumpu, naglingkod siya bilang tagapayo sa Europe Central Area Presidency, tumutulong sa pangangasiwa ng gawain sa 39 na bansa. Bagama’t nilisan niya ang kolehiyo mahigit 40 taon na ang nakalipas, nananatili siyang seryosong estudyante, tinatanggap ang patuloy na pagtuturo mula sa kanyang nakatatandang mga Kapatid habang pinamamahalaan niya ang North America West, Northwest, at tatlong Area sa Utah; naglingkod bilang Executive Director ng Temple Department; at naglingkod sa Panguluhan ng Pitumpu, na nakikipagtulungang mabuti sa Labindalawa.

Kamakailan, napansin ni Elder Rasband, “Malaking karangalan at pribilehiyo para sa akin ang maging pinakabago sa Labindalawa at matuto mula sa kanila sa bawat paraan at sa bawat pagkakataon.”[6]

## “Ang Nalaman Nila, ay Alam Ko”

Dalawang painting ang nakasabit sa opisina ni Elder Rasband. Ang isa ay mga Mormon missionary na nagtuturo sa isang pamilya sa Denmark noong mga 1850s. Ang pangalawa ay sa missionary noon na si Dan Jones na nangangaral habang nasa gilid ng isang balon sa British Isles. Ang mga painting (kanang itaas) ay nagpapaalala kay Elder Rasband tungkol sa kanyang sariling ninuno.

“Ibinigay ng naunang mga pioneer na ito ang lahat-lahat para sa ebanghelyo ni Jesucristo at para mag-iwan ng pamana sa susunod nilang mga inapo.[7] Ang nagtulak sa mga ninuno ni Elder Rasband para sumulong sa gitna ng kahirapan at pang-uusig ang higit na nagpapagindapat sa kanya sa kanyang bagong tungkulin: ang kaalaman at tiyak na patotoo sa Panginoon at sa Kanyang gawain.

“Napakarami kong dapat matutuhan sa bago kong tungkulin,” sabi niya. “Nakadarama ako ng lubos na pagpapakumbaba tungkol diyan. Ngunit may isang aspeto ng aking tungkulin na kaya kong gawin. Maaari akong maging saksi ‘ng pangalan ni Cristo sa buong daigdig’ (D at T 107:23). Siya ay buhay!”[8]

Bilang apo-sa-tuhod ng mga pioneer, dagdag pa niya: “Ang nadama nila ay nadarama ko rin. Ang nalaman nila, ay alam ko.”[9]

At ang inaasahan nila para sa kanilang mga inapo ay makikita sa buhay, mga turo, at paglilingkod ni Elder Ronald A. Rasband, na sumusunod sa kanilang halimbawa at gumagalang sa kanilang pamana sa paghayo niya bilang isa sa mga natatanging saksi ng Panginoon. ■

**MGA TALA**

1. Ronald A. Rasband, “Ako ay Namangha,” *Liahona,* Nob. 2015, 89.
2. Ronald A. Rasband, “Friend to Friend: Golden Nuggets,” *Friend,* Okt. 2002, 8.
3. Elder Ronald A. Rasband, “Ako ay Namangha,” 89.
4. Ronald A. Rasband, “Natatanging mga Aral,” *Liahona,* Mayo 2012, 80.
5. Ronald A. Rasband, press conference, Okt. 3, 2015.
6. Ronald A. Rasband, patotoo, debosyonal ng Priesthood at Family Department, Dis. 1, 2015.
7. Elder Ronald A. Rasband, “Ako ay Namangha,” 89.
8. Ronald A. Rasband, patotoo.
9. Ronald A. Rasband, mensahe sa Pioneer Day, Tabernacle, Salt Lake City, Hulyo 24, 2007.

ITAAS KALIWA: LARAWANG KUHA NI WENDY KEELER; KANAN: *MGA MANGANGARAL NA MORMON, MGA UNANG MISYONERO SA DENMARK,* NI ARNOLD FRIBERG (BATAY SA ISANG LARAWANG IPININTA NI CHRISTEN DALSGAARD, 1856); *GINISING NI DAN JONES ANG WALES,* NI CLARK KELLEY PRICE



*Dahil hindi ako gaanong aktibo sa nakalipas na mga taon, hindi makapaniwala ang isang miyembrong nakakakilala sa akin noon na tinawag akong maging bishop.*

**Ni Patrick J. Cronin III**

Sa isang priesthood executive committee meeting, iniulat ng aming mga full-time missionary na may nakilala silang isang miyembro na wala sa ward ang records. Agad kong nakilala ang pangalan at binanggit ko na iisa ang ward naming dalawa maraming taon na ang nakararaan.

Sabi ng isa sa mga missionary, "Opo, bishop, binanggit niya iyan at medyo nagulat siya na kayo ang bishop."

Tinanong ko sila, "Ano ang sabi niya?"

Sabi nila gulat na gulat siya at ang sabi'y, "*Siya* ang bishop?"

Natawa ako at ipinaliwanag ko na ibang-iba ang pagkakilala sa akin ng sister na ito 30 taon na ang nakararaan.

Nang pag-isipan ko ang pangyayaring ito kalaunan, inisip ko kung gaano kalaki ang ipinagbago ng buhay ko sa loob ng mahigit 30 taon ng pagiging miyembro namin ng pamilya ko. Marami akong nakilalang miyembro ng aming ward sa loob ng 20 taon at naglingkod na ako bilang branch president at bishop, pero hindi ako kilala ng sinuman sa mga miyembrong ito 30 taon na ang nakararaan. Bagama't paminsan-minsan ay nagkukuwento ako ng mga pangyayari sa aking nakaraan para magturo tungkol sa pagsisisi at sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, halos buong ward ay hindi alam kung gaano kagila-gilalas ang naging takbo ng buhay ko sa Simbahan.


Nalaman namin ng pamilya ko ang tungkol sa simbahan noong Mayo 1979, at nalaman ko kaagad na dito kami nabibilang. Nabinyagan kami noong Hunyo, at noong una ay aktibo kaming lahat, ngunit hindi nagtagal tumigil ako sa pagsisimba at nagbalik ako sa dating gawi. Hindi talaga ako nag-alinlangan tungkol sa katotohanan ng ebanghelyo at sa Panunumbalik, pero naisip ko na hindi ako magiging mabuting miyembro ng Simbahan.

Noong 1982, dahil patuloy ang pag-inom ko ng alak, nakipagdiborsyo ang asawa ko, na hindi kailanman tumalikod sa kanyang pananampalataya. Noo'y nakatira ang pamilya ko sa Oklahoma, USA, ngunit nagbalik na ako sa Illinois, USA, kung saan ako lumaki. Dumating ako sa punto na mawawala na sa akin ang kaisa-isang bagay na talagang mahalaga sa akin: ang aking pamilya.

Nagsimula akong lumuhod sa panalangin umaga at gabi sa isang Diyos na hindi ko na tiyak kung mayroon nga o, kung mayroon man, naisip ko na matagal na Niya akong kinalimutan. Subalit tapat akong nanalangin sa loob ng tatlong buwan. Isang madaling araw, habang nagdarasal ako nang taimtim, nilukob ako ng malaking kaginhawan at nalaman ko na ang Diyos ay buhay, na kilala Niya ako, at mahal Niya ako. Nalaman ko rin na hindi na ako iinom ng kahit isang patak na alak.

Nang gabing iyon mismo tinawagan ako ng asawa ko para ipaalam na ipapadala niya sa akin ang mga papeles sa diborsyo para lagdaan ko. Sa pag-uusap na iyon bigla niyang sinabing, "May isang bagay na ibang-iba sa iyo. Hindi ako naniniwala na iinom ka pang muli, at pupunitin ko na ang mga papeles na ito." Muli kaming nagsama, at

# *Siya* ANG BISHOP?



pagkaraan ng dalawang taon ay isinilang niya ang ikatlong anak namin.

Ipapalagay ng isang tao na lubos na akong bumalik sa pagiging aktibo sa Simbahan, pero matigas ang ulo ko. Bumalik ako sandali at tumanggap pa ng calling bilang elders quorum instructor. Pero hindi nagtagal ay nadama ko na hindi ko kayang magturo at muli akong naging inactive.

Noong 1991 lumipat kami sa isang maliit na branch. Ilang buwan bago sumapit ang ikawalong kaarawan ng bunsong anak namin, tinanong siya ng asawa ko, na siyang Primary president, kung sino ang gusto niyang magbinyag sa kanya. Siyempre gusto niyang ang tatay niya ang magsagawa ng ordenansa. Sinabi sa kanya ng asawa ko na malamang na hindi mangyari iyon. Hindi niya tinanggap ang sagot na iyon at sinimulang gawing aktibong muli ang kanyang ama. Wala siyang humpay, at hindi naglaon ay natagpuan ko ang aking sarili na naglilingkod bilang Scoutmaster, at kalaunan ay bininyagan at kinumpirma ko ang anak ko.

Ang walong buwan kasunod ng pagiging aktibo kong muli ay makulay. Nabuklod kami bilang pamilya sa Chicago Illinois Temple, at muli akong tinawag na maglingkod bilang elders quorum instructor, bagama't sa pagkakataong ito ay hindi na ako sumuko. Pagkatapos ay tinawag ako bilang tagapayo sa branch presidency, at limang buwan pagkaraan ay tinawag akong maglingkod bilang branch president. Isang buwan o mahigit pa matapos akong matawag, natatandaan kong naisip ko, "*Ako* ang branch president?"

Nasabi ko na sa maraming naghihirap na mga Banal sa pagdaan ng mga taon na kung kaya kong umunlad sa ebanghelyo, kaya iyon ng kahit sino. Kailangan lang unawain ang tunay na kapangyarihan ng Tagapagligtas at ng Kanyang Pagbabayad-sala at paggawa ng mga hakbang para lumapit sa Kanya.

Walang hanggan ang pasasalamat ko sa aking asawa at mga anak at sa lahat ng tapat na home teacher, quorum leader, bishop, at iba pang tapat na mga Banal na nagpakita ng magandang halimbawa sa akin. Isang pribilehiyo ang maglingkod sa Panginoon at sa mga Banal sa nakaraang 20 taon na ito. Napagpala ang buhay ko nang higit sa anupamang bagay na maiisip ko. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Illinois, USA.*

PAGLALARAWAN NI MARCOS SMITH © 2016

# PAGSASALIN NG BANAL NA KASULATAN: SA Wika NG Ating Puso

Ang karanasang ito ay pamilyar sa mga taong nakasama sa pagsasalin ng mga banal na kasulatan mula sa Ingles tungo sa iba pang mga wika. Paulit-ulit itong nangyayari:

Isang batang Armenian na may hawak ng kopya ng Aklat ni Mormon na isinalin kamakailan lang sa kanyang wika ang lumapit sa isang miyembro ng team na tumulong sa pagsasalin: “Salamat po,” sabi niya. “Nabasa ko na po ang Aklat ni Mormon sa Ingles. Nabasa ko na ang Aklat ni Mormon sa wikang Russian. Nabasa ko na ito sa Ukrainian. Pero hindi ko ito lubos na naunawaan hanggang sa mabasa ko ito sa Armenian. Nang basahin ko ito sa Armenian, nagkaroon din ito ng kahulugan sa wakas. Para akong nakauwi.”

**Pag-uwi**


Kung ang ebanghelyo ni Jesucristo ang ating espirituwal na tahanan, tama lamang na madamang komportable at pamilyar tayo rito. Sa bahay nagpapahinga tayo. Pinangangalagaan natin ang ating sarili. Kinakausap natin ang mga mahal natin sa wikang itinuro sa atin ng ating ina. Ito ang wika ng ating puso, at dahil puso ang kailangang maantig ng ebanghelyo, mahalagang basahin ang mga banal na kasulatan sa wika ng ating puso.

Sinasabi ng Doktrina at mga Tipan na ito ay totoo. Doo’y inihayag ng Panginoon na sa pamamagitan ng mga susi ng priesthood na hawak ng Unang Panguluhan, “ang bisig ng Panginoon ay ipahahayag sa kapangyarihan sa pagpapaniwala sa mga bansa . . . sa ebanghelyo ng kanilang kaligtasan.

“Sapagkat mangyayari sa araw na yaon, na ang bawat tao ay maririnig

**IPINAPAKITA NG MARAMING KARANASAN ANG KAMAY NG PANGINOON SA GAWAIN NG PAGSASALIN NG KANYANG MGA BANAL NA KASULATAN.**

**Ni R. Val Johnson**
Mga Magasin ng Simbahan





LARAWAN NG MGA PAHINA NG AKLAT NI MORMON SA JAPANESE, PORTUGUESE, AT GERMAN NI LAURA SEITZ, *DESERET NEWS*






*Mas naaantig ng mga banal na kasulatan ang puso kapag binasa ito sa ating katutubong wika—ang wika ng ating puso.*

*Ang buong Aklat ni Mormon ay nailathala sa 89 wika, at ang mga piling bahagi nito ay naisalin sa 21 pang wika.*

ang kabuuan ng ebanghelyo sa kanyang sariling wika, at sa kanyang sariling salita, sa pamamagitan nila na inordenan sa kapangyarihang ito, sa pamamagitan ng pangangasiwa ng Mang-aaliw, na ibinuhos sa kanila para sa paghahayag ni Jesucristo" (D at T 90:10–11).

Ikinuwento ni Jim Jewell, na nagtrabaho sa scriptures translation team sa headquarters ng Simbahan, kung gaano kapersonal ang pakiramdam sa mga banal na kasulatan kapag isinalin ito sa wika ng puso:

"Sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon sa Sesotho, ang wikang gamit sa Lesotho sa bansang Africa, kinailangan naming makahanap ng tutulong sa amin para masuri ang gawain ng translation team. Tinukoy ng project supervisor na si Larry Foley ang isang miyembro ng Simbahan mula sa Lesotho na nagtapos ng pag-aaral sa Utah State University. Sa Lesotho, Ingles ang gamit sa pagtuturo, kaya ang babaeng ito at ang kanyang mga anak ay nag-aral sa Ingles mula sa unang grado, pero Sesotho ang wikang gamit nila sa bahay.

"Pumayag siyang maging bahagi ng gawain ng pagsasalin. Ang kanyang ebalwasyon sa mga kabanatang ipinadala namin sa kanya ay talagang malaking tulong. Palagi kaming nagpapadala ng partikular na mga tanong tungkol sa bokabularyo at istruktura ng wika kung saan malaking tulong ang kanyang komentaryo. Gayunman, napansin namin na nilagyan niya ng dilaw na highlight ang maraming talata na walang kinalaman sa aming mga tanong. Nang tanungin namin siya tungkol sa naka-highlight na mga talata, sinabi niya: 'Ah, iyon ang mga talatang lubos na nakaantig sa puso ko na hindi ko lubos na naunawaan noon sa Ingles. Nilagyan ko ng highlight para maibahagi ko ang mga ito sa mga anak ko.' "

### Isang Huwaran sa Pagsasalin ng Banal na Kasulatan

Ang pagsasalin ng Biblia ay may mahaba at kagila-gilalas na kasaysayan, simula sa pagsasalin ng mga bahagi ng Lumang Tipan mula sa Hebreo tungo sa wikang Griyego. Kalaunan, ang Biblia ay isinalin mula sa Griyego tungo sa Latin, at mula sa Latin, Hebreo, at Griyego tungo sa wikang Ingles at sa marami pang mga wika.[1] Dahil dito, hindi isinasalin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang Biblia sa iba't ibang wika kundi ginagamit ang mga bersiyon na tanggap nang awtorisado ng mga Kristiyano na nagsasalita sa mga wikang iyon.[2]

Karamihan sa gawain ng Simbahan sa pagsasalin ng mga banal na kasulatan ay tungkol sa Aklat ni Mormon (na siyang unang isinalin), Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas. Ang wikang pinagmulan ng salin ng mga aklat na ito ay Ingles, ang wikang

**"SAPAGKAT MANGYAYARI . . . NA ANG BAWAT TAO AY MARIRINIG ANG KABUUAN NG EBANGHELYO SA KANYANG SARILING WIKA, AT SA KANYANG SARILING SALITA, SA PAMAMAGITAN NILA NA INORDENAN SA KAPANGYARIHANG ITO" (D AT T 90:11).**



## ANG PROSESO NG PAGSASALIN NG BANAL NA KASULATAN

1

### Pahintulot na Magsalin

- Ang pagsasalin ng banal na kasulatan ay hinihiling ng Area Presidency kapag ang bilang ng mga miyembro ng Simbahan na nagsasalita ng wikang iyon ay dumarami at kapag ang mga pangunahing materyal ng Simbahan ay naisalin na sa wikang iyon.
- Ang kahilingan ay nirerepaso ng ilang komite sa headquarters ng Simbahan, pati na ng mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol at ng Unang Panguluhan.

2

### Mga Translation Phase

*Pambungad na phase:*

- Isang kasalukuyang salin ng Biblia ang pinipili para gamitin ng Simbahan.
- Mga pangunahing materyal muna ang isinasalin: *Gospel Fundamentals* (kinabibilangan ng mga pangunahing doktrina gayundin ng pangalan ng Simbahan, mga panalangin sa sakramento, panalangin sa binyag, at Mga Saligan ng Pananampalataya), polyetong *Ang Patotoo ni Propetang Joseph Smith*, at isang web page sa LDS.org.
- Ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya ay maaari ding ma-interpret sa wika.

*Phase 1:*

- Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, Mahalagang Perlas (mga 10 taon ito ginagawa).
- Mga saligang teksto tulad ng "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," "Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol," piling mga himno, at *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*.



ginamit ni Propetang Joseph Smith nang ihayag niya ang mga ito, ang wika ng kanyang puso. Ang prosesong ginamit sa pagsasalin ng mga banal na kasulatan sa mga wikang hindi Ingles ay dapat maging pamilyar sa mga estudyante ng kasaysayan ng Simbahan. Halos katulad ito ng prosesong ginamit ng Propeta sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon sa Ingles.

Si Joseph Smith ay isang mapagpakumbaba at halos hindi nakapag-aral na batang magsasaka. Ngunit taglay niya ang mga katangian at potensyal na kailangan ng Panginoon para maisagawa ang gawaing iyon. Tunay ngang si Joseph at ang kanyang pamilya ay inihanda at inilagay sa tamang lugar para gawin ang mismong gawaing ito.[3]

Tinulungan din si Joseph—kapwa sa banal at mortal na paraan—sa pagsasalin ng talaan ng mga Nephita. Bumisita ang anghel na si Moroni kay Joseph taun-taon sa loob ng apat na taon bago siya pinayagang kunin ang talaan. Hindi natin alam ang lahat ng itinuro ni Moroni sa Propeta, ngunit ang kanyang mga pagbisita ay mukhang naghanda sa kanya sa espirituwal at sa isipan para sa darating na gawain.[4]

Inihanda rin nang maaga ng Panginoon ang mga "interpreter" para maisalin ang isang nawalang wika. Inilarawan bilang dalawang malilinaw na bato na nabibigkis ng metal, ang mga ito at isa pang kasangkapang tulad nito na tinatawag na bato ng tagakita ang nakatulong sa Propeta na isalin ang talaan ng mga Nephita sa Ingles. Hindi idinetalye ng Propeta ang proseso; nagpatotoo lang siya na isinalin niya ang Aklat ni Mormon sa pamamagitan ng "kaloob at kapangyarihan ng Diyos."[5]

Bukod pa sa tulong ng langit sa kanya, tumanggap ng tulong si Joseph mula sa mga eskriba sa lupa na gumawa ng nakasulat na kopya na sa bandang huli ay na-typeset, nai-print, binayaran, at ipinamahagi ng ibang mga tao sa mundo.

Tulad ng paghahanda at tulong na natanggap noon ni Joseph sa kanyang gawain ng pagsasalin, ang mga inatasang magsalin ng mga banal na kasulatan ngayon ay inihahanda ng Panginoon at tinutulungan sa kanilang gawain—kapwa sa banal at mortal na paraan.

### Isang Gawaing Tumatanggap ng Paghahayag

Ang mahirap na proseso ng pagsasalin ay naiimpluwensyahan ng espirituwal na enerhiya na marahil ay pinakamainam na mailalarawan bilang "paghahayag sa pamamagitan ng konseho." Dalawa o tatlong tao na pinili bilang mga tagapagsalin ang nakikipagtutulungan sa iba sa paggawa nito. May mga superbisor sila sa headquarters ng Simbahan, lokal na mga reviewer o nagrerepaso, isang lexicon bilang reperensya,[6] mga gabay sa pagsasalin, computer program, at suporta ng mga lider ng Simbahan hanggang sa Unang Panguluhan. (Tingnan ang kalakip na tsart.) Kapag inaprubahan na ng Unang Panguluhan ang pagsasalin, ang gawain ay ita-typeset, ililimbag, at ipamamahagi. Dahil inihanda sa digital format, nakapost din ito sa LDS.org at sa Gospel Library app.

Ang tulung-tulong na pagsisikap na ito ay kapwa matindi at inspirado. Kasama rito ang masusing pag-uukol ng pansin sa kalidad ng nilalaman at kalidad ng pisikal na format nito kapag natapos na. Maraming pinagdaraanan



ang pagrerebyu ng mga pagsasalin, lalo na sa lebel ng mga lider ng Simbahan na naghahangad ng pahintulot ng Panginoon. Susulong lamang ang gawaing pagsasalin kapag inaprubahan na ito. Bagama't hindi talaga katulad na katulad ng paghahayag ang pagsasalin ni Propetang Joseph Smith sa Aklat ni Mormon, ang proseso ay malinaw na ginabayan ng Panginoon—sa pamamagitan ng Kanyang mga kaloob at ng Kanyang kapangyarihan.

Hindi nito ibig sabihin na perpekto ang isang pagsasalin noong una itong makumpleto. Kadalasan, ang panahong iniuukol at iba pang mga pagrerebyu ng mga nag-aaral ng mga banal na kasulatan ay nangangahulugan na mas tama ang gramatika at bokabularyo o may mga mali sa typesetting o pagbabaybay. Bihirang gumawa ng pagbabago sa paglilinaw ng doktrina. Kapag ginagawa ito, ginagawa ito sa patnubay ng Unang Panguluhan.

### Ang Panginoon ang Naglalaan

Itinataguyod din ng Panginoon ang gawain ng pagsasalin sa iba pang mga paraan. Karaniwa'y inirereport ng translation team sa headquarters ng Simbahan na kapag may pangangailangan, ang Panginoon ang naglalaan.

Bilang isa sa maraming halimbawa, nangailangan noon ng isang translator para isalin at irekord ang mga materyal ng Simbahan sa Mam (na hango sa wikang Mayan, na gamit sa Guatemala). Kabilang sa mga unang missionary na tinawag sa Guatemala ang isang elder na ang lolo ay Mam ang gamit na wika. Ang missionary ay lumaki sa isang lungsod at Espanyol lang ang sinasalita. Ngunit gabi-gabi ay nagpapakita sa kanya ang lolo niya sa panaginip at itinuturo sa kanya ang wikang Mam. Ang binatang elder na ito ang naging pangunahing translator ng Mam sa Simbahan.

Kadalasan, ang gawain ng pagsasalin ay may katumbas na malaking personal na sakripisyo. Depende sa katayuang pinansiyal, ang ilang translator ay naglilingkod nang libre at ang iba naman ay binabayaran para magkaroon sila ng panahong ilalaan sa pagsasalin.

Ang lalaking naging isa mga Urdu translator ay nabinyagan sa Simbahan sa Pakistan habang nagtatrabaho siya bilang guro. Dahil sa pagpapabinyag niya, nawalan siya ng trabaho; nawalan siya ng bahay, na inilaan ng paaralan kung saan siya nagturo; at nawala ang pribilehiyo ng kanyang mga anak na makapag-aral. Nilapitan siya ng isang translation supervisor ng Simbahan tungkol sa paglilingkod bilang translator at inalok siya ng katamtamang sahod. Matapos magtrabaho bilang translator sa loob ng ilang buwan, kinausap ng lalaki ang supervisor at nahihiyang hiniling dito na ibili siya ng bagong bolpen. Naubusan na kasi ng tinta ang gamit niya. Noon lamang natuklasan at naitama ng supervisor ang isang pagkakamali na naging dahilan kaya mas mababa ang natatanggap na bayad ng translator kaysa nararapat.

Ngunit nang pagpalain ng Panginoon si Joseph Smith kaya nito natapos ang kanyang pagsasalin, pinagpapala ng Panginoon ang Kanyang mga translator. Halimbawa, ang translator ng Latvian scriptures ay isang abugado na nag-aral ng abugasya sa Russia, kung saan siya na-convert sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Sa Latvia noon,

*Phase 2:*

- Napakarami pang ibang materyal na mahihiling, tulad ng magasing *Liahona*, mga manwal sa seminary at institute, mga manwal para sa pagtuturo tuwing Linggo, mga himno at awiting pambata, mga materyal sa templo at family history, at interpretasyon para sa mga stake at regional broadcast.

3

**Mahahalagang Workgroup**

*Translation team:*

- Dalawa o tatlong miyembro ng Simbahan na karapat-dapat pumasok sa templo na may sapat na kaalaman sa ebanghelyo.
- Tutulungan ng isang gabay sa pagsasalin ng bawat talata, isang lexicon, at isang translation supervisor sa headquarters ng Simbahan.

*Ecclesiastical review committee:*

- Tatlo hanggang limang kalalakihan at kababaihan na mga lider ng Simbahan sa lugar na iyon.
- Tinawag at itinalaga para tumulong sa pagrepaso ng isinalin para matiyak na maayos itong mababasa at tumpak ang doktrina.
- Hindi binabago ang mga salita hangga't hindi nagkakaisa ang komite sa pagsang-ayon at nakaayon ang mga pagbabago sa gabay sa pagsasalin.

*Mga miyembrong reviewer:*

- Nirerepaso rin ng lokal na mga miyembro ng Simbahan ang pagsasalin.
- Nagbibigay sila ng feedback ukol sa kalinawan at kaangkupan ng mga pananalita.
- Ang kalinawan na pagsasalin ay tumitiyak na maaaring patotohanan ng Espiritu Santo ang katotohanan ng mga turo.

***Ang proseso ng pagsasalin ng banal na kasulatan ay nangangailangan kapwa ng utak at ng puso, kapwa ng kagalingang pangkaisipan at espirituwal na kaalaman.***

nagtatayo siya ng negosyo. Naglilingkod din siya noon bilang branch president. Masyado siyang abala, pero kinailangan siya ng Simbahan at ang galing niya sa Ingles.

Humingi siya ng oras para ipagdasal ang kahilingan dahil ang pagtanggap dito, gaya ng sabi niya sa kinatawan ng Simbahan, ay "mangangahulugan na kakapusin sa pagkain ang aking mga anak." Matapos magdasal, nagpasiya siyang tanggapin ito ngunit hiniling sa Panginoon na pagpalain siya para magawa niya ang mahirap, nangangailangan ng espirituwalidad, at nakakaubos ng oras na gawain.

Sinimulan niyang agahan nang isang oras ang pagpasok niya sa kanyang law office araw-araw at gamitin ang oras na iyon para isalin ang Aklat ni Mormon. Natapos niya kaagad nang maayos ang karaniwang limang taong proseso ng pagsasalin. Katunayan, isa ito sa mga pinakamabilis na pagsasalin simula nang isalin ni Joseph ang Aklat ni Mormon sa loob ng mga 60 araw.

Marami pang karanasan ang maaaring ikuwento na nagpapakita na pinapatnubayan ng Panginoon ang gawain ng pagsasalin ng Kanyang mga banal na kasulatan. Malinaw na ipinahahayag ng lahat na ito ay Kanyang gawain at malaki ang malasakit Niya tungkol dito. Inihahanda Niya ang mga tao na gawin ang Kanyang gawain. Inihahanda Niya ang mga kasangkapang kailangan nila para mapabilis ang gawain. At binibigyang-inspirasyon at pinagpapala Niya sila habang ginagawa ito.


Ang resulta ay isang mundong pinagyaman ng salita ng Diyos, na ibinigay sa Kanyang mga anak sa wika ng puso. ■

**SA GAWAIN NG PAGSASALIN NG MGA BANAL NA KASULATAN NG PANGINOON, MALINAW NA ITO AY KANYANG GAWAIN. INIHAHANDA NIYA ANG MGA TAO GAMIT ANG MGA KASANGKAPANG KAILANGAN NILA PARA PABILISIN ANG GAWAIN, AT BINIBIGYAN NIYA SILA NG INSPIRASYON AT PINAGPAPALA SILA HABANG GINAGAWA ITO.**



**MGA TALA**

1. Tingnan ang walong-bahaging seryeng, "How the Bible Came to Be," ni Lenet H. Read na inilimbag sa *Ensign* sa pagitan ng Enero at Setyembre 1982.
2. Tingnan, halimbawa, sa "Church Edition of Spanish Bible Now Published," mormonnewsroom.org.
3. Tingnan sa Matthew S. Holland, "Ang Landas Tungo sa Palmyra," *Liahona,* Hunyo 2015, 14–19.
4. Tingnan sa Kent P. Jackson, "Moroni's Message to Joseph Smith," *Ensign,* Ago. 1990, 12–16.
5. Joseph Smith, sa pambungad sa Aklat ni Mormon. Para sa pinalawak na paglalarawan ng pagsasalin ni Joseph Smith sa Aklat ni Mormon, tingnan sa Gospel Topics, "Book of Mormon Translation," topics.lds.org.
6. Binibigyang-liwanag ng lexicon ang bawat salita sa English scriptures para mas maunawaan ng mga translator ang kahulugan ng mga salita. Kadalasan, hindi lang isa ang kahulugan ng mga salita, kaya ang mga translator ay kailangang bumatay sa konteksto, inspirasyon, at pagtutulungan para matukoy ang tamang solusyon. Paminsan-minsan, ang Unang Panguluhan lamang ang nakakasagot sa mga tanong tungkol sa kahulugan ng salita.



**Ni Pangulong Russell M. Nelson**
Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

# MGA SENIOR MOMENT NG MGA Senior Missionary

*Isa sa pinakamaiinam na paraan para makagawa ng pambihirang mga alaala ang mga senior couple ay sa pamamagitan ng pagmimisyon nang magkasama.*

Kapag may nalimutan ang ating mga kaibigang edad 60 o 70 na, madalas ay pabiro nating tinatawag ang pagkalimot na ito na "senior moment." Ngunit gusto kong talakayin ang kakaibang uri ng senior moment—isang sandaling lubhang kahanga-hanga kaya ang alaala nito ay magiging panghabampanahon. Ito ang sandali na natatanto ng senior missionary couple na ginagawa nila ang mismong ipinagagawa sa kanila ng Panginoon. Sa gayong di-malilimutang mga sandali natatanto nila na:

- Habambuhay ang karanasan nilang maibabahagi, at mga talento, kasanayan, at pagkaunawa sa ebanghelyo na magagamit nila para pagpalain ang iba.
- Ang kanilang halimbawa ay pagpapala sa kanilang mga anak at apo.
- Habang naglilingkod sila lumilikha sila ng nagtatagal na mga pakikipagkaibigan.
- Ang kanilang pagsasama bilang mag-asawa ay lalong tumatatag araw-araw.
- Masarap maglingkod sa Kanyang pangalan.

## Nalilikhang mga Sandali

Mga kaibigan kong senior couple, dapat ay nalilikha ang gayong mga sandali para sa marami sa inyo. Isipin ang ikinuwento ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol tungkol sa nagawa ng isang senior couple na naglilingkod sa Chile. Namatay ang magulang ng isa sa mga bata pang elder. Napakalayo ng mission president kaya hindi niya napuntahan kaagad ang missionary.

"Ngunit may isang magiliw [na nasa hustong gulang] na missionary couple na naglilingkod sa lugar na iyon," sabi ni Elder Holland. "Dumating sila at kinausap ang missionary na iyon at magiliw na inalagaan at inalo siya hanggang sa personal na makarating ang mission president. Marami tayong magagaling na mga bata pang missionary sa ating mga mission, ngunit hindi magagawa ng sinumang batang missionary para sa elder na iyon ang nagawa ng mag-asawang iyon."[1]

Ang kasanayang ginamit nila sa sandaling iyon ay simpleng pagpapadama ng habag sa oras ng pangangailangan. Hindi sila nag-alala tungkol sa pagsasalita ng anumang wika maliban sa wika ng pagmamahal na katulad ng kay Cristo. Hindi sila nag-alala tungkol sa nakalagpas na pagdiriwang ng kaarawan ng isang apo o pagbabasbas sa isang sanggol, bagama't mahalaga ang mga kaganapang iyon. Ang ipinag-alala nila ay ang makapunta sa lugar kung saan sila magagamit ng Panginoon para pagpalain ang buhay ng isa sa Kanyang mga anak. At dahil handa silang gawin ito, hinayaan Niya silang katawanin Siya.

## Ang Paglilingkod ay Bihirang Maging Madali

Ang totoo, walang senior missionary na nadadalian sa paglisan sa tahanan. Hindi rin ito naging madali kina

Joseph Smith, Brigham Young, John Taylor, o Wilford Woodruff. Sila man ay may mga anak at apo, at mahal nila ang kanilang mga pamilya tulad natin. Ngunit minahal din nila ang Panginoon at ninais nilang maglingkod sa Kanya. Balang-araw maaari nating makilala ang matatag na mga taong ito na tumulong sa pagtatatag ng dispensasyong ito. Kapag nangyari iyon, magagalak tayo na hindi natin hinangad na magtago samantalang dapat ay naglingkod tayo.

Maaaring gustuhing maglingkod ng ilan habang nasa bahay sila. Matapos atakihin si Aase Schumacher Nelson (walang kaugnayan) at masadlak sa wheelchair, nangamba siya na hindi na matutupad ang matagal na niyang pangarap na magmisyon na kasama ng kanyang asawang si Don. Pagkatapos ay kinausap sila ng isang kapitbahay tungkol sa Church-service mission nito sa bishop's storehouse. Dahil nahikayat, kinausap nila ang isang supervisor sa pasilidad, kinumpleto ang kanilang mga recommendation form, at tinawag na maglingkod nang dalawang araw sa isang linggo sa isang storehouse na malapit sa bahay nila.

"Madaling humiga na lang at isiping, 'Ah, hindi na ako kailangan,'" sabi ni Aase Nelson. "Pero ngayo'y dama ko na kailangan *nga* ako. At naging patotoo iyan sa akin."



*Ninanamnam ng isang mag-asawa sa Seoul, South Korea, ang tamis ng paglilingkod nang magkasama.*

### Talagang Kailangan Kayo

Kung natutukso kayong isipin na hindi kayo kailangan, tinitiyak ko sa inyo na kailangan kayo. Walang mission president sa Simbahan na hindi gugustuhing magkaroon ng dagdag na mga mag-asawang naglilingkod sa kanyang mission. Pinalalakas ng matatanda ang nakababatang mga elder at sister. Naglalaan sila ng suportang tumutulong sa iba na higit na makapaglingkod sa sarili nilang mga responsibilidad. At naiisip ba ninyo kung gaano kahalaga sa isang lider na ilang taon pa lang naging miyembro ng Simbahan ang malapitan nang madali sa matatagal nang miyembro ng Simbahan? Ang mga senior couple ay kadalasang literal na sagot sa mga dalangin ng mga bishop at branch president.

Hinihikayat namin ang mga mission president na maghanap ng mga mag-asawa para matugunan ang mga pangangailangan sa kanilang mission. Dapat maghanap ang mga bishop ng mga mag-asawang maaaring maglingkod. Nakalista sa LDS.org pages ang mga oportunidad para sa mga senior couple. Ngunit higit sa lahat, maaaring lumuhod ang mga mag-asawa at magtanong sa Ama sa Langit kung panahon na para magkasama silang magmisyon. Sa lahat ng kwalipikasyon, maaaring ang *hangaring* maglingkod ang pinakamahalaga (tingnan sa D at T 4:3).

Habang labis kong pinupuri ang ginagawa ng mga senior missionary, alam ko na maraming gustong maglingkod ngunit hindi kaya. Ang mga limitasyong dulot ng edad o hindi magandang kalusugan ay nararapat sa makatotohanang pagtaya, katulad ng mahahalagang pangangailangan ng mga miyembro ng pamilya. Kapag maalab ang hangarin subalit may gayong mga limitasyon, maaaring ibang tao ang gumawa nito para sa inyo, at maaaring kayo ang maglaan ng kailangang pondo.

Mga senior couple, sinuman kayo o saanman kayo naroon, ipagdasal sana ninyo ang oportunidad na ito na magkasamang lumikha ng mga senior moment ng mga senior missionary. Tutulungan kayo ng Ama sa Langit na malaman kung ano ang magagawa ninyo. ■

**TALA**

1. Jeffrey R. Holland sa Joseph Walker, "Elder Jeffrey Holland: LDS Church Desperately Needs More Senior Missionaries," *Deseret News,* Set. 14, 2011, 3.























*Itaas: Ang mga Malmrose ay madalas makipag-usap kay Pangulong Robison para talakayin kung paano gamitin ang kanilang mga talento sa paglilingkod nila sa iba. Itaas: Sinasabi ng mga kabataang missionary na nasa training center sa Accra, Ghana, na ang pagtanggap ng suporta mula kina Elder at Sister Malmrose ay tulad ng pagkakaroon ng pangalawang mga magulang na kasama nilang naglilingkod.*

## MULA SA TAHANAN O MALAYO SA TAHANAN

*Sa paglilingkod mula sa tahanan o malayo sa tahanan, ang mga senior missionary couple ay "pumupunta at tumutulong" sa mga ward at branch, mission office, visitors' center, templo, sa inner-city mission, medical assignment, employment resource center, programa sa self-reliance, addiction recovery program, family history, pagpepreserba ng mga rekord, sa Church Educational System, public affairs, humanitarian services, at marami pang iba. At kailangan pa ng mas maraming mag-asawa.*

# Mga Senior Missionary:

## KAILANGAN, PINAGPALA, AT MINAMAHAL

*Ang paglilingkod bilang mag-asawang missionary ay maaaring mas madaling gawin, hindi magastos, at mas masaya kaysa iniisip ninyo.*

**Ni Richard M. Romney**
Mga Magasin ng Simbahan

### "Puwede ba kayong pumunta at tumulong?"

Ito ang tanong na sinagot na noon nina Gerald at Lorna Malmrose ng Washington, USA. Pumayag sila nang tanungin sila ng kanilang dating bishop, na mission president noon, kung maaari silang maglingkod na kasama niya sa West Indies. Muli silang pumayag nang tawagin sila ng kanilang stake president na gampanan ang isang service mission sa headquarters ng Simbahan sa Salt Lake City, Utah, USA, na ukol sa mga computer at human resources.


Nang tumawag ulit ang dati nilang bishop at mission president na si Reid Robison, sa pagkakataong ito bilang president ng missionary training center sa Accra, Ghana, itinanong niya kung muling tutulong ang mga Malmrose.

"Alam namin na maaari kaming magtiwala sa Panginoon," sabi ni Elder Malmrose. "Kaya't nagpasiya kaming muling magtiwala sa Kanya." Pumayag sila, sinulatan ang kanilang mga recommendation form, natanggap ang kanilang tawag, at hindi nagtagal ay nasa Ghana na sila.

### Paglilingkod Bilang Mag-asawa

Ang karanasan ng mga Malmrose ay nagpapakita ng ilang alituntunin tungkol sa mga senior couple na naglilingkod sa misyon na maaaring hindi nauunawaan ng marami:

- *May dalawang uri ng misyon.* (1) Ang Pangulo ng Simbahan ay tumatawag ng mga senior couple na maglilingkod mula sa kanilang sariling tahanan o malayo sa tahanan. (2) Ang stake president ay tumatawag ng mga Church-service missionary couple para punan ang part-time na pangangailangan ng lugar o ng rehiyon, mula 8 hanggang 32 oras bawat linggo. Sila ay karaniwang naninirahan sa kanilang lugar at naglilingkod ngunit kung minsan ay maaaring maglingkod sa lugar na malayo sa kanilang tahanan.
- *Ang mga mission president ay hinihikayat na maghanap ng mga mag-asawang makakatugon sa mga pangangailangan sa kanilang mission, at maaaring sabihin ng mag-asawa kung saan nila gustong maglingkod.* "Hindi namin sinasabi na maaaring piliin ng mga mag-asawa ang kanilang sariling missionary assignments," paliwanag ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol. "Ang tawag ay tawag pa rin. . . . [Ngunit] kinakausap namin ang ating mga senior couple tungkol sa gusto nilang paglilingkod, at ibinibigay ang lahat ng konsiderasyon at pinapayagan silang maglingkod kung saan at paano nila gustong maglingkod."[1]
- *Pinapayuhan ng mga mission president ang mga mag-asawa kung paano nila pinakamainam na magagamit ang kanilang mga talento at kakayahan.* "Para maging lubos na makabuluhan ang karanasan bilang senior couple," sabi ni President Robison, "kailangang may pagkakataon kayong gawin ang mga



**IHANDA ANG INYONG SARILI**

"Nangangailangan tayo ng marami pang mga senior couple. . . . Ihanda ang inyong sarili. . . . May ilan lamang na mga pagkakataon sa inyong buhay kung kailan maaari ninyong matamasa ang matamis na diwa at kasiyahan ng paglilingkod nang magkasama sa gawain ng Guro."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Sa Pagkikita Nating Muli," *Liahona,* Nob. 2010, 6.**





bagay na gustung-gusto ninyong gawin at kung saan kayo may kasanayan na dama ninyong makakatulong."

Halimbawa, alam ni President Robison na marunong ng French si Elder Malmrose, na makakatulong dahil French ang gamit ng maraming African. "Parang nakinita ko na makakatulong siya sa pag-aasikaso ng biyahe at pagkuha ng mga visa," sabi ni President Robison. "Pero nang naroon na siya, nahiwatigan ko na hindi iyon ang kanyang tunay na interes. Kaya inanyayahan ko siyang gamitin ang nalalaman niya sa computer. Dahil sa kanya nakatipid kami ng maraming oras." Tinutulungan din ni Elder Malmrose ang mga missionary, lalo na ang mga marunong ng French, na ihanda ang mga pangalan at isagawa ang gawain sa templo para sa kanilang pamilya. Si Sister Malmrose, na isang certified medical assistant, ay naatasang makipagtulungan sa mission doctor at nurse.

### Naghahanda Siya ng Paraan

Tulad ng mga Malmrose, natutuklasan ng iba pang mga mag-asawa na kapag nagtiwala sila sa Panginoon, naghahanda Siya ng paraan. Iyan ang nangyari kina Alvin at Corazon Rieta ng Kawit, Cavite, sa Pilipinas.

"Dalawang taon bago kami nagdesisyong maglingkod, sinimulan naming planuhin na nang maigi ang gagawin namin sa negosyo ng aming pamilya," paliwanag ni Elder Rieta. "Ang aming anak na lalaki at anak na babae ay nakatapos na sa kolehiyo at maaari na silang humalili sa amin, pero inisip namin kung sino ang lulutas sa mga problema sa negosyo at kung ano ang magiging reaksyon ng mga kliyente namin sa aming mga plano."

Nag-alala rin si Sister Rieta na maiiwan niya ang kanyang tumatanda nang ina. "Natakot ako na baka mawala siya sa amin habang nasa malayo kami," sabi niya. "Nadama ko rin na parang hindi ko kaya ang hamong magturo ng ebanghelyo."

Kinausap nila ang kanilang bishop at ang isang mag-asawa na naglingkod kamakailan lang sa Davao. "Lahat sila ay nagbigay ng malakas na patotoo na gagabayan ng Panginoon ang bawat mag-asawa na malaman kung paano ayusin ang mga bagay na maiiwan sa kanilang tahanan, ang kanilang pamilya, at ang pondo para sa kanilang misyon," sabi ni Sister Rieta.

"Habang naghahangad kami ng patnubay," sabi ni Elder Rieta, "naglaho ang aming pangamba—naging maayos ang takbo ng aming negosyo sa kabila ng mga pagsubok, nagalak at sumuporta ang mga kliyente, at lalong nagkalapit-lapit ang aming pamilya sa pag-aasikaso sa aming maysakit na ina. Naunawaan na namin na talagang tutulungan kami ng Panginoon."

Ang mga Rieta ay naglilingkod ngayon sa mga miyembro at sumusuporta sa mga lider sa Philippines Cagayan de Oro Mission.

### Marami Kayong *Maaaring* Gawin

Iniisip ng ilang mag-asawa ang tungkol sa pisikal na mga limitasyon, pero hindi ito iniisip nina Keith at Jennilyn Mauerman ng Utah, USA. Ilang taon na ang nakararaan, apat na buwan matapos silang ikasal sa Los Angeles California Temple, nagsundalo si Keith at ipinadala sa labanan. Bilang airborne squad leader, nauna siya sa iba pang mga sundalo sa paglalakad nang biglang sumabog ang isang bombang nakabaon sa lupa. Naputulan siya ng dalawang paa. Nang makauwi na siya, nagmamadaling lumapit sa kanya si Jennilyn.

"Alam ko na hindi ako dapat mag-alala," sabi ni Keith, "dahil walang hanggan ang aming kasal. Buo ang suporta sa akin ng aking asawa. Inaalalayan pa rin niya ako araw-araw."

Nang magretiro si Sister Mauerman, nagpasiya silang magmisyon. Pero magiging problema ba si Elder Mauerman na naputulan ng dalawang paa? "Laging may mga bagay na *hindi* ko kayang gawin," sabi niya, "pero napakaraming bagay akong *maaaring* gawin, alam naming magkakaroon ng lugar para sa amin."

Habang kinukumpleto ang kanilang recommendation forms, nilagyan niya ng tsek ang isang kahon na nagsasaad na naglingkod siya sa militar. Hindi nagtagal nakatanggap sila ng tawag mula sa Church Military Relations. "Mayroon akong ID card na magagamit

para makapasok kami sa mga base-militar, kaya humingi sila ng pahintulot sa amin para mairekomenda kami sa isang military relations mission."

Ang mga Mauerman ay tinawag na maglingkod sa isang base-militar sa North Carolina, USA. Paggunita ni Elder Mauerman: "Nakasaad sa karatula sa gate na, 'Fort Bragg, Home of the Airborne.' Nang batiin kami ng mga guwardiya gamit ang airborne motto na 'All the Way!' iyon ang unang pagkakataon na narinig ko ito sa loob ng maraming taon. Panatag na panatag ako, kahit na noon lang ako nakapasok sa Fort Bragg. Alam ko na ang aming mission call ay lapat na lapat at na iniisip ako ng Panginoon."

"Nagturo kami ng mga lesson tungkol sa pagiging self-reliant at pagbangon matapos dumanas ng pagsubok at tungkol sa pagpapatatag ng pagsasama ng mag-asawa," sabi ni Sister Mauerman. "Noong una ayaw naming ikuwento ang buhay namin, ngunit natuklasan namin na ang pagbabahagi nito ang gumawa ng lahat ng kaibhan. Tiningala kami ng mga sundalo at ng kanilang mga asawa at sinabing, 'Kung magagawa ninyo, magagawa rin namin ito.'"

Ang mga Mauerman ay nagkaroon ng magandang karanasan sa North Carolina kaya hiniling nilang maglingkod na muli. Ngayon ay naglalakbay sila nang mga 40 milya (64 km) mula sa kanilang tahanan sa Orem papunta sa Salt Lake City nang dalawang beses sa isang linggo para maglingkod sa opisina ng Church Military Relations. Tinuturuan din nila ang mga senior couple sa missionary training center sa Provo, kung saan natutuklasan nila na sa bawat grupo ay mayroong isang taong nalampasan ang mga balakid para makapaglingkod.



***Sa pagdaig sa mga problema sa pananalapi, sina Elder at Sister Rieta ay naglilingkod ngayon sa kanilang sariling bansa, sa Pilipinas.***



***Para sa mga Mauerman, ang paglilingkod sa military relations ay talagang para sa kanila. "Parang nasa amin lang kami," sabi nila.***



***Binigyang-inspirasyon na magdala ng ukulele, ginamit ito ng mga Romrell para ibahagi ang pandaigdigang wika ng musika kapag bumibisita sila sa mga tahanan at kumakanta ng mga himno.***


**Mga Wikang Pandaigdigan**

Nang matawag sa Brazil Cuiabá mission, nag-alala sina Randy at Lou Ellen Romrell ng Utah. Bagama't naglingkod si Elder Romrell sa Brazil noong binata pa siya, hindi na niya masyadong alam ang wikang Portuguese. At hindi marunong ng Portuguese si Sister Romrell. Gayunman, ang pag-aaral at pagsisikap ay nakatulong para muling magamit ni Elder Romrell ang Portuguese at para matuto si Sister Romrell. Gayundin ang ukulele.

"Hindi ko planong dalhin ito," sabi ni Sister Romrell, "pero nadama ni Elder Romrell ang inspirasyon, at kamangha-manghang makita ang nagawa nito. Habang nagtuturo kami sa mga investigator at inaasikaso ang muling pagpapaaktibo at pag-fellowship, nakakatuwang gamitin ito para mapakanta ng mga himno ang mga tao. Natutuhan namin ang wika, at malakas ang diwang hatid ng mga himno."

Kahit nagsisimula pa lang siyang matuto ng Portuguese, mahusay na siya sa musika. "Pinag-iisa ng musika ang mga tao," sabi niya. "Kahit hindi ko nauunawaan ang lahat ng sinasabi nila kapag bumibisita kami, kapag kumakanta kami, nagkakaroon kami ng koneksyon." Nang anyayahang magsalita sa paaralan tungkol sa pista-opisyal ng mga Amerikano na Thanksgiving, kumanta ang mga Romrell ng mga himno ng pasasalamat—sa saliw ng ukulele. At gamit din ni Sister Romrell ang isang mas karaniwang instrumento, ang piyano, para saliwan ang mga himno sa simbahan.


At ang Portuguese? "Kahit hindi ka mahusay magsalita nito, nakakatulong ang matuto ng ilang salita," sabi niya. "Ang simpleng pagsasabi ng hello at pagbati sa mga tao ay



## “ANG GUSTO NINYONG MAGING AKO”

“Kapag naiisip ko ang malaking pangangailangan sa mga senior missionary, lagi kong naiisip ang napakagandang himnong ‘Tutungo Ako Saanman’ (*Himno,* blg. 171) at ang mensahe nitong, ‘Susundin ang Inyong utos.’ ”

**Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol.**



## KAILANGAN ANG MGA MAG-ASAWA

“Ang mensahe namin sa lahat ng ating matatandang mag-asawa ay simple: talagang kailangan namin kayo. Ginagawa namin ang lahat para mas maging kumbinyente sa inyo ang pagmimisyon hangga’t maaari. . . . Kailangan kayo ngayon. May mga taong nangangailangan sa inyo. Pakiusap—magmisyon na kayo.”

**Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, *Deseret News,* Set. 14, 2011.**

malayo na ang nararating. Ipaalam mo sa kanila na natututo ka. Gawin itong simple at umasa sa Espiritu.” At ang Espiritu, siyempre pa, ay isa pang wika na kayang maunawaan ng lahat ng tao.

### Paglilingkod sa Tahanan

Sina Paul at Mar Jean Lewis ng Utah ay nakapaglingkod na sa tatlong misyon nang magkasama (Palmyra New York Temple; Hong Kong China Temple; at Croatia, Serbia, at Slovenia sa mga seminary at institute). Naghahanda silang maglingkod sa isa pa nang tanungin sila ng kanilang stake president, “Handa ba kayong maglingkod dito mismo sa sarili nating stake, sa pagsuporta sa mission na nakasasakop sa atin?”

“Bago kami rito, kaya napakagandang pagkakataon,” sabi ni Sister Lewis. “Kasama naming naglilingkod ang mga batang elder at sister, malapit kami sa mission president, nagpupunta kami sa mga district at zone meeting, at nakikipagtulungan kami sa mga ward mission leader.” Binibisita rin nila ang mga investigator at mga di-gaanong aktibo.

“Marami na kaming nakilalang mabubuting tao na hindi sana namin nakilala kung hindi kami nagmisyon,” sabi ni Sister Lewis, “pati na ang ilan na nalihis ng landas. Ang makita silang magbalik, tumanggap ng mga ordenansa, at magpunta sa templo ay isang napakagandang pagpapala.”

“Maraming mag-asawa, kapag iniisip nila ang tungkol sa pagmimisyon, ang nag-aalala kung ano ang gagawin nila sa bahay at kotse nila o ano ang mami-miss nila sa kanilang pamilya,” sabi ni Elder Lewis. “Nakatira pa rin kami sa bahay namin at gamit ang sarili naming kotse. Hinihikayat kaming dumalo sa mga aktibidad ng pamilya, basta hindi ito sagabal sa mga responsibilidad ng missionary. At nakapunta pa kami nang isilang ang isang apo.”



*Habang naglilingkod mula sa tahanan, nasisiyahan ang mga Lewis na makilala ang mga full-time missionary at miyembro ng sarili nilang stake.*



*Binibigyan ng mga Sorensen ang mga bata sa Cook Islands ng maliliit na bato upang ipaalala sa kanila na manatiling “matatag na gaya ng bato kay Cristo.”*

### Mga Pagpapala sa Pamilya

Sa kabilang banda, sinabi nina Jill at Kent Sorensen, na tagaroon din sa stake na iyon, na ang isa sa pinakamaiinam na paraan para mapalakas ang kanilang pamilya ay maglingkod nang malayo sa tahanan. Sabi ni Sister Sorensen, “Isa sa mga pangunahing dahilan ng mga mag-asawa sa hindi pagpunta sa misyon ang mga apo, mga anak na may pamilya na at naghihirap, mga anak na nagdadalantao, mga magulang na matatanda na—kahit ano. Prayoridad ang pamilya, at nangungulila ka sa kanila araw-araw. Ngunit ang pagmimisyon ay may napakagandang mensahe na mahalaga rin ang gawaing misyonero.”

Bukod pa rito, napuna ni Elder Sorensen na, “napakaraming paraan

para makipagbalitaan ngayon na maaari mo silang kumustahin sa lahat ng oras."

Ang buhay missionary ng mga Sorensen ay nagsimula tatlong taon na ang nakalipas, nang hilingin ng kanilang bishop na magdaos sila ng mga buwanang fireside para sa mga mag-asawang nag-iisip na magmisyon. "Matapos itong pag-usapan palagi," sabi ni Sister Sorensen, "nagmisyon na rin kami!" Natanggap nila ang tawag na maglingkod sa Cook Islands, kung saan naglingkod ang mga lolo't lola ni Jill 50 taon na ang nakararaan.

Ngayon, kabilang sa iba pang mga tungkulin, hinihilingan silang magturo ng mga klase ukol sa Biblia sa mga paaralan. "Itinuturo namin si Cristo bilang bato," sabi ni Elder Sorensen. "Binibigyan namin ang mga estudyante ng maliliit na bato at hinihikayat silang manatiling matatag na gaya ng bato kay Cristo. Ngayon saanman kami magpunta, sinasabi ng mga tao, 'Kasintigas ng bato!' kapag nakikita nila kami."





***Sa iba't ibang dako ng mundo, sinasabi ng mga mag-asawa na bukod sa pagtulong sa iba, ang paglilingkod nang magkasama ay nagpapatatag sa kanilang pagsasama at mas inilalapit sila nito sa Ama sa Langit.***

### Halina't Tumulong

Kung iniisip ninyong maglingkod sa full-time mission o sa Church-service mission, lahat ng mag-asawang ito ay itatanong sa inyo ang itinanong ni Pangulong Robison kina Gerald at Lorna Malmrose: "Puwede ba kayong pumunta at tumulong?" At sasabihin nila sa inyo na, anuman ang maging partisipasyon ninyo, nakatitiyak kayo sa pangakong ito: Kailangan kayo, makapag-aambag kayo, at kayo ay pagpapalain at mamahalin. ■

**TALA**

1. "Elder Jeffrey Holland: LDS Church Desperately Needs More Senior Missionaries," *Deseret News,* Set. 14, 2011, deseretnews.com.

## MARAMING PARAAN PARA MAKAPAGLINGKOD

Tingnan ang kasalukuyang mga oportunidad, makinig sa mga kasalukuyang naglilingkod, at hanapin ang sagot sa mga tanong sa lds.org/callings/missionary.

## MAS MADALI KAYSA RATI

Ang flexible na mga patakaran ay pinasisimple ang paglilingkod ng mga mag-asawa.

- Ang mga church-service couple ay maaaring tumira sa bahay nila at maglingkod sa kanilang lugar.
- Ang mga mag-asawa ay maaaring maglingkod sa loob ng 6, 12, 18, o 23 buwan. Maaari silang maglingkod sa ibang bansa nang wala pang 18 buwan kung sila ang magbabayad sa kanilang pagbibiyahe.
- Ang mag-asawa, sa sarili nilang gastos, ay maaaring umuwi sandali, karaniwang sa loob ng 7 hanggang 10 araw, para umuwi dahil sa isang mahalagang kaganapan sa pamilya.
- May limitasyon ang bayad sa upa ng bahay. Ang mga mag-asawa ay magbabayad lang ng takdang halaga para sa tirahan, kabilang na ang upa, ilaw at tubig, at mga kagamitan.
- Ang tirahan ay magiging ligtas at komportable. Ang mga mission o area office ay kumukuha ng mga bahay na malinis, may kagamitan, at hindi kamahalan ang upa.
- Ang iskedyul ay di-gaanong nakakapagod. Ang mga mag-asawa ay hindi inaasahang sumunod sa iskedyul ng oras ng trabaho at mga aktibidad gaya ng mga binata at dalagang missionary.
- Mas madalas ang komunikasyon sa pamilya. Ang mga mag-asawa ay maaaring makipag-ugnayan nang mas madalas sa kanilang pamilya kaysa mga binata at dalagang missionary.



# KAPAG Pumasok ang Pornograpiya sa Tahanan— KAILANGANG KAPWA MAPAGALING ang Mag-asawa

*Nakita ko mismo na maaaring mapagaling ng kapangyarihan ng Tagapagligtas ang mga mag-asawa kapag nakikibaka ang mga lalaki sa pornograpiya.*



MGA PAGLALARAWAN NA GINAMITAN NG MGA MODELO

**Hindi ibinigay ang pangalan**

Sa unang anim na buwan ko bilang bishop, ilang mag-asawa na sa aming ward ang lumapit sa akin at lihim na ipinagtapat ang pakikibaka ng lalaki sa pornograpiya. Sa ilang pagkakataon, nahihirapan ang babae sa pagkabiglang malaman kamakailan lang ang mapanirang lihim; ang iba naman ay ilang buwan o taon nang alam ito.

Nahahabag ako sa bawat isa sa mga mag-asawang ito at nadama ko ang mapagtubos na kapangyarihan ng Tagapagligtas nang payuhan ko nang regular at maingat ang bawat isa sa mga miyembrong lalaki para tulungan silang "iwagwag ang mga tanikala . . . na gagapos sa [kanila] nang mahigpit" (2 Nephi 9:45).

Gayuman, marahil ay sumapit ang pinakadakilang mga pagbuhos ng Espiritu nang makausap ko ang kanilang mga misis. Nalaman ko na, samantalang sariwa pa ang sugat ng ilang kababaihan at ang iba naman ay matagal nang lantad dito, tinitiis ng lahat ng kababaihang ito ang malalim na espirituwal na sakit na sanhi ng mga tanong na tulad ng, "Ano ang nagawa ko para hindi siya maakit sa akin?" o "Bakit niya gustong ipalagay na hindi ako ang kasama niya?"

Dahil ang lalaki ang lumabag, madaling madama ng bishop na ang lalaki ang lubhang nangangailangan ng access sa mga susi para mabuksan ang nagpapagaling na kapangyarihan ng Tagapagligtas, ngunit nalaman ko na ang pangangailangang mapagaling ang pasakit at trauma ng babae ay kasinghalaga ng pangangailangan ng lalaki na mapagaling sa kanyang kasalanan at pagkahumaling sa pagnanasa.

Sa kanyang diskurso sa mga Nephita, isinumpa ng propetang si Jacob ang mga lalaki sa di-tapat na pag-uugali nila sa kanilang mga asawa, na "marami sa kanilang mga damdamin ay [naging] labis na mapagmahal at dalisay at maselan sa harapan ng Diyos, kung aling bagay ay kasiya-siya sa Diyos" (Jacob 2:7). Nagpatuloy siya: "Sinaktan ninyo ang mga puso ng inyong mga mapagmahal na asawa . . . dahil sa inyong masasamang halimbawa sa kanila; at ang mga hinaing ng kanilang mga puso ay nakararating sa Diyos laban sa inyo" (Jacob 2:35). Nasaksihan ko mismo ang mga hinaing na ito. Madalas mangyari ito hindi lamang bunga ng matinding pagdaramdam ng babae sa kataksilang dulot ng paggamit ng pornograpiya ng kanyang asawa kundi bunga rin ng mga salitang mapang-aba at masungit na pag-uugaling madalas lumabas dahil sa paghihirap ng kalooban ng lalaki. Katunayan, karaniwan na sa isang lalaki na nalantad na ang gawi na isisi sa kanyang asawa ang kanyang pag-uugali, na binabanggit ang iba't ibang nagawa o hindi nagawa ng asawa. Ang malungkot, karaniwan din sa babae na magsimulang tanggapin at paniwalaan pa ang mga paratang na ito.

Isang mag-asawang katulad niyon ang naupo sa aking opisina ilang araw lang matapos ibunyag ng lalaki ang pagkalulong niya sa pornograpiya simula pa noong kabataan niya. Habang nakikinig sa isang Relief Society lesson

batay sa mensahe ni Sister Linda S. Reeves sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2014, “Proteksyon Laban sa Pornograpiya—Tahanang Nakatuon kay Cristo,” nakita ng babae sa pamimintas ng kanyang asawa ang marami sa mga ugaling inilarawan ng nagtuturo. Pagkatapos ng lesson, hinarap niya ang kanyang mister at tinanong, at inamin nito ang lihim na napakatagal na nitong itinatago. Ang bumabang pagpapahalaga sa sarili ay pinalala pa ngayon ng matinding hinanakit. Nang una nila akong kausapin, nahirapan silang malaman kung paano pa maipagpapatuloy ang kanilang pagsasama. Tiniyak ko sa kanila na may pag-asa pa, binigyan ko sila ng ilang paunang payo, at saka ko sila inanyayahang bumalik at kausapin ako nang sarilinan.

Kasama ang taimtim na mga panalanging inialay ko sa paghahanda para sa mga pag-uusap na iyon, nirepaso ko rin ang mga mungkahi sa Ministering Resources sa LDS.org, lalo na sa sanggunian sa pagsuporta sa asawa



## PAANO MAKAKATULONG ANG MGA LIDER NG PRIESTHOOD

Kapag tinulungan ng mga lider ang asawa ng mga miyembrong nakikibaka sa pornograpiya, ang mga pagsisikap nilang tiyakin na nadarama ng mga mag-asawang ito na sila ay pinakikinggan at inuunawa ay maaaring kasinghalaga ng anumang payong maibibigay nila. Isipin ang sumusunod na mga mungkahi sa Ministering Resources (ministering.lds.org):

- Magpulong nang regular at sumuporta.
- Bigyang-diin ang kakayahan ng Tagapagligtas na magbigay ng personal na pagpapagaling sa asawa ng taong may problema sa pornograpiya (tingnan sa Alma 7:11 at Mateo 11:28–30).
- Kapag angkop, anyayahan ang indibiduwal na isiping dumalo sa isang support group meeting sa pamamagitan ng programa sa pagdaig sa adiksyon o isang katulad na support group.
- Tulungan ang asawa na maunawaan na maaari siyang tumanggap ng sarili niyang inspirasyon na malaman kung paano magtatakda ng malilinaw na hangganan sa relasyon at sa tahanan.
- Tulungan ang asawa na makakita ng isang mapagkakatiwalaang kaibigan o kapamilya na makapagbibigay ng tuluy-tuloy na makabuluhang suporta.
- Tulungan ang indibiduwal na may problema sa pornograpiya na panagutan ang kanyang mga ginawa at suportahan ang kanyang asawa.
- Isiping pasangguniin ang asawa ng taong may problema sa pornograpiya sa isang propesyonal na makakatulong o makakapagpayo. Tukuyin ang lokal na mga sanggunian na naglalaan ng mga serbisyong naaayon sa mga alituntunin ng ebanghelyo.



*Ibaba: Nanlumo nang husto si Kerri nang malaman niya ang hamong kinakaharap ng kanyang asawa ukol sa pornograpiya, ngunit nagkaroon siya ng pag-asa at napagaling sa pamamagitan ni Jesucristo at ng Kanyang Pagbabayad-sala.*



ng mga may problema sa pornograpiya, kung saan nabasa ko ang sumusunod: "Ipadama ang pagmamahal at malasakit mo para sa babae, gayundin sa kanyang asawa. Linawin sa babae na hindi siya mananagot sa paggamit ng pornograpiya o maling pag-uugali ng kanyang asawa at hindi siya inaasahang tiisin ang mapang-abusong pag-uugali nito."

Nang kausapin ko ang babaeng ito, sinunod ko ang payong ito at dinagdagan ito ng pagtiyak na hindi siya ang dahilan kaya iyon ginawa ng kanyang asawa, ni ang anumang bagay na kanyang nagawa o hindi nagawa, kundi sa halip ay ang sariling pagtatalo ng kalooban ng kanyang asawa. Namasdan ko ang matinding ginhawa at kaaliwan na bumalot sa kanya nang maunawaan niya ang mga salitang ito at madama ang pagpapatibay ng Espiritu na totoo talaga ito. Pagkatapos ng interbyu, itinanong niya kung bibigyan ko siya ng basbas ng priesthood. Natanto ko na ako lang ang mahihingan niya ng gayong basbas, dahil mas gusto niyang ilihim ang kanyang sitwasyon sa pamilya at mga kaibigan.

Para matulungan siyang gumaling, inanyayahan ko ang lalaki na dumalo sa isang local Latter-day Saint addiction-recovery group, at hinikayat ko ang babae na dumalo sa katumbas na grupo para sa mga asawa at mga miyembro ng pamilya. Ikinuwento niya sa akin ang kapanatagang nadama niya nang makausap niya ang iba pang kababaihan na naunawaan ang kanyang pagdurusa at ang pag-asang dulot nito sa kanya na makita ang mga mag-asawang nagdaan sa gayon ding pagsubok at magkasama itong nalagpasan.

Ilang buwan na ngayon ang nakalipas simula nang una kong kausapin ang mag-asawang ito, at nag-ibayo ang aking pagmamahal at malasakit para sa kanila dahil sa marami naming pag-uugnayan. Samantalang nauunawaan ko na sa patuloy na pagtahak nila sa landas ay magkakaroon sila ng mga problema, nagagalak akong malaman na sa bawat nadagdag na buwan ay napalaya ng lalaki ang kanyang sarili mula sa pagnanasa at pornograpiya at nakita niyang nag-ibayo ang pagpapahalaga at tiwala sa sarili ng kanyang asawa, na kitang-kita naman.

Sa mga huling interbyu sa kanila, ang hirap at luha sa nauna naming mga paguusap ay napalitan ng madalas na mga ngiti at maging ng tawanan. Ngunit marahil ang pinakamagandang kinahinatnan nito ay ang pag-asa—pag-asa na hindi lamang maaaring magpatuloy ang kanilang pagsasama kundi maaari din itong gumanda at magpadakila.

Alam ko na, sa kasamaang-palad, hindi lahat ng mag-asawa ay dumaranas ng gayong resulta. Ang ilang pagsasama ay maaaring mabigo kapag ang may problema sa pornograpiya ay tumangging magbago. Gayunman, anuman ang landas na piliing tahakin ng lalaki, nalaman ko na ang payo na pagsilbihan ng lalaki ang kanilang asawa ay binigyang-inspirasyon. Umaasa ako na hindi madarama kailanman ng sinumang babae na nasa ganitong sitwasyon na siya ay kinaliligtaan, hinuhusgahan nang mali, o hindi nauunawaan ng kanyang bishop. Ang pagtulong ng bishop ay isang mahalagang daluyan kung saan ipinapakita ng Tagapagligtas ang Kanyang kapangyarihan na lubos na pagalingin ang bawat puso—maging ang mga "nasugatan nang malalim" (Jacob 2:35). ■



## PAYO AT ALIW SA MGA ASAWA

"Kami bilang mga lider ay labis na nag-aalala sa mga asawa at pamilya ng mga taong dumaranas ng adiksyon sa pornograpiya. Elder Richard G. Scott ay nagsumamo: "Kung wala kayong malubhang kasalanan, hindi ninyo kailangang pagdusahan ang bunga ng mga kasalanan ng iba. . . . Mahahabag kayo. . . . Gayunma'y hindi ninyo dapat akuin ang responsibilidad sa mga pagkakasalang iyon." Dapat ninyong malaman na hindi kayo nag-iisa. Mayroong tutulong. Mayroong mga pulong tungkol sa pagdaig sa adiksyon para sa mga asawa, kabilang ang mga phone-in meeting, na nagtutulot sa asawa na gumamit ng telepono sa isang miting at makibahagi mula sa sarili nilang tahanan."

**Linda S. Reeves, pangalawang tagapayo sa Relief Society general presidency, "Proteksyon Laban sa Pornograpiya—Tahanang Nakatuon kay Cristo," *Liahona,* Mayo 2014, 16–17.**

# Mga Bantay SA TORE

"Ako'y naglagay ng mga bantay sa iyong mga kuta, Oh Jerusalem, sila'y hindi magsisitahimik kailan man sa araw o sa gabi: kayong mga mapagalaala sa Panginoon, huwag kayong mangagpahinga."
Isaias 62:6

**Mga Bantay**

Ang mga bantay ay mga sundalong nakadestino sa isang pader o sa isang tore para magmatyag at magbabala kapag may paparating na panganib. Binabayaran sila para protektahan ang mga lungsod gayundin ang mga ubasan, bukirin, o pastulan.



**Uri ng mga Tore**

**Ang mga tore sa mga kuta o pader ng lungsod** ay karaniwang itinatayo sa mga pintuang-bayan o sa mga sulok (tingnan sa II Mga Cronica 26:9). Ang mga tore kapwa sa pintuang-bayan at sa sulok ay mataas ang kinalalagyan para matanaw ang paparating na panganib at maiwasan ang mga pagsalakay ng kaaway (tingnan sa II Mga Cronica 26: 15).

Ang **mga moog o matataas na tore** ay karaniwang mga freestanding structure na itinayo sa mataas na lupa o sa ibang magagandang lokasyon. Kung minsan ay sapat ang laki ng mga ito para maging huling kanlungan ng buong populasyon ng lungsod kapag sinasalakay sila noon (tingnan sa Mga Hukom 9:46–52).

Ang **mga tore sa mga ubasan, bukirin, o pastulan** ay maliliit na gusaling itinayo para protektahan ang mga pananim at kawan ng mga baka mula sa mga magnanakaw at hayop (tingnan sa II Mga Cronica 26:10; Isaias 5:2; 27:3). Kadalasan, may isang silid sa ibaba nito na pinagtataguan ng mga kasangkapan.



**Mga bantay sa tore:**

**Mataas ang kinalalagyan.** Bilang tinawag at awtorisadong mga lingkod ng Diyos, ang mga propeta ay nakahiwalay sa mundo, mas malapit sa Kanya, at pinapayagang makita ang mga bagay mula sa mas makalangit na pananaw.

**Nakikita ang mga bagay na hindi nakikita ng iba.** "Maaaring malaman ng tagakita ang mga bagay na nakalipas na, at gayon din ang mga bagay na mangyayari pa lamang, at sa pamamagitan nila ay ipahahayag ang lahat ng bagay, o, sa lalong maliwanag, ang mga lihim na bagay ay maipaaalam, at ang mga nakatagong bagay ay malalagay sa liwanag, at ang mga bagay na hindi pa nalalaman ay ipaaalam nila, at ang mga bagay rin na hindi sana malalaman ay maipaaalam nila" (Mosias 8:17).

**Laging nagmamatyag.** Ang mga propeta ay may banal na tungkuling bigyan tayo ng babala tungkol sa nagbabantang mga panganib, at patuloy nilang gagawin ito anuman ang opinyon ng mga tao o mga kalakaran sa lipunan.

**Nagbababala tungkol sa mga bagay kahit malayo pa ito.** "Binabatikos ng isang propeta ang kasalanan at inihahayag niya ang kahihinatnan nito. Isa siyang tagapangaral ng kabutihan. May mga pagkakataon na ang mga propeta ay binibigyang-inspirasyon na maghayag ng mangyayari sa hinaharap para sa kapakinabangan ng sangkatauhan" (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Propeta," lds.org/scriptures/gs).

**Nag-aalok ng kaligtasan at proteksyon.** Sa pagsunod sa mga babala ng propeta, magkakaroon tayo ng kaligtasan at maiiwasan natin ang mga kalamidad na maaaring dumating sa atin, sa bawat isa o sa pangkalahatan, kung hindi tayo susunod. ■



MGA LARAWAN NG TORE, BACKGROUND © ISTOCK/THINKSTOCK; *SI CRISTO NA NAKASUOT NG PULANG BATA,* NI MINERVA K. TEICHERT

### ANG TUNGKULING MAGBANTAY



"Sa paglipas ng mga siglo, natupad ng mga propeta ang kanilang tungkulin kapag binalaan nila ang mga tao tungkol sa mga panganib na darating. Ang mga Apostol ng Panginoon ay may tungkuling bantayan, balaan, at tulungan ang mga naghahanap ng sagot sa mga tanong ng buhay."

**Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Diyos ang Namamahala," *Liahona,* Nob. 2015, 25.**

### MGA KATOTOHANAN SA BIBLIA



Sa Lumang Tipan, kung minsan ay ikinukumpara ang Panginoon sa isang moog o mataas na tore ng kanlungan (tingnan sa Mga Awit 18:2; 61:3; Mga Kawikaan 18:10; II Samuel 22:3), at kung minsan ay ikinukumpara ang mga propeta sa mga bantay (tingnan sa Isaias 62:6; Jeremias 6:17; Ezekiel 3:17; 33:7; Oseas 9:8; Mikas 7:4).

"Ginawa kitang bantay sa sangbahayan ni Israel: kaya't pakinggan mo ang salita sa aking bibig, at ipanguna mo sa kanila sa ganang akin" (Ezekiel 3:17; tingnan din sa Ezekiel 33:1–7).

# IKALAWANG PAGKAKATAON

Noong una ko siyang makilala, hawak ko ang biyolin ko.

Hilahod siyang lumakad palapit sa akin habang naglalakad ako papunta sa kantina, at tumatama ang lalagyan ng biyolin ko sa aking binti.

"Biyolin," sabi niya habang papalapit siya.

"Opo," sabi ko.


Noon lang ako nakipag-usap sa isang taong may kapansanan at hindi ko alam kung ano pa ang sasabihin ko. Sinundan niya ako hanggang sa aking mesa at umupo siya sa tabi ko, na nakaturo sa lalagyan ng aking biyolin.

"Biyolin," muli niyang sinabi.

Binuksan ko ang lalagyan ko at nagningning ang kanyang mga mata. Mabigat ang kamay na kinalabit niya ang mga kuwerdas nito. Kumabog ang puso ko dahil naisip kong baka mapatid ang kuwerdas ng biyolin ko, at maingat kong isinara ang lalagyan. Niyakap niya ako bago siya umalis.

Madalas ko na siyang makita pagkaraan nito.

"Biyolin," sabi ng William habang papalapit siya.



Tuwing makikita niya ako, niyayakap niya ako at hinahalikan ang tuktok ng ulo ko.

Sa natitirang mga araw sa high school, palagi kong sinisikap na umiwas sa kanya kapag nakikita kong paparating na siya. Kapag nakikita niya ako at niyayakap at binabasa ng halik, pinagbibigyan ko siya na may pilit na ngiti at saka ako mabilis na lumalayo nang walang imik.

"Hay, naku," bulong ko nang makita ko siya sa huli kong orchestra concert noong high school. Pagkatapos ng concert, lumapit siya sa kinatatayuan ko na kasama ang mga kaibigan ko sa labas ng awditoryum.

Umatras ang mga kaibigan ko nang lapitan niya ako na nakangiti, na bukas ang mga bisig para yumakap.

"William!"

Lumingon ako at nakita ko ang isang babaeng tumatakbo palapit sa amin.

"Sori," sabi niya, at ikinawit ang kanyang bisig kay William. "Gustung-gusto ni William ang biyolin. Nakiusap siyang dalhin ko siya sa concert na ito ngayong gabi. Halika na, mahal ko."

Noon ko lamang natanto na hindi ko man lang nalaman ang kanyang pangalan. Nakilala ko si William dalawang taon na ang nakalipas pero maraming oras ang ginugol ko sa pag-iwas sa kanya kaya hindi ko man lamang sinikap na talagang makilala siya. Habang pinagmamasdan ko ang pag-alis ni William at ng kanyang ina, nakadama ako ng matinding kahihiyan.

Pagkaraan ng maraming taon, nang makapag-asawa na ako, nagsilang ako ng isang makisig na batang lalaki na may Down syndrome na pinangalanan naming Spencer. Madalas kong maisip si William kapag nakatingin ako sa anak ko, at naisip ko kung ganoon din ang mararanasan ni Spencer. Iiwasan ba siya ng mga tao dahil sobra siyang makahalik o higpit yumakap? Maiilang ba ang mga kaedad niya dahil sa kanyang mga limitasyon?

Noong apat na buwan na si Spencer, dinala ko siya sa aming lokal na ospital para patingnan sa doktor. Habang ibinababa ko siya sa kotse, nakita ko ang dalawang taong palabas ng ospital. Hindi ako makapaniwala na iyon si William at ang kanyang ina.

"William!" sigaw ko nang malapit na kami, at kumakabog ang puso ko.

"Hi!" Mabagal siyang tumawid sa parking lot, na may maaliwalas na ngiti sa kanyang mukha. Iniabot niya ang kanyang kamay at masigla akong kinamayan.

"Kumusta ka na?" tanong ko sa kanya.

"Biyolin," sabi niya, habang nagniningning ang kanyang mga mata.

*Biyolin*. Naalala rin niya ako. "Oo," napalunok ako habang mangiyak-ngiyak na tumatawa, "Ako ang tumugtog noon ng biyolin."

Habang nag-uusap kami, may dasal sa aking puso na nagpapasalamat sa magiliw na awa ng mapagmahal na Ama sa Langit na nakakaalam kung gaano ko kagustong makitang muli si William. Nagpapasalamat ako na nakita ako ng Diyos—isang inang nakikibaka sa problema sa kalusugan ng aking anak at nag-aalala sa kanyang kinabukasan—at binigyan ako ng karanasan na nagpaalala sa akin na alam Niya ang nangyayari sa atin. ■

Kaylee Baldwin, Arizona, USA

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS



Narinig ko ang kalansing ng tila walang-katapusang barya nang ilagay ito ng babae sa counter para bayaran ang binili niya.

# PUNTAHAN MO SIYA AT TULUNGAN

Nakapila ako sa isang gasolinahan. Sa harapan ko, isang ina na may dalawang maliliit na anak ang humingi ng $3 na halaga ng gasolina at dalawang vanilla ice cream cone.

Sa unang tingin nakita ko na kapos sila. Walang sapin sa paa ang mga bata at gula-gulanit ang suot nila.

Narinig ko ang kalansing ng tila walang-katapusang barya nang ilagay ito ng babae sa counter para bayaran ang binili niya.

Matapos kong bayaran ang gasolina, lumabas ako at sumulyap sa kotse ng ina. Mas lumang modelo iyon na malamang na magastos na sa gasolina.

Naawa ako sa inang ito ng dalawang bata, pero pinaandar ko ang motorsiklo ko at umalis na ako.

Wala pang isang minuto akong gumagaygay sa highway, narinig ko ang isang tinig: "Puntahan mo siya at tulungan." Dalawang beses dumating ang pahiwatig.

Umiling-iling ako, na iniisip na malamang na nakaalis na siya. Ano naman ang sasabihin ko sa kanya?

Malinaw na dumating ang tinig sa ikatlong pagkakataon: "Puntahan mo siya at tulungan!"

Pumihit ako pabalik sa gasolinahan, na iniisip ang sasabihin kung sakaling naroon pa nga siya.

Pagdating ko, nakita kong nakabukas ang mga pintuan ng kotse niya. Nakaupo siya sa driver's seat, at masayang kinakain ng dalawang anak niya ang ice cream nila.

Nag-alay ako ng maikling panalangin, na hinihiling sa Ama sa Langit kung ano ang dapat kong sabihin. Sinabi sa akin ng tinig ding iyon, "Magpakilala ka at itanong mo kung kailangan niya ng tulong." Lumapit ako sa kotse niya at nagpakilala. Ikinuwento ko sa kanya na naisip kong tanungin siya kung kailangan niya ng tulong.

Nagsimula siyang umiyak at sinabing, "Katatapos ko lang manalangin kay Jesus, at hiniling kong magsugo Siya ng taong tutulong sa akin."

Nasagot ng Ama sa Langit ang kanyang panalangin. Pinapunuan ko ang kanyang tangke ng gasolina at ibinigay sa kanya ang numero ng telepono ng isang tao sa aming elders quorum na naghahanap ng mga gustong magtrabaho noon. Hindi ko alam kung ano ang nangyari sa bata pang inang ito pagkatapos niyon, pero nagpapasalamat ako na sinunod ko ang pahiwatig na tulungan siya. ■

Thomas Robbins, California, USA

PAGLALARAWAN NI STAN FELLOWS

# HUWAG KANG MAGPAPUTOK!

Naupo kami ni Bob sa aming police car, at naghintay kung may kakaibang galaw sa lansangan. Dalawang oras na kaming nagbabantay roon matapos maispatan ang kotseng binanggit sa isang police radio alert.


"May nakawang nangyayari," sabi sa alert. "Dalawang lalaki, parehong armado. Nakita silang nakasakay sa isang kotseng kulay-orange. Sabi ng mga saksi malupit ang mga lalaki at handang makipagbarilan."

Sunud-sunod ang armadong nakawan sa lugar kamakailan, pero anuman ang gawin namin, paulit-ulit na nakatakas ang mga magnanakaw. Hindi ko na inisip ang mga ito nang makita ko ang dalawang tao na lumabas ng bahay sa madilim na kalye at mabilis na sumakay sa kotseng kulay-orange. Papunta na sila sa direksyon namin.

"Magpadala kayo ng backup unit," sabi ko. "Pahilaga ang mga suspect mula sa kinaroroonan namin."

Ang backup namin, na dalawang pulis na hindi nakauniporme at sakay ng isang karaniwang kotse, ay inunahan ang kotse habang nakasunod kami ni Bob. Nang makapasok

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS



Sa kabila ng tensyon ng sandaling iyon, may narinig akong tinig. Panatag iyon pero makapangyarihan at malakas: "Huwag Kang Magpaputok."

sa isang tulay ang tatlong sasakyan namin, biglang tumigil ang backup namin nang pahalang sa harap ng kotseng kulay-orange at pumarada kami sa likod nito, at nagipit namin ang mga suspect. Halos agad-agad, tumigil ang kotse at yumuko at nagtago ang dalawang tao sa kotse nila.

"Lumabas kayo ng kotse na nakapatong ang mga kamay sa ulo ninyo!" pag-utos ko nang lumabas ako ng kotse. Walang tumugon.

Habang naghahandang magpaputok, muli kong iniutos, "Lumabas kayo ng kotse na nakapatong ang mga kamay sa ulo ninyo. Ngayon na!"

Biglang tumayo ang drayber at pumihit sa akin. Nakita kong kuminang ang isang nikeladong bagay sa mga kamay niya.

Idinikta ng aking police training at sentido komun na magpaputok para iligtas ang buhay ko. Ngunit sa kabila ng tensyon ng sandaling iyon, may narinig akong tinig. Panatag iyon pero makapangyarihan at malakas: "Huwag kang magpaputok."

Inasahan kong mabaril anumang sandali, pero hinintay kong maunang magpaputok ang nasa kotse. Sa halip, itinaas ng drayber ang kanyang mga kamay, itinaas sa kanyang ulo ang isang bagay na mukhang baril, at ibinaba ang kanyang mga kamay sa kanyang kandungan.

"Huwag kang kikilos!" sabi ko habang nagmamadali akong nagpunta sa kotse. "Huwag kang gagalaw!"

Parang palabas sa TV ang sandaling iyon—hanggang sa matanto ko na ang matitigas na kriminal sa kotse ay dalawa palang takot na takot na dalagita. Ang inakala kong baril ay seat-belt buckle lang pala.

Hindi naglaon at nalaman namin na ipinahiram pala ng mga dalagita ang kotse sa mga boyfriend nila. Wala silang kaalam-alam kung anong klaseng mga lalaki sila.

"Akala ko patay ka na, Cal!" sabi sa akin ni Bob kalaunan. "Muntik na akong magpaputok. Hindi ko alam kung bakit hindi ko iyon itinuloy."

Iyon din ang sabi ng dalawang pulis na sakay ng karaniwang kotse, kahit ako lang ang nakarinig sa tinig. Alam ko na kapangyarihan lamang ng langit ang nakapagligtas sa dalawang dalagitang iyon mula sa kamatayan at pumigil sa apat na pulis na makagawa ng malaking pagkakamali. Ang karanasang ito ay nagbigay sa akin ng tiyak na kaalaman na kayang mamagitan at mamamagitan ang ating Ama sa Langit para sa ating kapakanan. ■

Hindi ibinigay ang pangalan

# TURUAN MO SILANG BASAHIN ANG AKLAT NI MORMON

Noong naglilingkod kami sa Geneva Switzerland Mission, tinawag ako at itinalagang maging branch president, at tinawag ang asawa ko bilang Relief Society president. Magkasama kaming nagtrabaho nang buong lakas upang muling pasiglahin ang nahihirapang branch. Bagama't inorganisa ito noong 1960s, matagal nang walang nabibinyagan sa branch at 15 taon na silang hindi nagpapadala ng mga missionary sa mission field.

Malinaw na kailangan namin noon ang tulong ng Panginoon para malutas namin ang napakaraming paghihirap na kinakaharap ng branch. Matapos kong ipagdasal ang mga hamon ng branch, sinabi sa akin ng Espiritu ng Panginoon, "Turuan mo ang mga miyembro na basahin ang Aklat ni Mormon, at ikaw ay magtatagumpay."

Agad-agad, gumawa kami ng mga planong papangakuin ang lahat ng miyembro na simulang basahin ang Aklat ni Mormon.

Pambihira ang sumunod na mga resulta. Nagbalik ang kapayapaan at Espiritu sa branch. Maraming pamilyang sumapi sa Simbahan. Dahil nahikayat ng hangaring maglingkod, isang binata ang nagmisyon. Napatatag ang ilang mag-asawang nahihirapan sa kanilang pagsasama, at mas napalapit ang mga pamilya sa isa't isa. Patuloy sa pag-unlad ang branch na ito ngayon.

Nasasaksihan mismo namin at ng mga miyembro ng branch ang mahimalang kapangyarihan ng Aklat ni Mormon. Tunay ngang ito ang saligang bato ng ating relihiyon at ng ating patotoo sa ebanghelyo at kay Jesucristo. Mahal namin ito nang buong puso. Pinagmumulan ito ng walang-katapusan at di-mababagong kaalaman.

Itinuro sa amin ng karanasang ito na ang Aklat ni Mormon ang pinakatiyak na paraan para matulungan ang ating mga kapatid na lumabas mula sa espirituwal na kadilimang bumabalot sa mundo. Ang aklat na ito ay naghahatid ng kapayapaan, kagalakan, kaligayahan, at matinding hangaring sundin ang Tagapagligtas na si Jesucristo. ■

Emilien Rioux, Quebec, Canada

# Pagkilala sa mga Panghuhuwad ni Satanas

Ni Dennis C. Gaunt

**Kapag naharap tayo sa espirituwal na mga panghuhuwad, matutulungan tayo ng Aklat ni Mormon na malaman kung ano ang totoo at kung ano ang hindi.**

Inilalagay ko noon ang mga U.S. dollar bill sa pitaka ko habang nasa tindahan ng groseri nang may napansin ako sa isang perang papel. Naisip ko na ang kulay-berde nito ay mas mapusyaw kaysa sa iba, kaya't lalo kong sinuri ito. Pagkatapos napansin ko na ang larawan ni Pangulong George Washington ay hindi ganoon kalinaw. Maging ang salat ng papel ay hindi tama. Huwad pala ang perang iyon! Pinalitan iyon ng clerk ng tunay na dollar bill at ibinigay niya ang huwad na pera sa store manager.

Lagi ko nang naiisip ang tungkol sa huwad na dollar bill simula noon. Naisip ko kung gaano na ito katagal sa sirkulasyon at ilang tao na ang nalinlang nito sa paglipas ng mga taon. Sa katunayan, kung hindi ko iyon binigyan ng pansin, pati ako ay maaaring nalinlang din. Ngunit sa paghahambing nito laban sa bagay na tunay at pagtutuon ng pansin sa mga pagkakaiba sa halip na sa mga pagkakatulad, nasabi kong huwad iyon.

Ang Aklat ni Mormon ay puno ng mga halimbawa ng espirituwal na manlilinlang, na sumunod sa mga pamamaraan ni Satanas sa pagsisinungaling at panlilinlang sa iba para sa kanilang sariling kapakinabangan. Sa pag-aaral ng kanilang mga panlilinlang at taktika, napupuna natin ang kanilang mga pagkakamali tulad ng paraan ng pagsasanay sa ating mga mata na mapansin ang kaibhan ng tunay at ng huwad na pera. Kapag lalo nating sinanay ang ating mga mata na matukoy ang mga pagkakaiba, lalo tayong magiging handang mailantad ang mga manlilinlang ngayon at labanan ang kanilang mga kasinungalingan.

## Pagtitipon ng Katalinuhan Tungkol sa mga Panghuhuwad ni Satanas

Hangad ni Satanas na akayin tayo sa pamamagitan ng kanyang sariling estilo ng espirituwal na panlilinlang, at kung hindi tayo maingat, tayo ay malilinlang. Nagbabala si Pangulong Joseph F. Smith (1838–1918): "Si Satanas ay napakahusay na manggagaya, at habang patuloy ang pagdagsa ng tunay na katotohanan ng ebanghelyo, ikinakalat niya ang mapanlinlang na mga maling doktrina. Mag-ingat laban sa kanyang huwad na pera, wala itong ibang idudulot kundi kabiguan, kalungkutan, at espirituwal na kamatayan."[1]

Ang pinakamabisa nating panlaban para hindi malinlang ng mga panghuhuwad ni Satanas ay ang maging pamilyar hangga't maaari sa mga katotohanan ng ebanghelyo. Kapag mas lubos nating nalaman ang katotohanan, mas madaling makikita ang mga pagkakaiba kapag inilahad sa atin ni Satanas ang kanyang mga panghuhuwad. Kaya kapag ginawa niya iyon, kailangan nating hanapin ang mga pagkakaiba at hindi ang mga pagkakatulad, tulad ng ginawa

MGA LARAWANG KUHA NG ISTOCK/THINKSTOCK



ko sa aking mga perang dolyar, dahil doon lagi mabubunyag ang mga kasinungalingan.

Itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994): "Inilalantad ng Aklat ni Mormon ang mga kaaway ni Cristo. . . . Ang Diyos, sa kanyang walang-hangganang kaalaman noon pa man, ay hinubog nang gayon ang Aklat ni Mormon upang makita natin ang mali at malaman kung paano dadaigin ang mga maling konsepto sa edukasyon, pulitika, relihiyon, at pilosopiya ng ating panahon."[2]

Ngayon ay nakikipagdigmaan tayo kay Satanas. Tulad ng alinmang hukbo, kailangan nating malaman kung ano ang plano ng kaaway. Ang pag-alam kung kailan at saan sasalakay ang kaaway, halimbawa, ay napakahalagang impormasyon. Iyan ang dahilan kung bakit ang pagtitipon ng gayong uri ng impormasyon ay tinatawag na "pagtitipon ng katalinuhan." Kapag kilala natin ang ating kaaway tayo ay magiging mas matalino kaysa sa ating kaaway. Ang Aklat ni Mormon ay makatutulong sa atin sa "pagtipon ng katalinuhan" ukol sa mapanlinlang na mga pamamaraan ni Satanas.

## Ang Mapanghibok na Pananalita ay Mapanlinlang

Mahigit kalahati sa mga mapanlinlang sa Aklat ni Mormon ang gumamit ng mapanghibok na salita at mapanghalinang personalidad upang makamit ang kanilang mga mithiin. Halimbawa, si Sherem ay may "ganap na kaalaman tungkol sa wika ng mga tao; anupa't nakagagamit siya ng labis na panghihibok, at labis na mapanghikayat na pananalita, alinsunod sa kapangyarihan ng diyablo" (Jacob 7:4). Ang masasamang saserdote ni Haring Noe ay nangagsalita ng "walang kabuluhan



*"Kaakit-akit at kapansin-pansin ang malambing na tinig [ni Satanas]. … Walang makikinig sa tinig ni Satanas kung marahas ito o mabagsik."*

at mapanghibok na salita" (Mosias 11:7), na naging dahilan para ang mga tao ay sumamba sa mga diyus-diyusan at sa iba pang kasamaan. Ganoon din ang nangyari kay Korihor sa kanyang panahon, "inaakay palayo ang puso ng marami" (Alma 30:18). Ginamit nina Amalikeo at Gadianton ang kakayahan nilang manlinlang para makabuo ng hukbo ng masasamang alagad (tingnan sa Alma 46:10; Helaman 2:4).

Hindi ito nagkataon lang. Ang panghihibok ay mababaw, hindi tapat, hungkag, at labis-labis. Nagbabala si Nephi tungkol sa mga taong "magtuturo sa ganitong pamamaraan, mali at palalo at mga hangal na doktrina, at magiging mapagmataas sa kanilang mga puso, at maghahanap ng kalaliman upang ikubli ang kanilang mga payo mula sa Panginoon; at ang kanilang mga gawain ay nasa dilim" (2 Nephi 28:9).

Ang panghihibok ay madalas gamitin para manlinlang; ito ay karaniwang may masamang motibo o nakatagong adyenda. Ang panghihibok ay tungkol sa estilo ng pagkasabi kaysa sa sinabi mismo, at malakas ang epekto nito sa kapalaluan at pagmamataas sa kalooban ng likas na tao. Gayunman, sinasabi ng mga propeta ng Panginoon ang simple ngunit mahahalagang katotohanan na *kailangan* nating marinig.

Panghihibok ang wikang gamit ni Satanas. Si Pangulong James E. Faust (1920–2007), Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ay nagpaliwanag: "Madalas ay makatwiran ang sinasabi [ni Satanas] at napakadaling paniwalaan ng kanyang mensahe. Kaakit-akit at kapansin-pansin ang malambing niyang tinig. Hindi ito matigas o nakayayamot. Walang makikinig sa tinig ni Satanas kung marahas ito o mabagsik."[3]

Kapag ang mundo ay may inilalahad sa atin na ideya, pilosopiya, o opinyon na tila paraan lamang para akitin ang ating kapalaluan o pagmamataas o parang napakabuti para magkatotoo, dapat maging babala iyon kaagad sa atin. Isiping huwad o mapanlinlang ang mga ideyang iyon. Ihambing ito sa mga katotohanang itinuturo ng mga propeta ng Panginoon. Hanapin ang mga pagkakaiba, hindi ang pagkakatulad, at magiging malinaw ang mapanlinlang na mga ideya.

## Nehor—Isang Bantog na Manlilinlang

Malayang ginamit ni Nehor ang pamamaraan ng panghihibok ni Satanas. Suriin natin siya bilang isang case study ng isang espirituwal na manlilinlang. Si Nehor, na ang doktrina ay tila tanggap ang ideya ng isang manunubos, ay isang popular at kahalihalinang mangangaral sa mga Nephita. Nagkaroon ng maraming tagasunod si Nehor sa pagtuturo na "ang buong sangkatauhan ay maliligtas sa huling araw" at "magkaroon ng buhay na walang hanggan" (Alma 1:4).

Nakikita ba natin kung bakit ang mensahe ni Nehor ay labis na kaakitakit? Itinuro niya ang tungkol sa isang relaks at panatag na Diyos—isang Diyos na, dahil mahal Niya ang lahat, ililigtas Niya ang bawat-isa, kahit ano pa ang mangyari. Kaya't magpatuloy at gawin ang gusto ninyo, dahil mabuti ang lahat ng ito. Ito ay kaakitakit na pilosopiya na tanggap ng mga tao noong panahon ni Nehor (tingnan sa Alma 1:5) tulad ng maraming tao ngayon. Isang libreng tiket papunta sa langit na halatang gustung-gusto ng mga tao.

Kung gayon ano ang problema sa mensahe ni Nehor? Tingnan nating muli ang mga pangunahing punto ng kanyang argumento:

- Nilikha ng Diyos ang lahat ng tao—totoo.
- Mahal ng Diyos ang lahat ng tao—totoo.
- Hindi tayo dapat matakot sa Diyos—totoo.
- Dapat tayong magalak sa ideya ng kaligtasan—totoo.

Kung titingnan natin, malaki ang pagkakatulad ng itinuro ni Nehor at ng mga katotohanan ng ebanghelyo. Ngunit alalahanin—tulad ng mga huwad na pera, kailangan nating hanapin ang mga pagkakaiba, hindi ang mga pagkakatulad. Kaya tingnan natin ang huling punto ni Nehor:

- Ipagkakaloob ng Diyos sa lahat ang buhay na walang hanggan—mali!

Ngayon, narito ang mahalagang kaibhan na nagsasabi sa atin na si Nehor ay isang espirituwal na manlilinlang. Ang kaligtasan mula sa kamatayang pisikal *ay* tinitiyak sa lahat, ngunit ang kaligtasan mula sa espirituwal na kamatayan ay batay sa ating kusang-loob na pagsisisi. Kung tayo ay magsisisi, maaari tayong tumanggap ng buhay na walang hanggan (tingnan sa Jacob 6:11). Pero ang buhay na walang hanggan ay hindi libre.

## Nakilala nina Gedeon at Alma ang Manlilinlang

Ang kasamaan ni Nehor ay nalantad sa araw na nakilala niya si Gedeon, isang mabuting guro sa Simbahan ng Diyos. Si Gedeon ay nanindigan sa harap ni Haring Noe maraming taon na ang nakalipas at dahil dito ay nagkaroon ng karanasan sa espirituwal na mga manlilinlang (tingnan sa Mosias 19:4–8). Si Nehor ay "nagsimulang makipagtalo sa kanya nang matalim, upang kanyang maakay palayo ang mga tao ng simbahan; subalit [si Gedeon] ay napangatwiranan ng lalaki, pinaaalalahanan siya sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos" (Alma 1:7). Nakilala ni Gedeon si Nehor na isang manlilinlang. Nang malantad, ginamit ni Nehor ang isa pa sa mga pamamaraan ni Satanas—ang pagpaslang. Pero hindi nasayang ang pagkamatay ni Gedeon. Dinala ng mga tao ang manlilinlang na si Nehor sa harapan ni Alma upang hatulan.

Kinilala ni Alma na hindi lamang nagkasala si Nehor ng paggamit ng huwad na pagkakasaserdote at pagpaslang kundi kung hindi ipatutupad ito, ang huwad na pagkasaserdote ay "mangangahulugan ng kanilang lubusang pagkalipol" (Alma 1:12). Kaya si Nehor ay hinatulang mamatay, at dumanas ng "isang kadusta-dustang kamatayan" (Alma 1:15).

Sina Gedeon at Alma ay mga halimbawa para sa atin. Kapag nasa atin ang Espiritu, makikita at maririnig natin ang "katunayan ng mga bagay" (Jacob 4:13). Makikilala natin ang mga huwad na plano ng panlilinlang at mga balak ni Satanas nang "may ganap na kaalaman, ng liwanag ng araw ay mula sa kadiliman ng gabi" (Moroni 7:15).

Ang ating "mapanlinlang" na kaaway ay matalino, ngunit gaya nina Gedeon at Alma, maaari tayong maging mas matalino. Tulad nang unti-unti kong nakita ang mga pagkakaiba ng aking mga perang papel, unti-unti rin nating masasanay ang ating mata at ating isipan at espiritu na makilala ang mga pagkakaiba ng katotohanan at kasinungalingan. Kapag ginawa natin ito, makikilala natin ang mga huwad o manlilinlang at malalabanan ang kanilang mga kasinungalingan. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*



### SI SATANAS AY NAGKAKALAT NG MGA KASINUNGALINGAN

"Nais ni Satanas, ang ating kaaway, na mabigo tayo. Nagpapalaganap siya ng mga kasinungalingan bilang bahagi ng kanyang pagsisikap na sirain ang ating paniniwala. Siya ay tusong nagmumungkahi na ang mapagduda, ang mapaghinala, at ang mapang-uyam ay marurunong at matatalino, habang silang may pananampalataya sa Diyos at sa Kanyang mga himala ay mga walang-muwang, bulag, o nalinlang. Itataguyod ni Satanas na mas mabuting pagdudahan ang mga espirituwal na kaloob at mga turo ng mga totoong propeta."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Huwag Matakot, Manampalataya Ka Lamang," *Liahona,* Nob. 2015, 78.**


MGA TALA

1. Joseph F. Smith, *Gospel Doctrine,* ika-5 edisyon (1939), 376.
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Ezra Taft Benson* (2014), 154.
3. James E. Faust, "Ang mga Puwersang Magliligtas sa Atin," *Liahona,* Ene. 2007, 4.

# Pagpapahalaga sa mga Pagpapala sa Madagascar



**Ni Mindy Anne Selu**
Mga Magasin ng Simbahan

Matapos makunan ang asawa sa unang pagbubuntis nito na labis nilang ikinalungkot, nadama ni Solofo Ravelojaona na nasagot ang kanilang mga dalangin nang magdalantao itong muli pagkaraan ng isang taon. Itinuturing nila ng kanyang asawang si Hary Martine ang pagsilang ng kanilang anak na babae bilang isa sa kanilang pinakamalalaking pagpapala. Paliwanag ni Solofo, "Dahil hiniling namin sa Diyos at ibinigay Niya siya sa amin, binigyan namin siya ng isang pangalan na ang ibig sabihin sa Malagasy ay 'Kasagutan ng Diyos.'"

Si Solofo, na isang young adult na taga-Madagascar, ay patuloy na naniniwala na sinasagot ng Diyos ang mga dalangin at sa tamang panahon ay pinagpapala ang matatapat. "Mahirap ang buhay," sabi ni Solofo, "at kapag hindi nakukuha ng mga tao ang gusto nila, nagtatanong na sila ng, 'Bakit nangyari ito sa akin?' Maaari silang lumayo sa Simbahan o pagdudahan nila ang kanilang paniniwala sa Diyos. Ngunit kapag ipinamuhay natin ang ebanghelyo at binasa ang mga banal na kasulatan, mas madali ang buhay. Kapag totoong ipinamuhay ninyo ang ebanghelyo, makikita ninyo talaga ang mga pagpapala."

Dahil nakatira sa isang bansa na may mabibigat na problema, tulad na lang ng matinding kahirapan, kawalan ng katatagan ng gobyerno, mahinang imprastraktura, at mga kalamidad, maliwanag kung bakit nasabi ni Solofo na mahirap ang buhay. Ngunit para sa kanya, ang mga pagpapalang dulot ng pamumuhay ng ebanghelyo ay mas nakalalamang kaysa anumang hirap. "Ni hindi ko makayang bilangin ang mga pagpapalang natatanggap ko, basta't ipinamuhay ko ang ebanghelyo," sabi niya.

Dahil bago pa lang ang Simbahan sa Madagascar (ang unang branch ay inorganisa noong 1990), ayon kay Solofo ang pinakamahirap na bagay sa pagiging miyembro ay ang mga tsismis at maling palagay ng mga tao tungkol sa Simbahan. Sabi ni Solofo, tulad ng pangitain ni Lehi tungkol sa punungkahoy ng buhay, "maaaring hindi lubos na matanggap ng mga tao ang ebanghelyo dahil nahihiya sila sa kanilang mga kaibigan at natatakot na baka itakwil sila ng kanilang pamilya." Ang ipinagkaiba ni Solofo, sabi niya, ay na, "hindi ko ito ikinahiya kailanman. Ipinamumuhay ko ang ebanghelyo, at gusto ko itong ibahagi palagi sa mga kasamahan ko sa trabaho, kahit hindi talaga interesado ang ilan sa kanila." Madalas niyang ibahagi ang kanyang simpleng patotoo, kaya tuloy tinawag siyang "pastor" ng mga katrabaho niya.

**Sa kabila ng kaguluhan sa pulitika at kahirapan sa ekonomiya sa kanyang bansa, umasa si Solofo sa mga pagpapalang dulot ng pamumuhay ng ebanghelyo.**

Sa gitna ng kaguluhan sa ekonomiya at pulitika, umaasa sina Solofo at Hary Martine sa mga pagpapalang dulot ng kanilang mga tipan sa templo (ikinasal sila sa Johannesburg South Africa Temple isang taon matapos silang magmisyon—siya sa Uganda, at si Hary Martine sa Madagascar), at sa kanilang tiwala sa Panginoon. "Nasa akin ang ebanghelyo, at Diyos na ang bahala sa akin," paliwanag ni Solofo. Makakaasa siya sa kanyang matibay na patotoo dahil nananalig na siya sa "mga kasagutan ng Diyos." ■

MGA LARAWANG KUHA: ITAAS MULA KAY SOLOFO RAVELOJAONA; IBABA © ISTOCK/THINKSTOCK











## TUNGKOL PA RIN KAY SOLOFO

*Ano ang mga paborito mong kainin?*

Kumakain kami ng kanin—maraming kanin. Isa sa mga gusto ko ay tinatawag na *ravtoto*. Pinipira-piraso namin ng kakaibang pandikdik ang mga dahon ng kamoteng kahoyat isinisilbi ito na may kasamang kanin at karne ng baboy.

*Ano ang gusto mong gawin kapag may libreng oras ka?*

Mahilig akong tumugtog ng keyboard, kumanta, at magbasa. Alam ng branch president na mahilig akong kumanta at marunong akong tumugtog ng keyboard, kaya nang dumating ako sa branch, ang sabi niya, "Ah, may magtuturo na sa atin sa choir," at inialay ko naman dito ang oras ko. Wala silang choir dati, pero sinimulan ko silang turuan, at ngayo'y kinatutuwaan nila ito.

## MGA IMPORMASYON TUNGKOL SA MADAGASCAR

Mga Wika: French, Malagasy
Kabisera: Antananarivo

## AYON SA BILANG

22,005,222 tao (kalkulasyon noong 2012)
80 porsiyento ng mga hayop na matatagpuan sa Madagascar ang hindi makikita sa ibang dako ng mundo
Ika-4 na pinakamalaking pulo sa mundo
60 porsiyento ng vanilla sa buong mundo ay nanggagaling sa Madagascar

## ANG SIMBAHAN SA MADAGASCAR

9,190 Banal sa mga Huling Araw
37 ward at branch
2 stake
1 mission





**Ni Elder**
**Dale G. Renlund**
Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

# ESPIRITUWAL NA KATATAGAN: PAGGAWA NG ISANG BARKONG HINDI KAYANG PALUBUGIN

*Kailangan natin ng sapat na espirituwal na katatagan para matagumpay na makapaglayag sa ating mortal na buhay at makabalik nang ligtas sa ating tahanan sa langit.*

Noong mga unang taon ng ika-17 siglo, nagpagawa ang hari ng Sweden na si Gustav II Adolf ng isang barkong pandigma na pangangalanang *Vasa*. Maraming ginamit para magawa ang barko, lalo na ang oak na siyang magbubuo sa barko. Masusing pinamahalaan ni Gustav Adolf ang pagbubuo nito, upang tiyakin na lubos na aangkop ang *Vasa* sa kanyang inaasahan.

Matapos simulan ang pagbubuo nito, iniutos ni Gustav Adolf na pahabain pa ang *Vasa*. Dahil nagawa na ang mga suporta ng luwang mula sa mamahaling oak, inutusan ng hari ang mga manggagawa na dagdagan pa ang haba ng barko nang hindi dinaragdagan ang luwang nito. Kahit alam ng mga tagagawa ng barko na hindi kakayanin ng *Vasa* na ligtas na makapaglayag, nag-atubili silang sabihin sa hari ang isang bagay na alam nilang ayaw nitong marinig. Sumunod sila. Iginiit din ni Gustav Adolf na ang barkong ito ay hindi lamang ordinaryong barkong may isang kubyerta ng mga baril kundi may tatlong kubyerta ng mga kanyon, na ang pinakamabibigat na kanyon ay nasa itaas na kubyerta. Muli, kahit alam nilang mali, sumunod ang mga tagagawa ng barko.

Noong Agosto 10, 1628, nagsimula ang *Vasa* sa una nitong paglalayag. Matapos lisanin ng *Vasa* ang daungan, isang malakas na hangin ang humihip sa mga layag nito, at nagsimulang tumikwas ang barko. Hindi nagtagal, "tumagilid ito nang husto at pumasok ang tubig sa mga butas na kinaroroonan ng mga baril hanggang sa dahan-dahan itong lumubog kasama ang layag, mga bandila at lahat na."[1] Ang unang paglalakbay ng *Vasa* ay mga 4,200 talampakan (1,280 m).

Ang paghahangad ni Gustav Adolf sa isang magarbong simbolo ng kanyang kapangyarihan ay sumira sa disenyo ng sana'y isang kagila-gilalas na barkong naglalayag, ang pinakamalaking barkong pandigma sa panahon nito. Ang pag-aatubili ng mga tagagawa ng barko na magsalita—sa takot nilang magalit ang hari—ang nagkait sa hari ng kanilang kaalaman at kabatiran. Nawala ang pagtuon ng lahat ng sangkot sa mga mithiin ng proyekto: ang protektahan ang Sweden at itaguyod ang interes nito sa ibang bansa. Ang isang barko na



tangkang labanan ang mga batas ng pisika ay isang barko lamang na ayaw lumutang.

Para matagumpay tayong makapaglakbay sa ating mortal na buhay, kailangan natin ng sapat na espirituwal na katatagan para harapin ang mga pasalungat na hangin at agos, gawin ang kailangang mga pagbabago sa ating buhay, at bumalik nang ligtas sa ating tahanan sa langit. May mga bagay tayong magagawa upang mapag-ibayo ang ating espirituwal na katatagan. Babanggitin ko ang apat.

## Pagsunod sa mga Utos ng Diyos

Ang una ay ang pagsunod sa mga utos ng Diyos. Tulad ng *Vasa* na saklaw ng mga pisikal na batas, lahat tayo ay saklaw ng mga espirituwal na batas. Walang hindi saklaw nito. Kailangan nating sundin ang mga espirituwal na batas na ito, na tinatawag nating mga utos ng Diyos.

Maaaring mahigpit ang pagsunod sa mga pisikal na batas sa pagbubuo ng barko para kay Gustav Adolf, ngunit hindi sana lumubog ang *Vasa* bago pa nagsimula ang misyon kung sumunod sila sa mga batas na ito. Sa halip, naging malaya sana ito at nakayanang umagapay upang maisakatuparan ang layon nitong gawin.

Kaya ang pagsunod sa mga batas ng Diyos ay nangangalaga rin sa ating kalayaan, pakikibagay, at kakayahang kamtin ang ating potensyal. Ang mga kautusan ay hindi nilayong higpitan tayo. Bagkus, ang pagsunod ay humahantong sa ibayong espirituwal na katatagan at pangmatagalang kaligayahan.

Tayo ang nagpapasiya kung susunod tayo. Iniutos ni Jesus, “Masdan, naibigay ko na sa inyo ang mga kautusan; samakatwid sundin ninyo ang aking mga kautusan” (3 Nephi 15:10). Gayon lang kasimple. Pagpasiyahan ito. Magpasiya ngayon na maging lubos na masunurin. Walang iba pang higit na magpapaibayo sa espirituwal na katatagan. Walang iba pang makapagbibigay sa atin ng higit na kalayaang isakatuparan ang ating misyon sa buhay.


## Pagsunod sa Payo at Habambuhay na Pagkatuto

Ikalawa, kailangan nating bigyang-pansin at sundin ang payo ng pinagkakatiwalaang mga pinagmumulan ng kaalaman at tapat na ipangako sa ating sarili na habambuhay tayong matututo.

Ang isa sa mga panganib ng pagtatamo ng kaalaman ay ang pagmamataas na maaaring dumating kapag inakala natin na napakarami na nating alam kaya wala na tayong dapat pang matutuhan. Nakita na nating lahat ito sa mga taong lubhang nagtitiwala sa kanilang sariling talino. Talagang mahirap turuan ang isang tao na nag-aakalang alam na niya ang lahat.

Dahil alam ito, at nais niyang habambuhay na matuto, sinabi ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Bata pa ako at marami pa akong dapat matututuhan. Halos lahat ng tao ay may maituturo sa akin.”[2] Nang tawagin niya akong maging General Authority, itinuro sa akin ni Pangulong Eyring ang isang mahalagang aral. Sabi niya kapag narinig niya ang kuwento ng isang tao na narinig na niya dati o gumamit siya ng isang talata sa banal na kasulatan na pamilyar sa kanya, itinatanong niya sa sarili, “Bakit binigyang-diin iyan ng Panginoon para sa akin?” at “Ano pa ang dapat kong matututuhan sa kuwento o talatang iyon?” Kung nais nating mapag-ibayo ang ating espirituwal na katatagan, magiging handa tayong matuto at magiging sapat na mapagpakumbaba tayong tatanggap ng patnubay anuman ang ating edad at karanasan.

Tayo talaga ang nagpapasiya. Maaari nating pakinggan at sundin ang payong ibinigay sa atin ng mga pinuno ng Simbahan, lalo na ng mga sinasang-ayunan natin bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag; mga magulang; at mga pinagkakatiwalaang mga kaibigan—o hindi. Maaari nating hangarin na habambuhay na matuto—o hindi. Maaari nating pag-ibayuhin ang ating espirituwal na katatagan—o hindi. Kung hindi natin mapag-iibayo ang ating espirituwal na katatagan, magiging katulad tayo ng *Vasa*—isang bangkang ayaw lumutang.










ICON AT MGA LARAWAN NG BARKO © LUBLUBACHKA/THINKSTOCK, MICHELEBOLERO/THINKSTOCK, DAVID HARDING/THINKSTOCK

## Paglilingkod sa Iba

Ikatlo, ang ating hayagang pagtutuon, pangangalaga, at paglilingkod sa iba ay nagpapaibayo sa ating espirituwal na katatagan.

Lumilinaw ang kawalang-hanggan kapag nagtuon tayo sa iba sa paghahangad nating tulungan ang mga anak ng Ama sa Langit. Nalaman ko na mas madaling tumanggap ng inspirasyon kapag nagdarasal ako upang malaman kung paano ko matutulungan ang iba kaysa kapag nagdarasal lang ako para sa aking sarili.

Maaari nating paniwalaan na sa hinaharap ay gaganda ang sitwasyon natin para tumulong. Ang totoo, ngayon na ang panahon. Nagkakamali tayo kung iniisip natin na magiging mas madali para sa atin na paglingkuran ang iba kapag nagkaroon tayo ng mas maraming oras, mas maraming pera, o mas maraming anupaman. Anuman ang sitwasyon, tayo ang magpapasiya. Tutulungan ba natin ang iba o hindi? Mabibigo tayo sa isang mahalagang pagsubok sa buhay kung hindi natin ipapasiyang tumulong sa mga nangangailangan. At, kung tutulong nga tayo, pinag-iibayo natin ang ating sariling espirituwal na katatagan.

## Pagsalig kay Jesucristo Bilang Ating Pundasyon

Ikaapat, ang huli, at ang pinakamahalaga, nag-iibayo ang ating espirituwal na katatagan ayon sa antas ng pagsalig natin kay Jesucristo bilang ating pundasyon.

Kung wala si Cristo, itataboy tayong parang isang sasakyang-dagat na sinisiklot ng mga alon. Wala tayong kapangyarihan dahil wala tayong layag. Wala tayong katatagan, lalo na kapag may bagyo, dahil wala tayong angkla. Wala tayong direksyon o layunin dahil wala tayong anumang magagamit para makapaggabay. Kailangan nating sumalig kay Cristo bilang ating pundasyon.

Para makaharap, makapanaig, at maging handa para sa mga pasalungat na hangin at agos ng buhay, kailangan nating sundin ang mga utos ng Diyos; maging mapagpakumbaba, handa, at determinadong habambuhay na matuto; maglingkod sa iba; at sumalig kay Jesucristo bilang pundasyon sa ating buhay. Kapag ginawa natin ito mag-iibayo ang ating espirituwal na katatagan. Hindi tulad ng *Vasa,* makakabalik tayo sa ligtas na daungan, dahil natupad natin ang ating tadhana. ■

*Mula sa Brigham Young University devotional, Set. 16, 2014. Para sa buong teksto sa Ingles, bisitahin ang speeches.byu.edu.*

**MGA TALA**

1. Liham mula sa Swedish Council of the Realm to King Gustav II Adolf; sinipi ang pagsasalin sa Richard O. Mason, "The *Vasa* Capsizes," virtualschool.edu/mon/CaseStudies/Vasa/vasa.html. Maraming kuwento tungkol sa *Vasa* ang makikita; tingnan, halimbawa, ang vasamuseet.se/en para sa kasaysayan at iba pang mga link.
2. Henry B. Eyring, sa Robert I. Eaton and Henry J. Eyring, *I Will Lead You Along: The Life of Henry B. Eyring* (2013), 409.

# MATUTONG TUMUGTOG NG ISANG HIMNO *sa Loob ng 10 Minuto!*

**Tinipon at Hinango ni Daniel Carter**
Church Music at Cultural Arts Division

Kung hindi ka pa nakatugtog ng piyano kailanman ngunit noon mo pa gustong matuto, ito na ang iyong pagkakataon. Ang kailangan mo lang ay isang music keyboard. Kahit wala ka nito sa bahay, madadala mo ang artikulong ito sa isang lugar na may piyano o keyboard para mapag-aralan mo ito.

Ang lesson na ito ay napakasimple at napakadali kaya matututo kang tumugtog ng isang himno pagkatapos nito. Katunayan, posibleng matutuhan mong tugtugin ang himig ng himno sa lesson na ito sa loob ng mga 10 minuto!


Handa ka na ba? Simulan na natin!

## Paghahandang Tumugtog ng Piyano


1. Habang nakaupo ka sa harap ng piyano at inilalapat ang mga daliri sa keyboard, iatras ang upuan nang sapat para medyo nakabaluktot ang mga siko mo.
2. Maupo sa gitna ng upuan, sa harap mismo ng kalagitnaan ng keyboard.
3. Maupo sa gilid ng harapang bingit ng upuan nang tuwid ang likod at nasa harap ang bigat mo.
4. Ilapat ang mga paa mo sa sahig.
5. Maupo nang komportable, na pinananatiling tuwid ang likod.
6. Tiyaking sapat ang liwanag para makita mo ang piyesa at keyboard.



MGA PAGLALARAWAN NI DAVID HABBEN




7. Tumayo. Ibaba ang mga kamay mo sa gilid at irelaks ang mga ito. Pansinin ang natural na kurbada nito, na parang may hawak na bola. Pag-upo mo ulit, ilagay ang mga daliri mo sa keyboard, na pinananatili ang natural na kurbadang iyon.
8. Ipuwesto ang mga kamay mo sa ibabaw ng keyboard, na nakalapat ang mga daliri malapit sa kalagitnaan ng malaking lugar sa mga puting teklado. Panatilihin ang mga palad mo sa ibabaw ng keyboard, pero huwag mong ilapat ang mga ito sa mga teklado o sa kahoy sa ilalim ng mga teklado.
9. Tipahin ang teklado gamit ang pad ng daliri mo sa ilalim lang ng dulo ng daliri. Panatilihing nakakurba ang bawat daliri, na itinataas ito mula sa buko sa likod ng kamay mo. Kapag tinipa mo ang teklado, panatilihing nakabaluktot ang kasu-kasuan ng daliri mo.




## Pagtugtog Ayon sa Numero ng mga Daliri

Para matulungan kang ilapat ang tamang daliri sa bawat teklado, binibigyan ng numero ang mga daliri tulad ng makikita rito. Ang numero ng mga daliri ay nakasulat sa tabi ng mga nota sa pahina.

Ipaibabaw ang kamay mo sa anumang grupo ng limang teklado, na bawat daliri ay nasa ibabaw ng isang teklado. Praktisin ang numero ng mga daliri sa pamamagitan ng pagtipa sa mga teklado gamit ang tamang daliri tulad ng nakasaad. Ang mga notang may mga tuwid na linya pataas ay para sa kanang kamay. Ang mga notang may mga tuwid na linya pababa ay para sa kaliwang kamay.




## Pagtugtog ng "May Luntiang Burol"

Ilagay ang mga kamay mo sa keyboard tulad ng makikita sa ibaba.

Gamitin ang mga grupo ng dalawa at tatlong itim na teklado para mahanap mo ang tamang puwesto.


Tugtugin ang himnong ito, na sinusunod ang numero ng mga daliri tulad ng makikita. Ang mga notang may mga tuwid na linya pataas ay para sa kanang kamay, at ang mga notang may mga tuwid na linya pababa ay para sa kaliwa. Praktisin ang himno hanggang sa maging komportable ka rito. Gamitin ang mga tuntunin ng tamang paglapat ng mga daliri na nakalista sa siyam-na-puntong checklist.

Ngayo'y naipakita na sa iyo kung paano tumugtog ng piyano at natutuhan mong tugtugin ang himig ng isang simpleng himno. Para matugtog ang iba pang mga himno, kailangan mong matutuhan ang ilang mahahalagang tuntunin tungkol sa mga kumpas, ritmo, at nota.

Narito ang pinakamagandang parte: ang lesson na natutuhan mo ngayon lang ang unang lesson sa Church Keyboard Course, na makukuha sa anim na wika mula sa Church distribution.[1] Ang easy-to-follow instruction plan ay tinutulungan kang matutong mag-isa o sa mga grupo. Baka mapalahok mo pa nga ang buong pamilya mo sa pag-aaral ng piyano bilang isang aktibidad sa family home evening. Ang kurso ay maaaring tapusin sa loob lang ng anim na linggo.

Makikita sa maraming pag-aaral na ang pribadong pag-aaral ng musika ay tumutulong na mapahusay ng mga estudyante ang kanilang tuon, kahusayan sa pag-aaral, at galing sa pangangatwiran.[2]

Sa pag-aaral ng mga kasanayan sa musika, napapaunlad natin ang mga talentong bigay sa atin ng Panginoon, nadaragdagan natin ang ating kaalaman, at natututo tayo ng maraming iba't ibang paraan para magamit natin ang ating kaalaman at mga talento sa pagtatayo ng Kanyang kaharian. ■




**MGA TALA**

1. Para makaorder ng Keyboard Course Kit, magpunta sa store.lds.org.
2. Tingnan sa Laura Lewis Brown, "The Benefits of Music Education," pbs.org; Jessica Velasco, "How the Arts Can Help Students Excel," the Science of Learning Blog, Dis. 11, 2012, scilearn.com/blog/how-arts-help-students-excel; "Music Helps Children Learn Maths," *The Telegraph,* Mar. 22, 2012, telegraph.co.uk.

# NANGAKO AKONG **Tumigil**

*Hindi ako humuhusay sa pagtugtog ng piyano, kahit ilang taon na akong nagpapraktis. Sabi ng mga magulang ko maaari akong tumigil sa isang kundisyon: Kailangan kong matuto ng 50 himno.*

**Ni Gretchen Blackburn**

Galit akong pumasok ng bahay, basa ng luha ang mga mata pagkatapos ng isa pang hindi kasiya-siyang piano lesson. Ikaapat na taon ko na sa pag-aaral ng piyano, at halos hindi ako lumagpas sa "Twinkle, Twinkle, Little Star." Sinubukan nang maghanap ng teacher ko ng masasabing maganda tungkol sa nakakainis na pagtugtog ko, pero lumala lang ang pakiramdam ko. Nagbabayad ang mga magulang ko para sa mga piano lesson na ayaw ko at hindi ko inasam.

Gusto kong hayaan ako ng mga magulang ko na tumigil. "Sige na," pagsusumamo ko. "Gagawin ko ang anuman. Ano ang kailangan kong gawin?"

Matapos nila itong pag-usapan, sabi nila, "Kung matututo ka ng 50 himno, hahayaan ka naming tumigil."

Nagsimula na akong magpraktis kaagad. Gustung-gusto ko nang tumigil kaya handa akong magdagdag pa ng kaunting oras sa piyano. Ang unang himno na, "Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta" (*Mga Himno,* blg. 15), ay inabot ng halos isang buwan para matugtog ko nang mahusay. Gusto ko pa ring tumigil, kaya patuloy akong nagpraktis.


Isang nakatutuwang bagay ang nangyari: naging mas madaling tugtugin ang mga himno. Mas sumaya ako sa buong linggo. Natagpuan ko ang aking sarili na hinihimig ang mga himno sa buong maghapon at kumakanta ako nang mas malakas sa sacrament meeting.

Sa huli, tumigil ako sa pagsubaybay kung ilang himno na ang alam ko. Nang lalo akong humusay sa pagpipiyano, natanto ko na maaari kong matutuhan nang halos perpekto ang isang bagong himno nang wala pang 30 minuto.

Nang sumahin ko nang lahat ang mga ito sa huli, mahigit 50 himno na ang natutuhan ko. At ayaw ko nang tumigil sa pagtugtog ng piyano. Naging mas tiwala na ako sa kakayahan kong tumugtog at nadama ko ang kapangyarihan ng mga himno sa buhay ko.

Ang mga himno ay parang mga banal na kasulatan; sinasabi nila ang katotohanan. Kapag tumutugtog ako ng mga himno, pakiramdam ko ay ibinababad ko ang sarili ko sa mga banal na kasulatan. Ang pagkatutong tumugtog ng mga himno ay nakatulong sa akin na magkaroon ng patotoo at matuto ng katotohanan. Pinapasadahan ko ang mga salita ng iba't ibang himno para matulungan akong makaraos sa buong maghapon. Ang pagtugtog ng piyano ay nagpalakas sa aking patotoo at lumikha ng mga oportunidad para sa akin saanman ako magtungo. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa New York, USA.*



# PAGKABIGLA, KALUNGKUTAN, AT PLANO NG DIYOS

*Sa kabila ng lubhang* ***nakapanlulumong karanasan*** *ko sa buhay, nadama ko na* ***kasama ko ang Ama sa Langit*** *sa buong paglalakbay ko.*

**Ni Paola Çajupi**

Maagang-maaga iyon noong 2008 nang gisingin ako ni Inay para pumasok sa eskuwela. Talagang masaya ako nang umagang iyon, pero hindi ko alam na iyon ang magiging pinakamasamang araw sa buhay ko o ang huling pagkakataon na makakasama ko siya. Hindi ko tinapos ang lahat ng klase ko noong araw na iyon dahil sinundo ako ng kaibigan ng aming pamilya at sinabi sa akin na nagpakamatay si Inay. Noon ay 12 anyos pa lang ako.

Naisip ko, "Paano akong mabubuhay kung wala si Inay?" Siya ang pinakamatalik kong kaibigan.

Maraming buwan akong umiyak. Ayaw kong pumasok sa eskuwelahan dahil iba ang pakikitungo sa akin ng ibang mga bata at naaawa sila sa akin. Hindi ko alam kung ano ang dapat kong gawin; ang alam ko lang kailangan kong maging matatag para sa lahat.

Isang araw, mga lima o anim na buwan pagkamatay ng nanay ko, nag-iisa ako sa aking silid sa tabi ng bintana, umiiyak, sinisikap na unawain kung bakit ako narito. Bigla akong may narinig na tinig sa aking isipan: "Ikaw ay aking anak; hindi ko hahayaan na magdusa ka." Alam kong ang Diyos iyon. Pero nagulat ako dahil hindi na ako naniniwala sa Kanya, lalo na't nadama ko na ang Diyos ang kumuha sa nanay ko. Kahit hindi ko alam kung ano ang ibig Niyang sabihin, nadama ko na ligtas ako.

Pagkaraan ng tatlong taon nagpunta ako sa Rome, Italy, para bisitahin ang tito ko. Lagi niyang ikinukuwento sa akin ang simbahang dinadaluhan niya. Isang araw ng Linggo, isinama niya ako. Lagi kong maaalala ang paglalakad papunta sa pintuan ng simbahan sa unang pagkakataon at nadama ko ang pagmamahal ng Ama sa Langit pagpasok ko. Panatag ang kalooban ko.

Nagsimula akong magsimba tuwing Linggo at nagpunta ako sa bawat aktibidad sa loob ng isang linggo. Gustung-gusto kong kasama ang mga kabataan ng Simbahan. Lalo nila akong pinasasaya. Pareho kami ng iniisip at pinaniniwalaan. Pagkatapos ng tatlong buwan, natapos na ang bakasyon ko at kinailangan ko nang bumalik sa Albania.

Nang makauwi ako, ikinuwento ko sa tatay ko ang nadama ko at kung gaano ako kasaya sa buong panahong iyon. Hindi niya ito nagustuhan. Sinabi niya na hindi na niya ako papayagang magsimba pa o malaman pa ang tungkol dito. Kaya kailangan kong magtiis nang sumunod na tatlong taon hanggang sa mag-18 taong gulang ako. Sa panahong iyon ay maaari na akong magpasiya sa sarili ko at magpabinyag.

Sa panahong ito ay nabiyayaan ako ng maraming tao na nagsasabi sa akin tungkol sa natutuhan nila tuwing Linggo sa simbahan. Isa sa mga taong iyon si Stephanie. Nakatira siya sa Italy nang sumapi sa Simbahan ang tito ko, pero nakauwi na siya sa bahay nila sa Estados Unidos. Naisip ng tito ko na makakabuting magsulatan kami, kaya idinagdag ko siya bilang kaibigan sa Facebook.


Kahit hindi pa kami personal na nagkikita, lagi ko siyang pasasalamatan sa pagtulong sa akin na patatagin

ang aking pananampalataya at makaalam pa tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo. Halos tuwing Linggo ay sumusulat siya sa akin at sinasabi sa akin ang lahat ng natututuhan niya sa simbahan at sinasagot ang mga tanong ko. Napakabuti niyang kaibigan sa akin.

Sa huli, pagkaraan ng maraming taon ng pagtitiyaga, nabinyagan ako dalawang araw lamang matapos ang ika-18 kaarawan ko. At hindi nagtagal ibabahagi ko sa aking ina ang kaligayahang nadama ko sa araw na iyon, dahil magpapabinyag ako para sa kanya. Alam kong ipagmamalaki niya ang buhay na aking pinili.

Dama kong pinagpala ako ng Ama sa Langit dahil kasama ko Siya sa buong paglalakbay ko sa napakaraming paraan. Kinailangan ko lang maghintay at magtiyaga dahil may plano Siya para sa akin. Siya ang nagbigay sa akin ng lakas para malampasan ko ang lahat ng hamon na nakaharap ko. Lagi Siyang naroon, at tinutulungan akong maging mas masaya. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Albania.*




PAGLALARAWAN NI DAVID CURTIS



**Ni Elder José A. Teixeira**
Ng Pitumpu

# KAHIT MAHIYAIN KA

*Magtiwala sa Panginoon, at pagpapalain ka Niya sa mga pagsisikap mong ibahagi ang ebanghelyo.*



PAGLALARAWAN NI DAVID MALAN

Noong bagong mission president ako sa Brazil, ininterbyu ko ang ilang Elder. Hiniling ko sa isa na ipakilala niya sa akin ang kanyang sarili.

"Napakamahiyain ko po," wika niya. Nag-alala siya na hadlang ang pagkamahiyain niya sa kanyang paglilingkod.

Itinanong ko, "Palagay mo ba matutulungan ka pa rin ng Panginoon na maging mabuting missionary sa kabila niyon?"

"Naniniwala ako na kayang gawin ng Panginoon ang anuman."


"Kung gayo'y hayaan mo Siyang tulungan ka. Kaya mo kayang gawin iyan?"

"Kaya po," wika niya.

Kailangan kong aminin na habang papalayo siya, naisip ko, "Sana nga."

Lumipas ang mga linggo at hindi nagtagal ay dumating ang mga missionary ding iyon para muling ma-interbyu. Sa pagkakataong ito sinabi ng kompanyon ng mahiyaing elder, "President, hindi ko alam kung ano ang sinabi ninyo sa kanya, pero nakagawa ito talaga ng kaibhan. Humusay siyang makipag-usap sa tao." Kaya inaasam kong makausap siyang muli.

Pagdating niya sa opisina ko, tiningnan niya ang kanyang mga paa.



"May magandang balita po ako," wika niya. "Mahiyain pa rin po ako, pero hiniling ko sa Panginoon na tulungan ako. Pagkatapos ay binuksan ko ang aking bibig at nagsimula akong magsalita. At alam ninyo? Lagi ko na pong ginagawa iyan ngayon. Hindi ko matandaan ang sinasabi ko. Ang hindi kapani-paniwala ay gusto po iyon ng mga tao. Nadarama nila ang Espiritu. Inuunawa po nila ako at ang sasabihin ko sa kanila."

Namangha akong makita kung paano nagbago ang missionary na ito nang magtiwala siya sa Panginoon. Naging malaking kasangkapan siya sa paghahatid ng kaligayahan sa maraming tao.

> "Mahiyain pa rin po ako, pero hiniling ko sa Panginoon na tulungan ako."

## Pagdaig sa Takot

Kapag nagbahagi tayo ng ebanghelyo, kung minsa'y kinakabahan tayo. Ngunit tulad ng ipinamalas ng mahiyaing missionary na ito, gagabayan tayo ng Panginoon kung magtitiwala tayo sa Kanya. Ipapaalam sa atin ng Espiritu Santo ang ating sasabihin (tingnan sa 2 Nephi 32:2–3), at kapag nadama ng mga tao ang Espiritu, kadalasa'y tumutugon sila sa positibong paraan. Maraming naaakit sa ating pinaniniwalaan at gusto nilang malaman pa ang iba.

## Malaking Kagalakan

May patotoo ako na gagabayan tayo ng Ama sa Langit sa mga pagsisikap nating ibahagi ang ebanghelyo, at sa prosesong iyan ay makadarama tayo ng malaking kagalakan. Katunayan, ang kagalakang iyan ay sasaatin hindi lang ngayon kundi maging sa daigdig na darating. (Tingnan sa D at T 18:16.) Magandang dahilan iyan para gumawa ng isang bagay na hindi komportable sa iyo, kahit mahiyain ka. ■

## TATLONG TAKOT NA MADARAIG MO

Bukod pa sa pagkamahiyain, may tatlo pang takot akong alam na nagiging dahilan para sabihin ng ilan sa atin, "Natatakot akong mawala ang mga kaibigan ko kapag nagsalita ako tungkol sa ebanghelyo." Mabuti na lang at, sa pagsampalataya, madaraig ang mga takot na iyon.

1. **HINDI SAPAT ANG KAALAMAN KO.**
   Kung kulang ka sa kaalaman tungkol sa ebanghelyo, makakatulong ang mga full-time missionary. Maituturo nila sa atin ang mensahe ng Panunumbalik, matutulungan tayong palakasin ang ating pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, at matutulungan tayong maunawaan ang pagsisisi at kung paano ito ipamumuhay at kung bakit mahalaga ang binyag at kaloob na Espiritu Santo. Ang isa pang magandang pagkunan ng kaalaman ay ang *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*. Hinihikayat ko ang lahat ng kabataang lalaki at babae na magkaroon ng kopya nito at gawin itong bahagi ng inyong pang-araw-araw na pag-aaral ng mga banal na kasulatan.
2. **HINDI KO PA ITO NAGAGAWA KAHIT KAILAN.**
   Kung kulang ka sa karanasan, magpraktis sa mga missionary! Matutulungan ka nilang malaman kung ano ang sasabihin o hindi sasabihin sa isang partikular na sitwasyon. Kapag nakasama ka sa mga missionary, madarama mo ang pagmamahal nila sa ebanghelyo at sa kanilang kapwa-tao. Nagkalakas-loob na silang ibahagi ang ebanghelyo; matutulungan ka nilang gawin din iyon.
3. **NATATAKOT AKONG MAGBAHAGI.**
   Kapag tayo ay nagpatotoo, tinutulungan natin ang ating mga kaibigan na makita ang mga bagay na mas mataas, at nagsisimula silang igalang at mahalin tayo sa ibang pananaw. Nangyayari ito sa halos lahat ng pagkakataon. Maraming kabataan ang nagsasabi, "Natakot ako, pero nang magsalita ako nang tapat, nagsimulang magtiwala at magtanong pa sa akin ng iba ang kaibigan ko." Hindi tayo dapat matakot na ibahagi ang anumang mayroon tayo. Mahalaga ito dahil ito ay nagmumula sa Diyos. At mayroon pa bang mas mabuting paraan upang ipakita ang pagmamahal natin sa ating mga kaibigan bukod sa pagbabahagi sa kanila ng alam nating totoo?

# ANG BAHAGING PARA SA ATIN



## MATAPAT SA LAHAT NG BAGAY

Alivsi H., Jalisco, Mexico

Sa pagsisimula ng bawat semestre sa paaralan, nakakakuha kami ng libreng set ng mga produktong may isang notebook, isang adyenda, at kung anu-anong sampol na produkto. May isang taon na pumila ako para kunin ang set ko at natanto ko na malaking tulong sa akin ang sampol na nakuha ko.

Sa pagtatapos ng araw, nakita ko na nagbibigay sila ng dalawang sampol ng iisang produkto. Madaling pumila ulit at kumuha ng pangalawang set, at nagpasiya akong gawin ito. Tutal, libre naman ang mga ito, at kailangan ko ang produktong iyon.

Nagdaan ako sandali sa banyo, kung saan nakakita ako ng isang cell phone na di-sinasadyang naiwan ng isang bata. Isa iyon sa mga pinakahuling modelo, at kawawala lang ng cell phone ko noong nakaraang linggo. Pero ni hindi ko inisip na itago iyon. “Pagnanakaw iyan,” sabi ko sa sarili ko.

Pagkatapos, papunta sa pangalawang set ko ng mga libreng produkto, natanto ko na katulad din iyon ng pagnanakaw ng cell phone dahil kakailanganin kong magsinungaling at sabihing wala pa ako nito.

Nagpapasalamat ako sa munting karanasang ito na nagturo sa akin ng malaking aral. Ibinigay ko sa awtoridad ang cell phone at umuwi na isang notebook, isang adyenda, at isang sampol na produkto lamang ang dala, ngunit masaya ang pakiramdam sa pagiging matapat sa lahat ng bagay, gaano man iyon kaliit. ■

## PINAGPALA SA PAGSUNOD SA BATAS NG IKAPU

Sabrina T., São Paulo, Brazil

Noong bata pa ako, maraming pinagdaanang pinansyal na pagsubok ang aming pamilya na tumagal hanggang mga 10 taong gulang na ako. Walang makitang ibang trabaho si Itay, kaya nagtinda-tinda siya sa lansangan at napakaliit ng kita niya. Nanatili sa bahay si Inay para alagaan ako at ang nakababata kong kapatid.

Ngunit kahit marami kaming mahihirap na karanasan, may patotoo kami tungkol sa pagbabayad ng ikapu at iba pang mga handog. Tapat naming binayaran ang aming ikapu buwan-buwan at hindi kami kinulang sa anuman. Natitiyak namin na patuloy kaming pinagpala dahil sa walang-hanggang kabaitan ng Panginoon at dahil tinutupad Niya ang Kanyang mga pangako kapag sinusunod natin ang Kanyang mga utos.

Sa wakas ay natapos din ang aming pinansyal na pagsubok. Ang mga pagpapalang ibinigay sa amin ng Panginoon sa huling ilang taon na ito ay kamangha-mangha.

Alam ko na para sa mga taong tapat magbayad ng ikapu at nagbabayad ng kanilang mga handog nang may pagmamahal na may mithiing pagpalain ang buhay ng iba, hindi sila kukulangin at may mas mabuting bagay na mangyayari, katulad ng nangyari sa pamilya namin. Madaragdagan ang mga pagpapala. Alam ko ito. Ipinamuhay ko ito. ■

PAGLALARAWAN NI KELLEY MCMORRIS

# MAGANDA BA?

Tingnan mo ulit. Gusto ni Satanas na ipagpalit natin ang tunay na kagalakan sa isang ilusyon lamang ng kaligayahan na hindi makasisiya kailanman. Huwag kumagat kahit minsan.

(Tingnan sa Dieter F. Uchtdorf, "Maaari Ninyong Gawin Ito Ngayon," *Liahona,* Nob. 2013, 56.)



LARAWANG KUHA NI DAVID STOKER

# “Pinagtatawanan ako sa paaralan dahil LDS ako. Alam kong kailangan kong manindigan sa paniniwala ko, pero napakahirap! Paano ako magkakaroon ng sapat na tapang?”

Tama ka na kailangan mo ang lakas-ng-loob na harapin ang sitwasyong ito. Kunsabagay, iniutos ni Jesucristo, “Bumangon at magliwanag, nang ang inyong liwanag ay maging isang sagisag sa mga bansa” (D at T 115:5). Ngunit ang magkaroon ng tapang na hayaang magliwanag ang iyong ilaw ay maaaring nangangahulugan o hindi na magsalita ka laban sa mga nangungutya sa iyo.

Anuman ang sitwasyon, maaari mong tulutang maging inspirasyon sa iyo ang oposisyon na magpakabuti pa. Habang pinagsusumikapan mong palakasin ang iyong patotoo, maaari kang magkaroon ng tahimik na katapangang tutulong sa iyo na magsalita o patuloy lang na gawin ang tama, kahit mangutya ang iba.

Nakakagalit ang matudyo, ngunit tandaan na maaari mong ipagdasal na mapuspos ka ng pag-ibig sa kapwa upang madama ng iba ang pag-ibig ni Cristo sa pamamagitan mo (tingnan sa Moroni 7:48). Dahil kakaiba ang bawat sitwasyon, hangarin ang patnubay ng Espiritu upang malaman kung paano tumugon sa paraan ni Cristo sa bawat pagkakataon.

Depende sa sitwasyon, pinakamainam sigurong kausapin nang sarilinan ang mga taong pinagtatawanan ka o huwag na lang pansinin ang kanilang mga pag-alipusta habang patuloy mong ipinamumuhay ang iyong mga paniniwala. Kung hindi interesadong makinig ang iba sa sasabihin mo, maaaring ang iyong halimbawa ng kabaitan, pagpapatawad, at katapatan ang pinakamagandang mensaheng maihahatid mo.

**Magpakita ng Tunay na Katapangan**
Ang mga taong pinagtatawanan ka ay maaaring hindi tumigil nang dahil lamang sa naglakas-loob kang patigilin sila, ngunit maaaring tumigil sila kapag nagpakatapang kang mamuhay ayon sa tunay mong pagkatao—isang Banal sa mga Huling Araw. Bago mo pa malaman, sasang-ayunan ng ating Ama sa Langit ang ginagawa mo, na sana'y magmulat ng kanilang mga mata sa ipinanumbalik na ebanghelyo sa buhay mo.

***Bright U., edad 17, Imo State, Nigeria***

**Humanap ng Lakas sa mga Bagay na Mahalaga**
Ang panalangin at pag-aayuno ay mahalaga dahil tutulungan ka ng mga ito na harapin ang mga pambibiro at hamon sa paaralan, katulad ni Jesucristo na hinarap ang maraming pangungutya noong narito Siya sa lupa. Tutulungan ka ng mga ito na mas mahalin at pagpasensyahan ang mga tao.

***Walter C., edad 15, Jaén, Peru***



**Magabayan sa pamamagitan ng Panalangin**
Sa loob ng matagal na panahon ako lang ang miyembro sa paaralan namin. Parang naintindihan naman ako ng pinakamatatalik kong kaibigan, pero pinagtawanan ako ng iba pang mga kaibigan ko sa paaralan. Isang araw ipinagdasal at nadama ko ang pangangailangang kausapin ang isa sa kanila na naghikayat sa iba na pagtawanan ako. Ipinaliwanag ko na hindi ako galit sa kanya, pero hiniling kong igalang niya ako tulad ng gusto niyang igalang



*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*

siya. Matapos marinig ang pag-uusap namin, lagi na akong ipinagtanggol ng isa sa mga guro ko kapag nakita niyang may nangyari. Alam ko na sasaiyo ang Panginoon kapag kinausap mo ang mga taong ito.

***Shanela S., edad 14, Pangasinan, Philippines***

**Palakasin ang Iyong Patotoo**

Una, magkaroon ng tunay na patotoo tungkol sa mga katotohanang nais mong ibahagi sa iba. Pagkatapos ay mahalin ang mga taong pinagtatawanan ka at huwag makipagtalo, dahil ang pagtatalo ay hindi sinusuportahan ng Diyos kailanman (tingnan sa 3 Nephi 11:29). Ang pinakamahalaga, sikaping mapasaiyo ang Espiritu sa tuwina. Tutulungan ka ng Espiritu na maging mas mapagmahal at matapang, at gagawing mas makapangyarihan ang iyong mga salita.

***Julia F., edad 19, Hesse, Germany***



**Mahalin ang Iyong mga Kaaway**

Napasok din ako sa gayong mga sitwasyon. Kung ikaw ay may pananampalataya at mapagpakumbaba, bibiyayaan ka ng lakas at pananampalatayang kailangan upang "ibigin [mo] ang [iyong] mga kaaway, at idalangin [mo] ang sa [iyo'y] nagsisiusig" (Mateo 5:44). Hihikayatin kitang saliksikin ang mga banal na kasulatan para sa mga sagot kung paano maging malakas. Manalangin kapag nadama mong nag-iisa ka sa iyong pananampalataya. Sabi sa Mga Taga Roma 8:31, "Ano ang ating sasabihin sa mga bagay na ito? Kung ang Dios ay kakampi natin, sino ang laban sa atin?" Nasa panig mo ang Diyos! Lahat ay posible.


***Reagan T., edad 15, Utah, USA***



**Huwag Kang Matakot**

Mas madalas na magsalita tungkol sa iyong relihiyon o sadyang gawin ang mga bagay para mabanggit ito. Napasok ako sa ganitong sitwasyon at isinulat ko, "Gustung-gusto Ko ang Pagiging LDS" sa backpack ko. Sa paggawa nito, nagkaroon ako ng maraming pagkakataong maging missionary at ipinakita ko sa mga tao na hindi ako takot na ipaalam sa kanila na LDS ako. Anuman ang gawin mo, huwag silang hayaang makaligalig sa iyo. Ipagdasal sila at ang sarili mo. Hindi magtatagal at makikita mo na kung nakatuon ka sa pagliligtas ng mga kaluluwa ng iba, hindi ka magiging ganoon katakot na ipaalam sa kanila ang katotohanan ng ebanghelyo ng ating Ama.

***Savanna P., edad 14, Texas, USA***



**ANG TAPANG NG ATING MGA PANINIWALA**

"Kadalasa'y mahirap maging kakaiba at manindigang mag-isa sa karamihan. Natural lang na matakot sa maaaring isipin o sabihin ng iba. Nakapapanatag ang mga salita sa awit: 'Ang Panginoon ay aking liwanag at ang aking kaligtasan; kanino ako matatakot? ang Panginoon ay katibayan ng aking buhay; kanino ako masisindak?' [Awit 27:1]. Kapag itinuon natin ang ating buhay kay Cristo, mapapalitan ng tapang ng ating mga paniniwala ang ating mga pangamba."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Maging Huwaran at Liwanag," *Liahona*, Nob. 2015, 88.**


## SUSUNOD NA TANONG

### "Paano ko malalaman na dinidinig ng Diyos ang aking mga dalangin?"

Isumite ang iyong sagot at, kung nais mo, isang retrato na high-resolution bago sumapit ang Mayo 1, 2016, sa liahona.lds.org, sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org, o sa pamamagitan ng koreo (tingnan ang address sa pahina 3).

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa inyong email o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng iyong magulang (tinatanggap ang email) na ilathala ang iyong sagot at larawan.

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.



**Ni Elder**
**David A. Bednar**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ano ang ginagawa ng mga Apostol?




Ang mga Apostol ay mga lingkod ng Panginoon. Naglalakbay sila para bumisita sa mga miyembro ng Simbahan sa iba't ibang panig ng mundo.

Noong unang pagkakataon kong maglakbay bilang Apostol, nakilala ko ang isang lalaking nahihirapang sundin ang Word of Wisdom. Sabi ko sa kanya, "Isinugo ako ng Panginoon dito para bigyan ka ng isang simpleng mensahe: 'Magagawa mo ito. Ipinapangako ko na matatamo mo ang Kanyang tulong sa pagharap mo sa hamong ito.'"

Isusugo ba ng Panginoon ang isa sa Labindalawang Apostol sa kabilang panig ng mundo para tulungan lang ang isang tao? Ang sagot ay *oo.* Lagi Niyang ginagawa iyan. ■

*Mula sa Face to Face worldwide broadcast nina Elder at Sister Bednar.*

PAGLALARAWAN NI SCOTT GREER



# Kapayapaan sa Puso Ko

**Ni Carol F. McConkie**
Unang Tagapayo sa Young Women General Presidency

Noong otso anyos ako, nakita ko ang propetang si Pangulong David O. McKay (1873–1970). Nagpunta siya para ilaan ang isang bagong gusali ng Simbahan sa Palmyra, New York, USA. Dumalo sa paglalaan ang pamilya ko. Nagdatingan din ang marami pang ibang tao. Sabik kaming lahat na makita ang propeta!

Medyo maliit pa ako, kaya halos wala akong nakita sa kapal ng tao. Ngunit nadama ko pa rin ang pagmamahal ni Pangulong McKay. Sandali ko lang nakita ang puti niyang buhok at maamong mukha. Naisip ko, "Ganito pala ang hitsura ng isang propeta ng Diyos." Nakabasa na ako tungkol sa mga propeta sa mga banal na kasulatan, pero ito ang unang pagkakataon kong makita nang personal ang isang propeta o sinumang General Authority. Natanto ko na ang mga propeta ay totoong mga tao. At mahal nila tayo! Hindi ko malilimutan ang pagmamahal at kapayapaang nadama ko sa araw na iyon.

Noong 11 taong gulang ako, nagkaroon ako ng isa pang karanasan na nakatulong sa akin na makadama ng kapayapaan sa puso ko. Parating na noon ang stake conference, at kakanta ako sa stake choir. Tuwang-tuwa ako! Nagsuot ako ng magandang puting polo, at pakiramdam ko ay napakaespesyal ko. Ang kinanta namin ay may mga salitang nagmula sa Juan 14:27, "Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man."

Talagang naantig ang puso ko sa mga salitang iyon, at hindi ko na iyon nalimutan simula noon. Nang kantahin ko ang mga salitang iyon, alam kong totoo iyon. Nadama kong sinabi sa akin ng Espiritu Santo na ang pagsunod kay Jesucristo ay nagpapadama sa atin ng kapayapaan. Simula noon, tuwing may mga hamon ako, pumapasok sa isipan ko ang talatang ito at nagbibigay ito sa akin ng kapayapaan. Ang katotohanang natutuhan ko noong bata pa ako ay nagpala sa buong buhay ko. ■

PAGLALARAWAN NI AMY BATES

# PATOTOO ni Ethan

**Ni Larry Hiller**

Batay sa tunay na buhay

*"Dinggin, dinggin. Bubulong ang Espiritu. Dinggin, dinggin ang Kanyang tinig" (*Children's Songbook*, 106).*

Umupo si Ethan sa sharing time at minasdan ang pagpapatotoo ng matalik niyang kaibigang si Sam. Naghihintay naman si Sarah sa turno niyang magsalita. Ikinuwento ni Sam ang isang proyekto sa paglilingkod na ginawa niya. May patotoo raw siya tungkol sa paglilingkod. Nagpatotoo si Sarah tungkol sa mga pamilya. Nagpatotoo rin ang guro ni Ethan. Nagsalita siya tungkol sa gawain sa templo. Lahat sila ay nagpatotoo na ang Simbahan ay totoo. Tila lahat ay may patotoo maliban kay Ethan.

"Saan kaya ako may patotoo?" pag-iisip ni Ethan.

Ginunita niya na ilang taon na ang nakalilipas nang mabinyagan sila ng kanyang mga kaibigan. Nagbigay ng mensahe ang guro niya sa Primary na si Sister Calder tungkol sa Espiritu Santo.

"Ang Espiritu Santo ay pag-aalabin ang puso ninyo. Ipapaalam Niya sa inyo kung ano ang totoo," sabi niya. "At ganyan ka nagtatamo ng patotoo tungkol sa pinaniniwalaan mo."

Sinikap ni Ethan na gawin ang tama para madama niya ang Espiritu Santo. Nagbasa siya ng mga banal na kasulatan at nanalangin. Ngunit hindi pa nag-alab ang kanyang



*Tila lahat ay may patotoo maliban kay Ethan.*



damdamin na tulad ng sinasabi ng mga tao. Ibig bang sabihin ay wala siyang patotoo?

Nakintal ang tanong na ito sa isipan ni Ethan buong maghapon kinabukasan. Iniisip pa rin niya ito nang mag-skateboarding sila ni Sam paglabas ng eskuwela. Inisip niya kung paano niya matatanong si Sam tungkol dito.

"Uy, Sam," tanong ni Ethan sa wakas, "natakot ka ba nang magpatotoo ka kahapon?"

Umibis ng skateboard niya si Sam at naglakad papunta sa damo. "Hindi naman," sabi nito, habang nakaupo. "Nakapagpatotoo na ako sa family night namin noong gabi bago iyon."

Tinabihan siya ni Ethan at kinandong ang kanyang skateboard. "Pero paano mo nalaman na may patotoo ka?"

"Nagdasal ako at gumanda ang pakiramdam ko tungkol dito."

Dahan-dahang tumango si Ethan at pinaikot ng kamay ang isang gulong. Kahit paano ay gusto rin niyang madama iyon.

Nang gabing iyon, nang madilim at tahimik na ang bahay, lumuhod si Ethan sa tabi ng kanyang kama para manalangin.

"Ama sa langit," sabi niya, "tulungan po ninyo akong magkaroon ng patotoo. Tulungan po Ninyo akong malaman na ang Simbahan ay totoo. Alam ko po na si Joseph Smith ay isang propeta. At na ang Aklat ni Mormon ay totoo."

Sa kalagitnaan ng kanyang panalangin, tumigil si Ethan. Nag-isip siya sandali. Pagkatapos ay tinanong niya ang sarili, "Teka, may alam na ba ako?"

At pagkatapos ay nilukob siya ng tahimik at payapang damdamin. Hindi iyon isang makapangyarihan at maalab na pakiramdam. Ngunit alam na ni Ethan, *iyon* ang Espiritu Santo.

May pumasok sa isipan ni Ethan: "Alam kong alam ko." At habang iniisip niya ito, natanto niya na nadama na niya ang payapang damdaming ito noon.

Tuwing magbabasa siya ng Aklat ni Mormon, maganda at tama ang pakiramdam niya. Ngayo'y alam na niya na ang damdaming iyon ay ang Espiritu Santo na nagpapatotoo sa kanya. Nang magsimba siya at maganda at tama ang pakiramdam niya roon, ang Espiritu Santo rin iyon. Nagkakaroon na siya ng patotoo!

Hindi na niya kailangang malaman ang lahat ngayon. Pero alam na niya na ang Espiritu Santo ay totoo at makakatulong sa kanya na patatagin ang kanyang patotoo.

Muling nanalangin si Ethan. Ngunit sa pagkakataong ito ay para magpasalamat. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

PAGLALARAWAN NI MELISSA MANWILL

# Piso para Ama sa Langit



Ni Angela Peña Dahle

*"Ang mga utos sa t'wina'y sundin! Dito ay ligtas tayo at payapa"* (Aklat ng mga Awit Pambata, *68*).

Nginuya ni Ana ang huling kagat niya ng tortilla. Malambot iyon at masarap. Gustung-gusto ni Ana ang mga tortilla ng lola niya. Iyon ang pinakamasarap na parte ng almusal.

Pinanood ni Ana ang lola niyang si Abuela sa paghuhugas ng mga pinggan.

Parang pangkaraniwan lang ang umagang iyon. Ngunit may isang bagay na kakaiba.

Kadalasan ay namamalengke si Abuela para bumili ng pagkain. Pero hindi ngayon. Ngayon ay walang perang pambili ng pagkain.

"Ano ang kakainin namin bukas?" naisip ni Ana.

Pagkatapos ay naalala ni Ana. Alam niya kung saan mayroong kaunting pera! Kagabi nakita niyang naglagay si Abuela ng kaunting pera sa maliit na puting tela.

"Abuela, nalimutan na po ba ninyo? May pera tayong pambili ng pagkain."

"Anong pera?" tanong ni Abuela.

Tumakbo si Ana para kunin ang pera. Inalog niya ang maliliit na supot ng mga barya. *Kling! Kling!*

Ngumiti si Abuela. "Iyan ang ikapu natin, Ana. Sa *Kanya* ang perang iyan. "

"Pero ano po ang kakainin natin bukas?" tanong ni Ana.

"Huwag kang mag-alala," sabi ni Abuela. "Nananalig ako na tutulungan tayo ng Ama sa Langit."

Kinaumagahan ibinigay ni Abuela kay Ana ang huling tortillang mais. Pagkatapos ay naupo

MGA PAGLALARAWAN NI ANDREW BOSLEY

siya sa kanyang upuan. Nagtahi siya ng mga pulang bulaklak sa isang damit at nagkuwento tungkol sa kabataan niya. Mukhang hindi siya nag-aalala.

Pagkatapos ay narinig ni Ana ang isang katok. Nagmamadaling binuksan niya ang pinto.

“Tiyong Pedro!”

“Naramdaman ko na dapat ko kayong bisitahing dalawa,” sabi ni Tiyong Pedro. Naglagay siya ng tatlong supot sa ibabaw ng mesa. Ang isa ay may harinang mais para sa mga tortilla. Ang isa naman ay may karne. Ang isa pa ay may mga sariwang gulay mula sa palengke.

“Ah, ang bait ng anak ko,” sabi ni Abuela. “Igagawa ko kayo ng pinakamasarap kong meatball soup!”

“Ang sopas po ninyo ang pinakamasarap sa buong mundo,” sabi ni Tiyong Pedro.


Tumawa si Ana at pumalakpak.

Pagkatapos ay huminto siya. May gusto siyang malaman. “Abuela, alam ba ninyong darating ngayon si Tiyong Pedro? Kaya ba hindi kayo nag-aalala?”

“Hindi,” sabi ni Abuela. “Kapag nagbabayad ako ng ikapu, nananalig ako na bibiyayaan ako ng Ama sa Langit. At biniyayaan nga Niya ako!”

Niyakap ni Ana si Abuela. Pakiramdam niya ay siya ang pinakamasayang babae sa buong Mexico. Nanalig sila ni Abuela sa Ama sa Langit. Ngayo’y hindi siya makapaghintay na kainin ang masarap na sopas ni Abuela! ■

*Ang awtor ay naninirahan sa North Carolina, USA.*




# Pagsunod sa mga Propeta at Apostol

Ni Jenna Koford







Ang Diyos ay tumatawag ng mga propeta at apostol upang ituro sa atin ang nais ipaalam sa atin ng Diyos. Sa mga banal na kasulatan mababasa natin ang tungkol sa mga propetang katulad nina Noe, Nephi, at Joseph Smith, at mga apostol na katulad nina Pedro at Pablo. Mayroon tayong mga propeta at apostol ngayon!









DETALYE MULA SA *TINUTUPAD NG PANGINOON ANG LAHAT NG KANYANG SINABI*, NI CLARK K. PRICE; DETALYE MULA SA *JOSEPH SMITH, JR.*, NI DANQUART A. WEGGELAND; DETALYE MULA SA *MGA KUWENTO SA BAGONG TIPAN*, NI PAUL MANN; DETALYE MULA SA *PINANGANGASIWAAN NINA NEPHI AT LEHI ANG PAGGAWA NG SASAKYANG-DAGAT*, NI JERRY THOMPSON; MGA PAGLALARAWAN NI GARTH BRUNER



## Ano ang isang “propeta, tagakita, at tagapaghayag”?

Ang isang **propeta** ay nagsasalita para sa Diyos.

Ang isang **tagakita** ay nakikita ang nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap.


Ang isang **tagapaghayag** ay inihahayag (o ipinapakita) sa atin ang kalooban ng Diyos.

- Lahat ng miyembro ng Unang Panguluhan ay mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. Gayundin ang lahat ng Apostol.
- Tanging ang Pangulo ng Simbahan ang may awtoridad mula sa Diyos na mamuno sa buong Simbahan.
- Ilan lahat ang ating mga buhay na propeta, tagakita at tagapaghayag?

**12 15 3 1**

*Sagot: 15*

## Bakit mahalagang sundin ang propeta?



Ang propeta ay katulad ng isang taong nakamasid mula sa tore (tingnan din sa pahina 38). Nakikita niya ang parating na panganib at sinasabi sa atin kung paano manatiling ligtas. Tinutulungan niya tayong sundin si Jesucristo.

## Ano ang ipinagagawa sa atin ng ating propeta?



Ang propeta natin ngayon ay si Pangulong Thomas S. Monson. Narito ang ilang bagay na ipinagagawa niya sa atin.

- Tularan ang halimbawa ni Jesus at mahalin ang lahat.
- Magbayad ng ikapu at mag-ambag sa missionary fund.
- Umiwas sa masasamang pelikula, palabas sa TV, at iba pang media.
- Maglagay ng larawan ng templo sa bawat silid-tulugan.
- Pag-aralan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya.
- Bisitahin ang matatanda at maging mabuting kapitbahay.

Pumili ng isang bagay mula sa listahan na maaari ninyong gawin sa buwang ito. Ano ang gagawin ninyo? ■

# Nagsisi si Alma

Si Alma ay isang saserdote ng masamang si Haring Noe. Nakinig siya sa pagtuturo ng propetang si Abinadi tungkol sa mga kautusan. Alam ni Alma na kailangan niyang magbagong-buhay at sundin ang Diyos sa halip na gawin ang masasamang bagay. Isinulat niya ang itinuro ni Abinadi. Sinimulan niyang ituro sa iba ang ebanghelyo. Nagkaroon siya ng pamilya kalaunan at pinangalanang Alma ang isa sa kanyang mga anak na lalaki.



Ako ang nagbabantay sa goal at mahusay ko itong ginampanan. Pagkatapos ay bigla kong naalala na kailangan kong pagsisihan ang nasabi kong masama kahapon. Kailangan kong gawin ito, pero nasa kalagitnaan ako ng paglalaro ng football. Pagkatapos ay may naalala ako. Puwede kang magdasal kahit saan kung kailangan! Pagkatapos kong magdasal, masaya ako dahil nakapagsisi ako.


**Peter G., edad 8, Utah, USA**



***Damon B., edad 8, Utah, USA***

MGA PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

Gupitin, itupi, at itago ang challenge card na ito!




## Kaya Kong Magsisi!


- ☐ Kabisaduhin ang Mosias 18:9.
- ☐ Isulat o idrowing ang isang bagay na sinabi ng propeta sa pangkalahatang kumperensya.
- ☐ Pumili ng isang paraan na maaari kang magpakabuti. Sikaping gawin ito sa buwang ito.
- ☐ Hinahamon ko ang sarili ko na . . .

______________________________

## Mga Talata sa Buwang Ito

Matapos mong basahin ang isang talata sa banal na kasulatan, kulayan ang katugmang lugar na may numero sa Mga Tubig ng Mormon!

**1** Mosias 21:14–16, 32–35
**2** Mosias 22:2, 10–16
**3** Mosias 24:8, 10–14
**4** Mosias 27:8, 11, 18–24
**5** Mosias 27:30–37
**6** Mosias 28:3, 5–15, 20
**7** Alma 8:11–16, 18–27
**8** Alma 11:38–46







## Ang mga Tubig ng Mormon

Nagtago si Alma mula sa masamang si Haring Noe malapit sa isang payapang lugar na tinatawag na Mga Tubig ng Mormon. Maraming taong dumating para makinig sa pagtuturo ni Alma ng ebanghelyo. Gusto nilang mabinyagan. Nang binyagan sila ni Alma, ginawa ng mga tao ang mga pangako, o mga tipan, na ipinapangako natin kapag binibinyagan tayo. Marami ka pang mababasa tungkol sa mga pangakong ito sa kasunod na pahina. ■

PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND; *ANG PAGBABALIK-LOOB NI ALMA*, NI ARNOLD FRIBERG

Maaari kang mag-print ng mas marami pang kopya sa liahona.lds.org.

# Bininyagan ni Alma ang Maraming Tao




Si Abinadi ay isang propeta. Tinuruan niya ang mga tao na maniwala kay Jesus at huwag nang gumawa ng masama. Isang masamang hari na nagngangalang Noe ang nagalit kay Abinadi. Ayaw magsisi ni Noe.




Isang lalaking nagngangalang Alma ang naniwala kay Abinadi. Tumakas siya at nagtago sa galit na hari. Nalungkot siya sa paggawa ng mga maling bagay, at nagsisi, tulad ng itinuro ni Abinadi.

MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT



Maraming taong nakinig sa pagtuturo ni Alma tungkol kay Jesucristo. Itinuro ni Alma na kung magsisisi sila at susunod kay Jesus, maaari silang mabinyagan.



Pumalakpak sa tuwa ang mga tao. Nangako sila na aaluin ang iba. Nangako sila na mamahalin ang Diyos at sasabihin sa ibang tao ang tungkol sa Kanya. Handa na silang mabinyagan.



Isa-isang bininyagan ni Alma ang mga tao. Masayang-masaya silang maging bahagi ng Simbahan ni Jesus.

Kapag bininyagan tayo, ipinapangako rin natin ang mga ipinangako ng mga tao ni Alma. At nagiging bahagi rin tayo ng Simbahan ni Jesus! ■

*Mula sa Mosias 16–18.*

# Ang Sabbath ay Isang Espesyal na Araw



PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT



**Ni Pangulong George Q. Cannon (1827–1901)**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# PAGHAHANGAD NG MGA ESPIRITUWAL NA KALOOB

*Ilan sa inyo ang naghahangad ng mga kaloob na ito na ipinangako ng Diyos na ipagkaloob?*

Bawat lalaki at babae sa Simbahan ni Cristo ay maaaring magkaroon ng mga kaloob ng Espiritu ng Diyos na ipagkakaloob sa kanila ayon sa kanilang pananampalataya at ayon sa kalooban ng Diyos. . . .

Ilan sa inyo . . . ang naghahangad ng mga kaloob na ito na ipinangako ng Diyos na ipagkaloob? Kapag nanalangin kayo sa Ama sa Langit na kasama ang inyong pamilya o nag-iisa, ilan sa inyo ang humihiling na mapagkalooban ng mga kaloob na ito? Ilan sa inyo ang humihiling sa Ama, sa pangalan ni Jesus, na magpakita Siya sa inyo sa pamamagitan ng mga kapangyarihan at kaloob na ito? O lumilipas kaya ang bawat araw ninyo, tulad ng pintong pumipihit sa mga bisagra nito, na wala kayong pakialam sa bagay na ito, na walang pananampalataya, na matapos mabinyagan at maging miyembro ng Simbahan ay kuntento na roon, na iniisip na sigurado namang ligtas na kayo dahil nabinyagan na kayo? . . .



. . . Alam ko na handa ang Diyos na pagalingin ang maysakit, na handa Siyang magkaloob ng kaloob na makahiwatig ng mga espiritu, ng kaloob na karunungan, ng kaalaman at ng propesiya, at iba pang mga kaloob na maaaring kailangan. Kung hindi perpekto ang sinuman sa atin, tungkulin nating ipagdasal na mapasaatin ang kaloob na gagawin tayong perpekto. May mga kakulangan at kahinaan ba ako? Marami ako nito. Ano ang tungkulin ko? Ang ipagdasal sa Diyos na pagkalooban ako ng mga kaloob na magtatama sa mga kakulangan at kahinaang ito. Kung madali akong magalit, tungkulin kong ipagdasal na magkaroon ako ng pag-ibig sa kapwa, na nagtitiis nang matagal at mabait. Ako ba ay maiinggitin? Tungkulin kong maghangad ng pag-ibig sa kapwa, na hindi naiinggit. Gayundin ang lahat ng kaloob ng ebanghelyo. Ito ang layunin ng lahat ng ito. Hindi dapat sabihin ng sinuman na, "Ah, hindi ko kontrolado ito; likas na sa akin ito." Hindi siya mabibigyang-katwiran dito, sapagka't nangako ang Diyos na magbigay ng lakas upang maitama ang mga bagay na ito, at magbigay ng mga kaloob na pupuksa sa lahat ng ito. Kung ang isang tao ay kulang sa karunungan, tungkulin niyang humingi ng karunungan sa Diyos. Ganyan din sa lahat ng iba pa. Iyan ang plano ng Diyos sa Kanyang Simbahan. Nais Niyang maging perpekto sa katotohanan ang Kanyang mga Banal. Dahil dito ibinibigay Niya ang mga kaloob na ito at ipinagkakaloob ito sa mga naghahangad nito, upang sila ay maging perpekto sa ibabaw ng lupa, sa kabila ng kanilang maraming kahinaan, dahil nangakong magbigay ang Diyos ng mga kaloob na kailangan nila upang maging perpekto. ■

*Mula sa* The Latter-day Saints Millennial Star, *Abr. 23, 1894, 258–61; pinagpare-pareho ang pagbabantas at pagpapalaki ng mga titik.*

LARAWANG KUHA © ISTOCK/THINKSTOCK

# MGA KABATIRAN



**Paano nagiging kaalaman at patotoo ang isang paniniwala habang bata pa?**

"Hindi ko maalala na hindi ako naniwala sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Minahal ko na Sila simula nang malaman ko ang tungkol sa Kanila sa kandungan ng aking ina na itinuturing kong anghel, sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan at sa mga kuwento ng ebanghelyo. Ang paniniwala kong iyon noon ay naging kaalaman at patotoo na ngayon tungkol sa mapagmahal na Ama sa Langit, na nakikinig at sumasagot sa ating mga dalangin."

**Elder Ronald A. Rasband** ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ako ay Namangha," *Liahona,* Nob. 2015, 90.

# Kabilang Din sa Isyung Ito

## PARA SA MGA YOUNG ADULT



### Pagkilala sa mga Panghuhuwad ni Satanas

p. 44

Narito ang isang magandang paraan para malaman ang pagkakaiba ng mga kasinungalingan ni Satanas sa mga katotohanan ng Panginoon.

## PARA SA MGA KABATAAN

p. 60

### KAHIT MAHIYAIN KA

Nadama mo na ba na hiyang-hiya o takot na takot kang ibahagi ang ebanghelyo? Narito ang tatlong mungkahi.



## PARA SA MGA BATA



### Pagsunod sa mga Propeta at Apostol

p. 72

Ano ang isang bagay na magagawa mo sa buwang ito para masunod ang propetang si Pangulong Thomas S. Monson?

TAGALOG
4 02132 84893 0

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW